


# KALIGTASAN:

## MGA TANONG AT MGA SAGOT

(SALVATION Q & A)

# KALIGTASAN:
## MGA TANONG AT MGA SAGOT

(SALVATION Q & A)

## BAKIT KO KAILANGAN NG KALIGTASAN?

Mga Taga-Efeso 2:1
Isaulo ang Mga Taga-Efeso 2:1
*"mga patay sa mga paglabag at mga kasalanan…"*

---

Maraming dahilan kung bakit ang tao ay pumapasok sa simbahan. Maaaring dahil sa imbitasyon ng mga kaibigan o pamilya, mga pagsubok na kinakaharap, o dahil sa natanggap na babasahin. Ngunit ang dapat nilang maunawaan sa lalong madaling panahon, ay ang kanilang pangangailangan ng kaligtasan.

Sinasabi ni Pablo sa kanyang sulat sa Mga Taga-Efeso 2:1-3, na lahat tayo ay patay na sa mga panghihimagsik at mga kasalanan. Ang lahat ng tao ay ipinanganak na likas na makasalanan. Kung paanong ang isang taong patay sa pisikal ay hindi maaaring buhaying muli ang kanyang sarili, gayundin naman ang isang patay sa kasalanan ay hindi maaaring gumawa ng anumang pamamaraan upang mabuhay sa espirituwal. Bilang patay sa espiritual, tayo ay nasa pamahalaan at pamumuno ni Satanas, at naglalakad alinsunod sa masasamang paraan ng mundo. Hindi lamang ito, naglalakad din tayo alinsunod sa mga hangarin ni Satanas mismo, ang prinsipe ng kapangyarihan ng hangin!

Kaibigan, ito pa rin ba ang estado ng buhay na mayroon ka? Ito mismo ang dahilan kung bakit natin kailangan si Kristo. Kailangan nating makahanap ng isang paraan upang mapalaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan, kung saan tayo ay nabubuhay lamang upang matupad ang mga kahila-hilakbot na pagnanasa ng laman at isip. Kailangan natin ng Tagapagligtas na maaaring linisin tayo mula sa lahat ng ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa isang relasyon patungo sa Diyos. Alam mo ba kung sino ang Tagapagligtas na ito? Talaga bang inilagay mo na ang iyong pananampalataya sa Kanya, at nagsisi sa mga masasamang bagay na iyong nagawa? O ikaw pa ba ang taong inilalarawan sa Mga Taga-Efeso 2:1-3, isang taong patungo sa pagkawasak at paghatol?

Para sa iyo na nagtitiwala na sa Panginoong Hesu-Kristo, hindi ka na patay sa iyong mga kasalanan kundi may bagong buhay na kay Kristo. Dapat mong hanapin ngayon ang dakilang Tagapagligtas at ipamuhay ang iyong buhay sa paglilingkod sa Kanya!

**Pag-iisip:** Naglalakad ba tayo ayon sa mundo ni Satanas, o naglalakad tayo kasama si Kristo? Walang gitnang desisyon.
**Panalangin:** Panginoon, napagtanto ko ang aking pangangailangan ng kaligtasan. Bigyan niyo sana ako ng biyaya upang magkakaroon ako ng pananampalataya sa Iyo!

## ANG KALIGTASAN BA AY PARA SA LAHAT?

2 Pedro 3:9
Isaulo ang 1 Kay Timoteo 2:3-4
*"Diyos na ating Tagapagligtas;na nagnanais na ang lahat ng mga tao ay maligtas..."*

---

Kadalasan, kapag ang ebanghelyo ay ibinabahagi sa isang tao, maaaring mukhang kumbinsido siya at hindi nakikipagtalo sa katotohanang sinasabi sa kanya. Subalit pagkatapos ay magkikibit-balikat lamang at magsasabing "Sa palagay ko ang tungkol kay Hesus at ang bagay ng kaligtasan ay hindi para sa akin." O marahil ay pupurihin ka niya, ngunit ikinalulungkot niya na siya ay lubhang nalulong na sa mundo at hindi niya makita ang sarili sa labas nito. Ganiyan din ba ang pakikiramdam mo?

Aking mahal na kaibigan, ang Diyos ng Biblia ay ang lumikha sa buong mundo. Nilikha Niya ikaw at ako, at lahat tayo ay ginawa sa imahe ng Diyos. Nang pinadala Niya si Hesus upang mamatay sa krus, ito ay dahil iniibig Niya ang buong mundo.

Sa katunayan, ang mismong dahilan kung bakit ang Panginoon ay hindi pa bumabalik sa mundong ito ay dahil Siya ay mapagtiis, at naghihintay sa higit pang mga tao na lalapit sa Kanya na may pagsisisi. Ang Kanyang pangako ay babalik Siya isang araw. Ngunit sa ikalawang pagbabalik ni Hesus hindi Siya darating bilang isang naghihirap na lingkod, kundi darating Siya bilang isang matagumpay na Hari, na maghahatol sa lahat ng mga makasalanan na hindi nagsisi.

Ang pagnanais ng Diyos na malinaw na nakasaad sa kanyang salita ay nagpapatunay na ayaw Niya na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsisisi at maligtas. Sa katunayan, Siya ay "walang kasiyahan sa kamatayan ng masama, ngunit ang masama ay humiwalay sa kanyang daan at mabuhay" (Ezekiel 33:11). Ang ebanghelyo ay malayang ibinibigay sa lahat na makikinig. Sinuman na simpleng tatanggap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pananampalataya, at nakikita ang kanyang sarili na isang makasalanan at magsisisi, ay tiyak na maliligtas! Ito ang pangako ng salita ng Diyos. Gayunpaman, tandaan na kahit na ito ang nais ng Diyos, Siya ay isang perpektong tagapagpasiya na hahatulan ang lahat ng hindi magsisisi sa Araw ng Paghuhukom. Nais ng Diyos na magsisisi ka, at bumaling kay Hesu-Kristo na may pananampalataya, at kilalanin na Siya lamang ang makapagliligtas sa iyo mula sa iyong mga kasalanan.

**Pag-iisip:** Kung ang kaligtasan ay para sa lahat ito ay nangangahulugan na ang kaligtasan ay para rin sa akin!
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa Iyong kaligtasan na puno ng yaman, libre at ibinibigay sa lahat.

## ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

1 Mga Taga-Corinto 6:19-20
Isaulo ang 1 Mga Taga-Corinto 6:20
*"Samakatuwid ay luwalhatiin ang Diyos sa inyong katawan, at sa inyong espiritu..."*

---

Kung bibigyan ka ng isang milyon at pagkakalooban ng libreng lisensya na gagawin ang anumang nais mo, ano sa palagay mo ang gagawin mo? Lumabas kasama ang mga kaibigan, o mamimili ng kung ano ang ninanais ng iyong puso? Ang iyong sagot ang makapagsasabi at magpapakita kung ano ang napagtanto mong layunin ng iyong buhay.

Kadalasan, sa materyalistik at puro kasiyahang kultura sa ngayon, bihira nating makita ang ang mga ispiritwal na bagay. Sinasabihan tayo ng mundo na magpakasaya lamang sa buhay na ito at gawin kung ano ang gusto mo, dahil maikli lang ang buhay. Gayunpaman, bilang mga Kristiyano, dapat ay mayroon tayong mga kakaibang pananaw sa buhay. Malinaw na sinasabi sa 1 Taga-Corinto 6:20 na bilang mga Kristiyano, tayo ay binili sa isang halaga. Ang mataas na halagang ito ay ang dugo ni Hesu-Kristo – isang halaga na hindi maaaring pantayan ng dolyar at sentimo. Ito ay isang halaga na maaaring makamit lamang sa pamamagitan ng pagkamatay ni Hesus sa krus. Iyon ay talagang isang napakataas na halaga na binayaran para sa iyong buhay. Samakatuwid, dapat nating maunawaan na ang buhay na mayroon ako ngayon, ay hindi akin. Hindi para sa akin na gagawin ko ang gusto ko, maghahanap ng masaya at maginhawang buhay, at mag-aksaya ng oras sa mga makasalanang aliw sa mundong ito.

Maging sa lahat ng mayroon tayo, sa lahat ng ginagawa natin, sa lahat ng ating sinasabi, at maging sa lahat ng iniisip natin, dapat nating luwalhatiin ang Diyos! Ganito din ba ang iyong layunin sa buhay? Sinisikap mo bang mamuhay ng isang buhay na kasiya-siya sa Diyos, na kapag tiningnan ito ng mga tao ay maluluwalhati rin nila ang Diyos? O ang iyong buhay ba ay hindi naiiba sa mga taong walang layon at hindi mananampalataya, na nag-aaksaya ng iyong oras sa paghahabol ng mga bagay sa mundong ito?

**Pag-iisip:** Binili ako sa isang halaga, kung gayon ang aking buhay ay hindi ko dapat ipamuhay para sa sarili, kundi dapat na ito ay ihahandog sa Diyos.

**Panalangin:** O Panginoon, tulungan Niyo po akong iwanan ang mga makamundong bagay, at ang aking mga pananabik na ayon sa laman. Sana ay luwalhatiin ko Kayo sa lahat na ginagawa ko. Amen.

## TOTOO BA ANG DIYOS?

Awit 19:1-6
Isaulo ang Awit 14:1
*"Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, walang Diyos…"*

---

Noong 2008, isang grupo ng mga ateista sa London ang naglikom ng pera upang pondohan ang paglagay ng karatula sa mga bus sa buong lungsod. Ang sawikain na inilagay sa karatula ay: "Marahil ay walang Diyos, kaya tumigil na sa pag-aalala at magsaya sa iyong buhay." Ito ang pilosopiya ng maraming tao sa mundo ngayon. Kinikilala mo ba na ang Diyos ay totoo? Siya ba ay totoo sa iyong buhay?

Ang mga taong itinatanggi ang Diyos ay tumatanggi sa malinaw na mga tanda na ibinibigay Niya upang maunawaan natin ang Kanyang eksistensiya sa mundong ito. Ipinahayag ng salmista na sa pamamagitan lamang ng pagtanaw sa karingalan ng langit at pagtingin sa kagandahan ng kalangitan na nakalatag sa atin, ay maaari nating malaman ang tungkol sa Diyos. Ang simple ngunit dakilang kagandahan ng langit ay nagpapahayag sa atin ng kaluwalhatian ng Diyos. Sa katotohanan, tanging ang mga hangal lamang ang nagsasabi sa kanilang puso, walang Diyos (Awit 14: 1). Sa buong kasaysayan, ang tao ay may likas na kaalaman na may isang mas mataas kaysa sa kanila, na lumikha sa kanila at kinokontrol ang kanilang tadhana. Maaaring hindi nila kilala ang totoong Diyos, ngunit sa simpleng pagmasid sa kamangha-manghang paglikha sa kanilang paligid, napagpasyahan nila na ang Diyos ay totoo.

Para sa atin, may pribilehiyo tayo na makilala ang buhay at totoong Diyos. Ibinigay Niya sa atin ang isang buong aklat (Bibliya) upang turuan tayo kung sino Siya, kung paano natin Siya makikilala at mamuhay ng isang buhay na kalugud-lugod sa Kanya. Nakalulungkot, maraming mga tinatawag na Kristiyano ngayon ang nagsasabing naniniwala sila sa Diyos, ngunit wala silang pakialam sa Kanyang salita at sa Kanyang mga utos. Sa halip, tulad ng mga ateista, hinahangad nilang tamasahin ang buhay sa paraang gusto nila. Isa ka ba sa mga ito?

Kaibigan, kung ang Diyos ay totoo sa iyo, ipakita mo ito sa iyong buhay. Ipakita mong pinag-aaralan mo ang iyong Bibliya. Ipakita mo kung papaano ka magmahal sa iyong pamilya. Oo, may mga hindi mabilang na pamamaraan upang maipakita mo ang iyong pagsunod sa mga utos ng Diyos at luwalhatiin Siya.

**Pag-iisip:** Nakikita ba sa buhay ko na ako'y naniniwala na may Diyos?
**Panalangin:** Tulungan mo ako O Panginoon na pahalagahan ang Iyong katotohanan saan man ako magpunta maging sa lahat ng aking gagawin.

## BAKIT AKO MAGTITIWALA SA BIBLIYA?

A1 Mga Taga-Tesalonica 2:13
Isaulo ang 2 Kay Timoteo 3:16
*"Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso, walang Diyos…"*

---

Ang lahat ng mga relihiyon sa mundo ay nagsasabing mayroon silang nakatakdang mga katotohanan o mga relihiyosong kasulatan na kanilang sinusunod. Ano ang nagtakda sa ating pagkahiwalay sa ibang mga tao sa mundo? Bakit natin napaninindigan ang Bibliya at iproklama na ito lamang ang perpekto at lubos na katotohanan, at ibinubukod ang ibang mga relihiyosong teksto?

Ito ay pangunahing posisyon ng pananampalataya. Maituturo dito ang mga propesiya at maipapakita kung paanong natupad ang bawat isa hanggang sa huling detalye. Maaaring tingnan sa mga sekular na makasaysayang talaan ng Israel at ni Hesu-Kristo upang makita na ang mga kaganapang ito ay tunay na umiral. Ang lahat ng ito ay makapagkumbinsi sa isip ng isang tao sa katotohanan nito. Gayunpaman, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya na maaaring maantig ang ating mga puso upang tanggapin ang mensahe ng Bibliya, at yakapin ito sa ating buhay. Ang pananampalatayang ito ang magtuturo sa atin na maniwala sa Bibliya na siya mismong nagpapahayag na ito ang Salita ng Diyos! Ganito nakilala ng mga taga-Tesalonica ang mga sinulat at mga turo ni Apostol Pablo, sapagkat hindi nila ito tinanggap bilang salita ng tao, kundi, nakita nila itong tunay na salita ng Diyos.

Lahat ng ibang relihiyon, ay naniniwala sa mga isinulat ng mga taong nagsasabi na sila ay mga orakulo o mga propeta ng isang diyos-diyosan. Ngunit ang mga kasulatan na ito ay nagtataglay ng mga pagkakamali! Sa kabilang banda ang Bibliya ay nagtataglay ng mga inspiradong salita ng Diyos, na isinulat ng mga banal na tao na nangaudyukan ng Espiritu Santo. Ang Biblia ay ganap na mapagkakatiwalaan, hindi maaaring magkamali, walang kamalian, at naaangkop sa lahat ng bahagi ng ating buhay.

Mahal na kaibigan, gayong may kamangha-manghang aklat na nasa ating mga kamay, hindi ba tayo maglalaan ng oras upang mabasa, pag-aralan, at mahalin ito? Gawin mong pangunahing prayoridad na magkaroon ng "Quiet Time" araw-araw. Magsikap na kabisaduhin ang mga talatang ibinibigay sa iyo. Gayundin, magnilay-nilay sa mga natutuhan mo. Maraming benepisyo ang makukuha sa pagbabasa.

**Pag-iisip:** Ang Bibliya ay walang iba kundi ang salita ng Diyos, kataas-taasan at walang bahid ng kamalian.
**Panalangin:** O Diyos, tulungan mo akong mahalin ang Iyong salita, basahin ito, pag-aralan ito, at pagkatapos ay ipamuhay ito.

## AKO BA AY MABUTING TAO?

AMga Taga-Roma 3:10-20
Isaulo ang Mga Taga-Roma 3:10
*"at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi..."*

---

Ano sa palagay mo? Ikaw ba ay isang mabuting tao? Gunitain mo ang lahat ng mga nagawa mo sa iyong buhay. At pagkatapos ay subukan mong balansehin ang mga ito sa mga antas ng kung ano sa tingin mo ang mabuti at masama. Sa palagay mo, saang antas ka kaya? Maging matapat sa inyong sarili. Hatulan mo nang tama ang iyong mga aksyon. Ano kaya ang resulta?

Ngayon idagdag ang Diyos sa ekwasyon. Nang hinusgahan mo ang iyong sariling kabutihan, ano ang batayan ng iyong paghatol? Intindihin na mayroon lamang isang ganap na pamantayan sa mundo, at ito ay ang pamantayan ng Diyos. Ang Diyos ay banal, at sa Kanyang pamantayan ng kabanalan tayo dapat na mamuhay. Kung ibabatay natin ito sa sarili nating mga ideya ng moralidad at kabutihan, madali itong mapagtalunan, at pansarili lamang. Gayunpaman, ang mga pamantayan ng Diyos na ibinigay sa Kanyang salita ay hindi kailanman nagbabago, at sa pamantayang ito dapat nating ihambing ang ating sarili. Kaya ang salita ng Diyos ay tulad ng isang searchlight, na nagbibigay liwanag sa bawat madilim na sulok ng iyong buhay, na nagbubunyag ng bawat pag-iisip, salita at aksyon na mayroon ka, at tumutukoy kung ito ay mabuti o masama.

Ang Mga Taga-Roma 3:12 ay malinaw na nagsasaad na "walang sinumang matuwid, wala, wala ni isa." Tayong lahat ay makasalanan. Walang sinuman ang nagturo sa atin kung papaano magsinungaling o manloko. Tayo mismo ang gumagawa nito. Bakit? Dahil sa orihinal na kasalanan na ating minana mula sa ating ama na si Adan. Nang siya ay nahulog sa kasalanan sa hardin ng Eden, lahat tayo ay naging makasalanan, at walang ibang magawa kundi gumawa ng kasalanan. Mayroon lamang isang tao na maaaring ilarawan na isang mabuting tao - at iyon ay ang Panginoong Hesus. Kaya ang tanging pag-asa natin ay nasa Kanya lamang.

Mahal na kaibigan, ang katotohanan ay lahat tayo ay makasalanan. Kung nagsisisi ka na sa iyong mga kasalanan at naniniwala kay Kristo, ikaw ay anak na ng Diyos. Kung hindi, ikaw ay isang makasalanan pa at patay sa iyong mga kasalanan at paglabag. Lumapit ka sa Tagapagligtas at huwag magpaliban-liban. Siya ay naghihintay sa iyo.

**Pag-iisip:** Maaaring hindi ako mabuting tao, ngunit si Hesus ay mabuti, at samakatuwid ang tanging pag-asa ko ay nasa Kanya.
**Panalangin:** Panginoon, patawarin mo ako sa aking pagiging makasalanan, at salamat sa dugo ni Kristo na naghugas sa akin upang maging malinis.

## ANO ANG KASALANAN?

1 Juan 3:4
Isaulo ang Mga Taga-Roma 3:23
*"at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos…"*

---

Sa ating buhay, napapalibutan tayo ng mga patakaran. Ang ilan ay malinaw na nabaybay sa atin, samantalang ang iba ay mga alituntunin na naiintindihan nating naroroon kahit na hindi sinasabi.

Sa nakalipas na mga araw, ang salitang 'kasalanan' ay nabanggit na ng paulit-ulit. Ngunit tayo ba ay tumigil upang magtanong, kung ano talaga ang kasalanan? Paano ko ipaliliwanag ito? Batay sa teksto natin ngayon, 1 Juan 3:4, ang Westminster Shorter Catechism ay nagpaliwanag na: "Ang kasalanan ay anumang kakulangan ng pagsang-ayon, o pagsuway ng kautusan ng Diyos."

Mayroon tayong dalawang malawak at magkasanib na kahulugan ng kasalanan:

1. Kapag nagkulang tayo sa mga pamantayan na ibinigay sa batas ng Diyos. Kapag hindi natin naabot ang itinakdang mga kinakailangan, kapag nagkulang sa pagkakatulad sa batas ng Diyos. Halimbawa, kapag hindi natin minahal ng nararapat ang ating mga kapitbahay, o hindi sapat ang ating paggalang sa ating mga magulang, ito ang mga bahagi sa ating buhay na kung saan tayo ay tunay na nagkasala. Ito ay tulad ng sinasabi sa Roma 3:23 - lahat tayo ay nagkasala, at hindi umabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

2. Kapag lumabag tayo sa batas ng Diyos, kapag sinira natin ang mga utos na itinakda ng Diyos para sa atin. Ito ay kapag hindi natin ginagawa ang kung anong sinasabi sa atin na dapat gawin. Halimbawa, kapag tayo ay nagsisinungaling, nag-iimbot, sumasamba sa diyus-diyosan, at iba pa. Ito ang mas malinaw at mas madaling matukoy na kasalanan sa ating buhay.

Unawain na sa loob ng dalawang mga kategoryang ito, ang saklaw ng aplikasyon ay napakalawak, kung saan talagang may napakaraming iba't ibang paraan kung saan nagkulang tayo o lumabag sa batas ng Diyos. Kaya't bilang mga Kristiyano, kailangan nating maging maingat sa lahat ng ating ginagawa, guwardiyahan ang ating mga puso, ang ating mga bibig at ang ating mga pagkilos na hindi magkasala laban sa banal at makatarungang Diyos na ating minamahal.

**Pag-iisip:** Upang malaman natin kung ano ang kasalanan, dapat nating malaman ang kautusan ng Diyos.
**Panalangin:** O Panginoon, bigyan mo ako ng lakas at tibay ng loob na iwanan ang maraming kasalanan sa aking buhay.

## ANO ANG ORIHINAL NA KASALANAN?

Mga Taga-Roma 5:12-21
Isaulo ang Mga Taga-Roma 5:12
*"Sapagka't kung paanong sa pamamagitan ng di-pagtalima ng iisang tao ay marami ay naging mga makasalanan..."*

---

Nang nilikha si Adan bilang unang tao, nilikha siya na perpekto, walang kasalanan. Gayunman, mayroon siyang kakayahang magkasala. Sa halamanan ng Eden, sinubukan siya. Si Adan ay binigyan ng isang batas na kailangang sundin niya, na hindi niya dapat kainin ang isang partikular na prutas. Kung siya ay sumunod, nabigyan sana siya ng buhay na walang hanggan at pagsasama sa Diyos.

Gayunpaman, si Eva ay sumuko sa mga tukso ng Diyablo, kinuha ang prutas at pagkatapos ay pinakain kay Adan. Sa paggawa nito, nagrebelde sila laban sa Diyos at nakaranas ng kasalanan sa unang pagkakataon sa kanilang buhay. Nang nagkasala, sila ay nahulog mula sa kanilang orihinal na estado bilang walang kasalanan, at ang lahat ng sangkatauhan ay nahulog kasama nila. Si Adan bilang unang tao, ay kumakatawan sa lahat ng tao, at kaya sa pamamagitan ng pagsuway nitong isang tao, marami ang naging mga makasalanan (Mga Taga-Roma 5:19). Bilang resulta, ang kasalanan ay pumasok sa mundo, at kasama nito, dumating ang hatol ng kamatayan. Simula noon, lahat ng tao ay ipinanganak sa kasalanan, ipinanganak sa kalagayang patay sa espirituwal.

Maaaring sa sandaling ito ay nagpoprotesta ka sa di-makatarungang sitwasyon. Hindi ba dapat bibigyan ng pagkakataon ang lahat? Paanong kakatawanin ng isang tao lamang ang buong sangkatauhan? Iyon ang plano ng Diyos at hindi natin dapat na usisahin ito. Gayuman, kung paanong nagkaroon tayo ng isang representante kung saan lahat tayo ay nahulog sa kasalanan, gayon din ang Diyos na nagbigay sa atin ng ikalawang Adan, isang tao na sa pamamagitan Niya ay marami ang maaaring maging matuwid. Ang taong ito ay walang iba kundi ang Panginoong Hesus. Sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod, ang libreng regalo ng grasya ay maibibigay sa atin. Si Adan ay nagkasala ng orihinal na kasalanan na naging dahilan sa pagbagsak ng tao, ngunit si Hesus ay namuhay ng isang perpektong buhay ng pagsunod, at pagkatapos ay namatay sa krus upang tubusin tayo!

**Pag-iisip:** Maaari akong magalak sa katotohanang ako ay naging matuwid sa pamamagitan ni Hesu-Kristo.
**Panalangin:** O Panginoon, pinasasalamatan ka namin sa pagiging matuwid ni Kristo, at sa walang bayad na regalong grasya kung saan kami ay mapawalang sala!

## AKO BA AY MAKASALANAN?

Mga Taga-Roma 3:20-23
Isaulo ang Mga Taga-Roma 3:23
*"Sapagka't ang lahat ay nangagkasala…"*

---

Ang mga tao ngayon ay talagang ayaw masabihan na sila ay makasalanan. Kung gagawin mo ito, ituturing ka nilang mapanghusga, o isang panatiko sa relihiyon. Gayunpaman, ito ay isang katotohanan na dapat harapin ng lahat. Tayong lahat ay nagkasala at tayong lahat ay dapat tumanggap ng kabayaran dahil sa mga kasalanan na ating nagawa - iyon ay ang kamatayan.

Kahit na hindi kita kilala, may alam akong isang bagay tungkol sa iyo, at iyan ay ang katiyakang ikaw ay isang makasalanan. Hindi natin matatanggihan na araw-araw sa ating buhay ay nagkakasala tayo. Lumalabag tayo sa mga utos ng Diyos, at hindi natin ginagawa ang kinakailangan nating gawin. Tayo ay mga suwail, patuloy na pinipighati ang Banal na Espiritu at nagpapakita ng kawalan ng pasasalamat sa Diyos na lumikha sa atin at nagbigay sa atin ng buhay. Si Pablo sa kanyang mga pahayag sa mga taga-Roma ay hindi pinigilan ang kanyang mga salita, sa pagsasabing ang lahat ay nagkasala, at nagkulang sa kaluwalhatian ng Diyos. Hindi niya pinigilang sabihin na bawat tao ay makasalanan at walang eksepsyon, ikaw man ay isang Hudyo o Hentil.

Ganito rin sa atin, kailangan nating harapin kung ano talaga ang kasalanan. Dapat nating maunawaan ang kabigatan ng kasalanan, at ganap na pagkapoot ng Diyos ukol sa kasalanan. Oo tayo ay mga makasalanan, ngunit tayo ay mga makasalanan na pinangakuan ng pag-asa. Ang Diyos ay nagbigay ng Tagapagligtas na tumubos sa atin mula sa ating pagkamakasalanan, at ginawa tayong matuwid sa harapan Niya. Hindi ibig sabihin na tayo ay hindi na mga makasalanan, sapagkat nagkakasala pa rin tayo. Ngunit binigyan tayo ng kalayaan mula sa kasalanan, at hindi na bihag sa kakila-kilabot na pagkaalipin nito. Mayroon tayong kakayahan na maging buhay sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo (Mga Taga-Roma 6:11).

Kaibigan, kung nagsisisi ka na at sumasampalataya kay Hesus, ikaw ay tunay na pinagpala. Ngunit mayroon tayong pananagutan na patuloy na labanan ang mga kasalanang pumipigil sa atin. Kailangan mong magsikap na pagsabihang huwag ang kasalanan, ang mundo at si Satanas, at humingi ng patnubay ng Banal na Espiritu sa bawat araw ng iyong buhay.

**Pag-iisip:** Maaaring ako ay makasalanan, ngunit maaari kong piliin na huwag magkasala.
**Panalangin:** O Panginoon, bigyan mo ako ng lakas upang madaig ang kasalanan at maging matagumpay kay Kristo.

## SA ANO-ANONG PARAAN TAYO NAGKAKASALA?

Mga Taga-Roma 3:10-20
Isaulo ang Mga Taga-Roma 3:11
*"Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw..."*

---

Kung ilalagay natin ang bawat aspeto ng ating buhay sa ilalim ng masusing pagsisiyasat at suriin ang mga kaisipan at motibo sa bawat kilos na ginagawa natin o salita na binibigkas natin, maaari tayong mapahiya. Binibigyan tayo sa Mga Taga-Roma 3:11 ng 2 paraan kung saan tayo nagkakasala araw-araw sa ating buhay:

1. Ang ating kawalan ng pang-unawa sa Diyos at sa Kanyang salita. Kadalasan, ang dahilan kung bakit tayo nagkakasala ay dahil sa ating kawalan ng pag-unawa sa katangian ng Diyos. Tila naiisip natin na dahil sa hindi ipinagbabawal ng Biblia ang isang bagay, ay hindi mali na gawin ito. Gayunpaman, hindi natin isinasaalang-alang ang kabanalan ng Diyos, at ang Kanyang mga pamantayan na mas mataas kaysa sa atin. Dahil wala tayong sapat na pag-unawa sa salita ng Diyos, hindi tayo nag-iingat sa ating buhay, sa akalang hindi na tayo makagagawa ng mali, kahit na sa katunayan tayo ay nagkakasala na nang labis laban sa Diyos.

2. Hindi natin hinahanap ang Diyos ng sapat. Maraming beses, hindi natin binibigyang pansin ang Diyos. Inaangkin natin na tayo ay Kristiyano, kumakanta ng mga awit tungkol sa kung papaanong si Hesus ay ang ating buong mundo, ngunit sa praktikal na pagsasalita, ang Diyos ay isang napakaliit na aspeto lamang sa ating buhay. Dahil hindi natin Siya hinahangad at hindi natin sinisikap na gawin ang Kanyang kalooban sa anumang ginagawa natin, kadalasa'y nahuhulog tayo sa kasalanan. Nilulutas natin ang ating mga problema sa ating sariling karunungan. Sa lahat ng mga bagay na ginagawa natin, hindi natin hinahanap ang Diyos o ilagay Siya na una sa ating buhay, o mamuhay upang masiyahan at maluwalhati Siya. Sa halip ay inilalagay natin ang ating makasariling mga nais at hangarin sa unang puwesto sa ating buhay, at namumuhay upang pasiyahin at luwalhatiin ang sarili at sarili lamang.

Kaibigan, upang mapagtagumpayan ang kasalanan, kailangan mong pag-aralan ang Salita ng Diyos at hanapin Siya sa lahat ng iyong ginagawa. Siya dapat ang nasa pinakaunang lugar sa iyong puso, at ang Kanyang Salita ang gumagabay sa atin sa bawat hakbang ng paglalakbay sa buhay.

**Pag-iisip:** Kailangang mas maliit ang ating kaalaman tungkol sa mundo at mas higit ang kaalaman tungkol kay Kristo; huwag bigyan ng malaking pansin ang sarili at hanapin ng higit pa ang Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong magsisi sa aking mga maling gawi, at hanapin Kayo sa lahat ng ginagawa ko.

## PAANO AKO NAGING MAKASALANAN GAYONG GUMAGAWA AKO NG KABUTIHAN?

Msaias 64:6
Isaulo ang Isaias 64:6
*"Walang matuwid, wala, wala kahit ni isa."*

---

Sinasabi sa Isaias 64:6a na tayong lahat ay marumi: sapagkat tiyak na walang isa sa atin ang maaaring magpahayag na siya ay namuhay ng isang perpekto at walang kasalanang buhay. Ang karumihan natin bilang mga di mananampalataya ay siyang naghihiwalay sa atin mula sa ating perpekto, dalisay at banal na Diyos. Patuloy na sinabi ni Isaias na "ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi." Samakatuwid, kahit na ang mga tila matuwid na ginagawa natin, ay itinuturing na maruruming basahan sa harapan ng Diyos.

Hindi tayo maaaring maligtas sa pamamagitan ng pagsasama ng pananampalataya at mga gawa, dahil anumang pagtatangkang pagsamahin ang mga balabal ng katuwiran na ibinigay ni Kristo at ng mga maruruming basahan ng mga gawa, ito ay magdudulot sa atin ng karumihan.

Kung ang iyong mga kasalanan ay hindi pa nahuhugasan sa pamamagitan ng pananampalataya sa gawa ni Kristo lamang, kung gayon ay hindi ka pa ligtas. Gaano ka man karegular sa pagsisimba o kung gaano mo pinaglilingkuran ang Diyos o gaano karaming mabubuting gawa ang iyong nagawa, hindi ka kailanman maituturing na matuwid at malinis sa paningin ng Diyos. Dapat mo munang ikumpisal ang iyong mga kasalanan at maniwala kay Kristo. Kung mayroon ka nang pananampalatayang nakaliligtas, dapat mo pa ring itanong sa iyong sarili kung ang iyong mabubuting gawa ay nababahiran ng kasalanan. Naglilingkod ka ba sa Kanya na may lihim na motibo? Kung gayon, tandaan na sa paningin ng Diyos, ang ilan sa iyong mga gawa ay parang kahoy at mga tuyong dayami na masusunog (1 Mga Taga-Corinto 3:15). Napag-alaman mismo ni Pablo "... kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay nasa akin" (Mga Taga-Roma 7:21).

Ang Bibliya ay malinaw na nagtuturo sa atin sa Mga Gawa 4:12, "Ni walang kaligtasan sa kaninumang iba: sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa gitna ng mga tao, na siyang ating dapat ikaligtas". Ang pangalang iyon ay si Hesus!

**Pag-iisip:** Ligtas ba ako sa pamamagitan ng balabal ng katuwiran ni Kristo lamang?
**Panalangin:** O Diyos, tulungan mo akong suriin ang testimonyo ng aking buhay, na ito ay hindi nababahiran ng kasalanan.

## ANO NGAYON KUNG AKO AY NAGKASALA?

Mga Taga-Roma 3:19
Isaulo ang Santiago 2:10
*"upang ang bawa't bibig nawa ay matigil..."*

---

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 3:19, "Ngayon ay alam natin na anumang mga bagay na sinasabi ng batas, ito ay sinasabi sa kanila na nasa ilalim ng batas: upang ang bawa't bibig nawa ay matigil, at ang buong sanlibutan nawa ay maging may kasalanan sa harap ng Diyos." Ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan ng Diyos. Kapag ihahambing natin ang ating sarili sa batas, walang sinuman sa atin ang maaaring magpahayag sa harap ng Diyos na hindi natin kailanman sinira ang alinman sa mga batas. Hangga't sinisira natin ang isa sa mga batas, kahit na iniingatan natin ang ibang mga batas, nagkakasala tayo sa lahat (Santiago 2:10).

Ang taludtod sa itaas ay nagsisimula sa pariralang "Ngayon ay alam natin." Alam ni Pablo at inamin niya ang kanyang sariling pagkakasala sa harapan ng Diyos. Ang tanong ay, alam mo ba? Alam mo ba ang katotohanang ito na ipinapakita ng kautusan, ang iyong pagkakasala sa harap ng Diyos? Kaibigan, alamin mo na bagaman ikaw ay bata pa, ang kamatayan ay dadating sa lahat ng edad. Magsisi ka na ngayon.

Tulad ng isang napatunayang nagkasala sa korteng pantao ay sinisentensiyahan ng kaukulang parusa; gayundin, kung sino man ang napatunayang nagkasala sa harap ng makatarungang Diyos ay makatatanggap ng kaukulang parusa para sa kanyang kasalanan. Maaari mong isipin na ang iyong kasalanan ay hindi napapansin, o may iba pang nagkasala ng higit kaysa sa iyo. Tandaan na ang tao ay ubod ng sama, na marami sa atin ang magrerebelde laban sa paniniwala na tayo ay mga makasalanan, ngunit sa harap ng ating makatarungang Diyos.

Ang mga namatay sa kanilang kasalanan na hindi nagsisi ay makikita na lamang ang kanilang sarili sa impiyerno. Inilahad sa Lucas 16:19-31 ang kuwento ng isang mayamang napunta sa impiyerno dahil sa kawalan ng pananampalataya. Doon ay naramdaman niya ang pagpapahirap ng apoy na hindi kailanman namamatay. Siya ay sumigaw ng awa; nagmakaawa kay Abraham na nasa langit na papuntahin si Lazarus sa lupa upang pagsabihan ang kanyang mga kapatid na maniwala. Si Abraham ay sumagot na kung naniniwala sila sa naitala ni Moises at ng mga propeta sa kasulatan, ito ay sapat na upang sila ay umamin sa kanilang pagkamakasalanan, na magdadala sa kanila sa pagsisisi at paniniwala.

**Pag-iisip:** Inamin ko na ba sa Diyos na ako ay makasalanan?
**Panalangin:** O Diyos, tulungan mo akong tandaan na ang aking kasalanan ang nagpadala ng iyong Anak sa krus.

## ANO-ANO ANG EPEKTO NG KASALANAN?

Genesis 6:5-8
Isaulo ang Genesis 6:5
*"At kayo, na mga patay sa mga paglabag at mga kasalanan…"*

---

Sa kapanahunan ni Noe, ang mga epekto ng kasalanan ay naging laganap at nagdulot ng malaking kasamaan sa mundo, kaya inilalarawan sa Bibliya kung paanong ang bawat imahinasyon at pag-iisip ng tao ay "patuloy na masama". Bilang resulta, ang Panginoon ay sobrang nalungkot, at nagdesisyon na sirain ang buong sangkatauhan, at magsisimula ng panibago kay Noe at ng kanyang pamilya. Sa Panginoon, ang epekto ng kasalanan na nagpasama sa tao ay kakila-kilabot at ito ang nag-udyok sa Kanya na linisin ang mundo dahil sa kanilang kasamaan.

Gayundin, ang mga hindi mananampalataya ngayon ay hindi hinahanap ang Diyos at ang Kanyang kabanalan, sa halip ay hinahanap nila ang mga hangarin ng laman at kung ano ang iniaalok ng mundo. Tulad ng bangkay na patay sa pakikiramdam, ang mga patay sa kasalanan ay hindi nakararamdam ng anumang pagsisisi sa kanilang kasalanan, at walang pag-unawa sa kahihinatnan ng kasalanan.

Kung tayo ay patay sa kasalanan, ang lahat ng ating pagkamakatuwiran ay tulad lang ng maruming basahan sa paningin ng Diyos. Isaalang-alang na ang katawagan ay "hindi namamatay sa kasalanan", kung hindi "patay sa kasalanan": tayo ay patay sa espirituwal at hiwalay sa Diyos. Isaalang-alang na kahit ang isang taong kasingsama ni Hudas Iscariote ay maaaring nalungkot dahil sa mga kasalanang ginawa niya ngunit hindi niya ikinumpisal ang kanyang pangangailangan ng isang Tagapagligtas. Gayundin naman, ang bawat isa na patay sa kasalanan ay maaaring makadama ng pagkabalisa ngunit walang totoong pagsisisi. Iyon ang ginagawa ng kasalanan.

Kaibigan, nararanasan mo ba ngayon ang mga epekto ng kasalanan sa iyong puso? Ikaw ba ay nagpapatuloy sa pagrerebelde laban sa Panginoon, at ikaw ba ay patay pa rin sa iyong mga kasalanan? Maliban kung ikaw ay nabuhay o "binuhay" ng Banal na Espiritu, magdurusa ka pa rin sa mga kahihinatnan ng kasalanan. Makararanas ka ng pangalawang kamatayan, na ang ibig sabihin ay walang hanggang parusa sa impiyerno. Hindi nais ng Diyos na maghirap ka sa mga kahihinatnan na ito: makinig at maniwala sa Ebanghelyo!

**Pag-iisip:** Napagtanto ko ba kung gaano na kalayo ang epekto ng kasalanan sa akin?
**Panalangin:** O Diyos, salamat sa pagbubunyag mo sa akin ng aking makasalanang kalagayan!

## BAKIT KINAMUMUHIAN NG DIYOS ANG KASALANAN?

Mga Taga-Roma 8:7-8
Isaulo ang Mga Taga-Roma 8:8
*"At ang nangasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos."*

---

Dumadami ngayon ang nakikita nating mga "hand sanitizers", dahil naiintindihan ng mg tao ang pangangailangan ng pansariling kalinisan - upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit. Ang nakalulungkot, ang mga taong ito ay hindi nagnanais na maging malaya sa sakit na dulot ng kasalanan. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 8:7-8, "Dahil ang makalamang pag-iisip ay pakikipag-away laban sa Diyos; sapagka't ito ay hindi nagpapasakop sa batas ng Diyos, ni tunay na hindi maaari. Kaya nga sila na mga nasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos." Ang hindi pa nabubuhay muli ay inilalarawan na may karnal na kaisipan na hindi sumusunod sa kautusan ng Diyos.

At sa gayon ay magtatanong tayo; mayroon ba tayong mga karnal na kaisipan na nawawala sa kasalanan? Huwag mo nang ihambing ang sarili sa ibang tao, sapagkat maaari mong isipin na ikaw ay tapat sa batas at mas mabuti sa mga mata ng lipunan at 'banal' kaysa sa mga kriminal sa mundo! Ang ganitong uri ng paghahambing ay hindi makatwiran at nagtatapos sa "bawat isa ay gumagawa ng tama sa kanyang sariling mga mata". Ang pokus ay dapat sa Diyos: maaari ka bang lumapit sa harapan ng trinidad na banal na Diyos at mabuhay?

Ang kabaligtaran ng kaisipan na karnal ay ang espirituwal na kaisipan. Ang gayong kaisipan (nakukuha lamang kapag ang isang tao ay ipinanganak nang muli) ay naghahanap ng mga bagay na nakalulugod sa Diyos. Ang espirituwal na kaisipan ay binibigyang lakas at pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ng Diyos.

Mahal na kaibigan, suriin ang sarili at tingnan kung ikaw ay talagang ligtas na. Ang isang patibay na ikaw ay tunay na ligtas ay kung kinamumuhian mo ang kasalanan kagaya ng pagkamuhi nito ng Diyos. Hindi ibig sabihin na ang tunay na mananampalataya ay hindi na magkakasala; manapa'y, ang mga tunay na mananampalataya ay hindi kailanman magiging kaswal sa kasalanan, kundi laging nakikipaglaban sa kanilang kasalanan, sa pagkakaalam na kinamumuhian ng Diyos ang kasalanan; at sa bawat panahong nagrerebelde tayo sa Kanya, ay pinadadalamhati natin ang Kanyang puso.

**Pag-iisip:** Pinaglalabanan ko ba ang kasalanan o sinasadya kong magkasala?
**Panalangin:** O Diyos, nawa'y hindi ko Kayo ginagalit sa pamamagitan ng pagkakasala!

## ANO ANG KABAYARAN NG KASALANAN?

Mga Taga-Roma 6:23
Isaulo ang Mga Taga-Roma 6:23
*"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan…"*

---

Kung ang tao ay pumapasok sa trabaho, siya ay karapat-dapat na bayaran ng sahod ayon sa sikap na ibinibigay niya. Gayundin, alam ng Diyos kung ano ang dapat na maging kabayaran para sa ating mga kasalanan at ito ay ang kamatayan! Bukod sa espirituwal na kamatayan na naisaalang-alang na natin, ang kasalanan ay nagdudulot ng dalawang iba pang kamatayan: ang pisikal na kamatayan, at ang ikalawang kamatayan na walang hanggang parusa (salungat sa buhay na walang hanggan) sa lawa ng apoy (Pahayag 20:14).

Kadalasan, ang kasalanan ay magmumukhang mapanghalina at kaiga-igaya. May atraksyon ito na mapanlinlang. Tandaan na si Satanas ay maaaring lumitaw na isang anghel ng liwanag upang manlinglang. Ito ay maghahatid sa isang walang kabuluhan at walang silbing buhay na puno ng pansariling kasiyahan. Maghahatid din ito ng kasamaan sa iba, at magbubunga ng kalungkutan at kapaitan. Sa kahuli-hulihan ang wakas ay kamatayan.

Ang kaligtasan ay regalo ng Diyos, sapagkat wala sa atin sa anumang paraan ay karapat-dapat na maligtas mula sa kamatayang ito at hindi natin maililigtas ang ating sarili. Ang regalong ito ng Diyos ang gumagawa sa atin na buhay sa espirituwal sa halip na patay sa kasalanan; ito rin ang regalong nagpapakita sa atin na hindi natin dapat ikatakot ang pisikal na kamatayan, ito rin ang regalo na nagdadala sa atin ng buhay na walang hanggan at hindi sa kamatayan na walang hanggan.

Mahal na kaibigan, kung alam mo na ang ating kasalanan ay nararapat sa kahila-hilakbot na parusang kamatayan, paano tayo magpapatuloy sa kasalanan pagkatapos na tayo ay naligtas? Ang pagsasagawa nito ay pagsasabi sa buong daigdig na hindi natin gaanong pinahahalagahan ang apoy sa impiyerno, at tinanggap lang natin ng basta-basta ang regalo ni Hesu-Kristo! Hindi, dapat palagi nating tandaan na ang ating mga kasalanan ang naglagay sa Kanya sa Krus. Bakit mas gusto mong gawing panginoon ang kasalanan na gagantimpala sa iyo ng isang kahila-hilakbot na wakas, sa halip na yakapin si Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas na isinakripisyo ang Kanyang Sarili upang mailigtas ka?

**Pag-iisip:** Ano ang 'kabayaran' ng perpektong buhay at kamatayan ni Kristo?
**Panalangin:** O Diyos, maibibigay ko sana ang aking buong paglilingkod at katapatan sa Iyo.

## HINDI BA DIYOS ANG LUMIKHA NG KASALANAN?

Genesis 2:16-17
Isaulo ang Isaias 14:14b
*"huwag kang kakain…"*

---

Ang tanong sa itaas ay paminsan-minsang itinatanong ng mga hindi naniniwala at ayaw kumikilala sa kanilang makasalanang kalagayan; iniisip nila na kung makakakita sila ng ilang kontradiksiyon sa ebanghelyo, samakatuwid ang kabayaran ng kasalanan ay hindi mailalapat sa kanila.

Sinabi ng Genesis 2:16-17, "At iniutos ng Panginoong Diyos sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." Nilalang ng Diyos ang tao na may kakayahang pumili sa paggawa ng mabuti o masama. Hangga't sinunod ni Adan ang utos ng Diyos na huwag kainin ang bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama, mananatili siyang walang kasalanan. Gayunpaman, sa sandaling sina Adan at Eva ay kumain ng ipinagbawal na bunga, ang kasalanan ay pumasok sa mundo (Mga Taga-Roma 5:12).

Tandaan din na bago ang pangyayaring ito, ay mayroon pang ibang nangyari sa langit. Nagkaroon ng paghihimagsik sa langit, na pinangunahan ni Lucifer. Sa Ezekiel 28:11-17 sinabihan tayo na ginawa siya ng Diyos na perpekto at maganda hanggang sa masumpungan ang kasalanan sa kanya. Ang kanyang puso ay naging mapagmataas dahil sa kanyang kagandahan. Gusto niyang maging katulad sa Kataas-taasan at dahil dito ay itinapon siya ng Diyos patungo sa lupa. Basahin ang Isaias 14:12-15 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangyayaring ito. Siya na ngayon si Satanas, na palihim na nagtatago, na naghahanap ng kung sino ang kanyang masisila. Dito nagsimula ang kasalanan.

Mahal na kaibigan, sinusubukan mo bang magbigay ng mga kadahilanan sa iyong kasalanan? Sinusubukan mo bang makipagtalo sa Diyos na hindi ka karapat-dapat na parusahan, sa pag-iisip na may mas nararapat pang mabuti para sa iyo? Sinasabi mo ba sa Diyos na ang iyong kawalan ng karanasan papaanuman ay makapagpatawad sa iyo mula sa parusa? Tandaan na ang Diyos ay ganap na makatarungan sa Kanyang mga pagkikilos, at humihinga tayo ng hiningang tinatanggap natin sa pamamagitan ng Kanyang mga kaawaan lamang. Huwag mong subukan ang Diyos.

**Pag-iisip:** Sinusubukan ko bang bigyang dahilan ang sarili kong kasalanan?
**Panalangin:** O Diyos, laban sa Iyo, Sa Iyo lamang, na ako ay nagkasala.

## ANO ANG KATULAD NG IMPIYERNO?

Mateo 13:42
Isaulo ang Markos 9:44
*"doon ay magkakaroon ng pagtangis at ang paglangitngit ng mga ngipin."*

---

Ang Mateo 13:42 ay nagbibigay ng maikli at malinaw na paglalarawan ng impiyerno: "...isang pugon ng apoy: doon ay magkakaroon ng pagtangis at ang paglangitngit ng mga ngipin." Ang ang salitang 'pugon' ay nagpapahiwatig ng mataas na init at patuloy na pagkakasunog dahil sa napakatinding apoy. Ang lambak ng Hinnom ay isang tambakan ng basura para doon sunugin ang mga basura ng Herusalem noong sinaunang panahon. Ito ay tama sapagkat sa parehong kaukulan, ang apoy ay hindi namamatay (Markos 9:44), at sa lambak ng Hinnom, ang tanging nabubuhay ay mga uod na kumakain sa nasusunog na mga bangkay ng hayop, at sa gayong paraan inilarawan ni Hesus ang impiyerno bilang isang lugar kung saan "ang kanilang uod ay hindi namamatay", nagpapahiwatig na ang mga nakatira sa impiyerno ay magdurusa ng kahirapang ito na hindi masusunog magpakailanman.

Magkakaroon ng dalawang pweding reaksyon ang bawat isa na nakatira sa impiyerno. Una, magkakaroon ng pagtangis na resulta ng matinding pagdurusa na kanilang naranasan; sasabihin sa iyo ng mga doktor na ang pinakamalubhang pagtangis ay mula sa mga biktima ng pagkasunog. Ang mayamang tao sa impiyerno ay nagmakaawang bigyan ng tubig upang palamigin ang paghihirap na naranasan niya (Lucas 16:24). Pangalawa, magkakaroon ng paglangitngit ng mga ngipin, na nagpapahiwatig ng panghihinayang sa mga nakalipas na mga kasalanan na naging dahilan upang siya ay magtapos na tulad nito, at kawalan ng pag-asa dahil wala nang pagkakataon ng katubusan, walang daan upang lumabas.

Mahal na kaibigan, kung hindi mo pa ipinahahayag si Kristo na iyong personal na Tagapagligtas, mangyaring gawin ito ngayon. Wala nang mas mahalaga sa buhay kaysa sa desisyong ito na maka-aapekto sa iyong kawalang hanggan. Kung mayroon kang mga kaibigan o mga mahal sa buhay na hindi pa ligtas, ibahagi sa kanila ang ebanghelyo; ikaw ay hindi isang tunay na kaibigan kung wala kang pakialam kung saan siya tutungo pag namatay siya, at gayon din naman hindi mo tunay na minamahal ang miyembro ng iyong pamilya kung wala kang sinasabi tungkol sa kanilang kawalang hanggan.

**Pag-iisip:** Tunay ba akong kaibigan kung hindi ko ibinabahagi ang ebanghelyo?
**Panalangin:** O Diyos, bigyan mo ako ng masimbuyong damdamin na mailigtas ang nawawala!

## BAKIT ANG DIYOS NG PAG-IBIG AY LUMIKHA NG IMPIYERNO?

Mga Taga-Roma 2:1-6
Isaulo ang Mga Taga-Roma 3:4
*"ang paghuhukom ng Dios ay ayon sa katotohanan…"*

---

May nakatatakot na bilang ng mga nag-aangking Kristiyanong mangangaral na nahihirapang sagutin ang katanungang ito. Ang ilan ay dumulog sa pagpapaliwanag na ang impyerno ay hindi isang lugar ng walang hanggang parusa, kundi isa lamang itong lugar kung saan ang makasalanan ay nahihiwalay magpakailanman mula sa Diyos. Ayon ba sa Bibliya ang sagot na ito?

Bagaman ang Diyos ay isang Diyos ng pag-ibig, ang Roma 2:2 ay nagpaaalala sa atin na ito ay isa lamang sa mga katangian ng Diyos, dahil sa ang Diyos ay isa ring Diyos ng hustisya. Alalahaning tayo ang nagkasala, at hindi Diyos ang sanhi ng paggawa natin nito. Ang kasalanan ay dapat na parusahan, kung hindi, ang Diyos ay hindi matatawag na isang makatarungang Diyos. Ang ating Diyos ay perpekto sa Kanyang paghatol. Ang parusa para sa ating mga kasalanan ay hindi mas higit at hindi mas mababa kaysa kung ano ang nararapat sa atin. Samantalang wala sa atin na naniniwala sa pagkakaroon ng impiyerno ang magnanasa na kahit ang ating pinakamasamang kaaway ay mapaparusahan ng walang hanggan doon, ang katotohanan ay nananatili na ang kasalanan ay kasuklam-suklam at kahambal-hambal, at napakaraming kasamaan ang naglilipana sa mundong ito. Sapagkat ang Diyos ay banal, hindi Niya maaaring tiisin ang kasalanan, at ito ay naaayon sa Kanyang katangian na ang kasalanan ay dapat na mahigpit na parusahan, at tayo na nilikha sa Kanyang larawan at naging banal sa pamamagitan ng dugo ni Kristo ay dapat ding tingnan ang kasalanan sa parehong liwanag. Hindi tayo maaaring sumali sa mundo at hindi mapuna ang kasalanan at ang kahihinatnan nito.

Mahal na kaibigan, mag-ingat sa mga taong nangangaral ng pag-ibig at pagpaparaya at sinusubukang ikumporme ang imahe ng Diyos sa isang akma sa kanilang imahinasyon. Habang marami sa inyo ang nagnanais ng pag-ibig at nanlulumo sa mga gawa ng pagkasuklam, tandaan na ang pag-ibig ay nagagalak sa katotohanan (1 Mga Taga-Corinto 13:6), at ang katotohanan ay dapat na parusahan ang kasalanan. Kung totoong nagmamahal ka sa iba, samakatwid ipakita mo sa kanila ang katotohanan ng salita ng Diyos na ang kanilang kasalanan ay aaksyunan.

**Pag-iisip:** Kumukomporme ba ako sa imahe ng Diyos sa aking pag-iisip?
**Panalangin:** O Diyos, nawa'y matuto ako na maging lalong katulad Mo sa bawat araw!

## MAYROON BANG PARAAN UPANG MAKATAKAS SA IMPIYERNO?

Lucas 16:19-31
Isaulo ang Mateo 7:14
*"sa pagitan naming at ninyo ay may isang malaking banging na nakapirmi…"*

---

Ang episodyo ng mayaman at si Lazarus sa Lucas 16:19-31 ay hindi isang talinghaga kundi isang aktwal na pangyayari. Una sa lahat, hindi ito ipinakilala ni Hesus na isang talinghaga, at saka ang isang tao ay pinangalanan (Lazaro) na hindi kailanman mangyayari sa isang talinghaga. Kaya, hindi katulad ng isang talinghaga, makikita natin ang mahahalagang katotohanan sa bawat talata ng episodyong ito.

Sa Lucas 16:26, sinabihan ni Abraham ang mayamang tao na nasa impiyerno na walang matatakasan. Ang malaking agwat sa pagitan ng langit at impiyerno ay permanente, at walang sinuman ang makapaglalakbay mula sa isa hanggang sa isa pang lugar. Ang bangin ay isang malaking agwat sa pagitan ng dalawang nakatataas na katawan ng lupa. Si Lazarus ay kasama ni Abraham sa panig ng langit, at ang mayaman sa panig ng impiyerno. Sa pagitan ng mga ito ay ang bangin na hindi kailanman maipagtatagpo. Naroon siya dahil sa kanyang kasalanan, at ang hatol ng Diyos ay dapat na mananatili siya roon hanggang sa kawalang hanggan.

Gaano katagal ang kawalang hanggan? Lampas sa ating imahinasyon na simulang unawain kung gaanong hindi kapani-paniwala ang katagalan nito. Subukan nating tingnan kung gaano katagal ang kawalang hanggan:

"Ipagpalagay na ang isang ibong pipit ay kumuha ng isang patak ng tubig mula sa Karagatang Atlantiko, tumawid sa ibang bansa, inilagay ang patak ng tubig na iyon sa Karagatang Pasipiko, at pagkatapos ay lumipad ulit pabalik sa Karagatang Atlantiko, at inulit ang parehong gawain. Kung mauubos na ang laman ng Karagatang Atlantiko papunta sa Karagatang Pasipiko, ang kawalang hanggan ay magsisimula pa lamang."

Mahal na kaibigan, saang panig ka ba sa pagdating ng panahon? Unawain na maaari ka lamang pumili ng isa: langit o impiyerno; walang hanggang kapahingahan o walang hanggang pagdurusa. Walang kalahating paraan sa pagitan. Sa sandaling dumating ka sa panig ng impiyerno, wala nang magbabahagi ng ebanghelyo, wala nang pagkakataong tanggapin si Kristo bilang personal na tagapagligtas.

**Pag-iisip:** Ako ba'y nasa tamang panig? Sigurado ba ako?
**Panalangin:** O Panginoon, nawa'y mabuhay ako na may pagtatanaw sa kahalagahan ng kawalang hanggan.

## HINDI BA AKO MAWAWALA NA LANG PAGKATAPOS NG KAMATAYAN?

Sa Mga Hebreo 9:27
Isaulo ang Sa Mga Hebreo 9:27
*"ngunit pagkatapos nito ay ang paghuhukom."*

---

May ilang mga Kristiyano na naniniwala sa Pagkalipol: ito ay ang teorya na pagkatapos ng kamatayan, ang kaluluwa ay mawawala na lamang. Kadalasan ang paniniwalang ito ay nagmumula sa pag-aatubiling tanggapin ang pagkakaroon ng impiyerno na nilikha ng isang Diyos ng pag-ibig. Naniniwala sila na samantalang ang kaluluwa ng mga Kristiyano ay papunta sa langit, ang kaluluwa ng mga hindi ay mawawala lang.

Ang Hebreo 9:27 ay nagpapatunay na ang teoryang ito ay hindi totoo: "At gaya ng ito ay itinakda sa mga tao na minsang mamatay, ngunit pagkatapos nito ang paghuhukom." Ang Diyos ay nagpasya na ang tao ay minsan lang mamamatay at sa oras na itinakda Niya, at nagpasya rin Siya na pagkatapos ng kamatayan ang tao ay hahatulan. Walang paglalaho ng kaluluwa o iba pang pagtakas mula sa pasiya ng paghatol. Napag-aralan na natin dati na sa harap ng trono ng paghuhukom, ang parusa ng kasalanan ay walang hanggang kamatayan, at hindi ang paglalaho.

Ang mga Kristiyano ay haharap sa paghatol sa Bema ni Kristo, at ang hatol na ito ay ang pagtatanggap ng gantimpala sa langit para sa ating katapatan kay Kristo habang nasa lupa pa tayo (2 Mga Taga-Corinto 5:20). Ang mga hindi naniniwala ay haharap sa makapangyarihang Puting Trono ng Husgado, at ang paghahatol ay ang paghahagis ng katawan at kaluluwa sa lawa ng apoy dahil sa kasalanan, at yaong ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay. Muli, ang mariing tanong: anong uri ng paghahatol ang iyong haharapin?

Mahal na kaibigan, hindi lahat ng mga sinasabi ng tao at hindi lahat ng iyong nababasa ay dapat tanggapin ng pakyawan. Dapat mapupuna natin na hindi lahat ng sinasabi ng mga tao at hindi lahat ng nababasa ay totoo. Ibig sabihin, may maraming kamalian at mga kalahating katotohanan sa mundo. Tanging ang itinuturo ng Bibliya sa atin ang tatanggapin. Halimbawa, ano ang tingin mo sa reinkarnasyon? May isang relihiyon na nagtuturong ang mga tao ay muling maisilang sa lahat ng uri ng estrato sa lipunan at maging sa mga hayop, hanggang sa abutin nila ang Nirvana o kalinangan. Ang katotohanan ay matatagpuan sa salita ng Diyos at hindi sa imahinasyon ng tao. Maari mo bang mapuna ang tungkol dito?

**Pag-iisip:** Napakalinaw ng pagkakaiba ng langit at impiyerno!
**Panalangin:** O Diyos, nawa'y matatagpuan akong tapat sa Iyo.

## NAGDADALAMHATI KA BA PARA SA IYONG KASALANAN?

Mateo 5:1-12
Isaulo ang Mateo 5:3
*"Mapapalad ang mga dukha sa espiritu…"*

---

Kapag ang isang tao ay may mapagpakumbabang-loob, mauunawaan niya ang kanyang kasamaan at wala siyang makikitang mabuti sa kanyang sarili. Mapagtanto niya kung papaanong nagkulang ang kanyang espiritu sa harapan ng Diyos, at kinikilala niya ang kanyang pangangailangan ng espirituwal na pagpayaman. Ito ay kababaang-loob. Malinaw niyang nakikita kung papaanong ang mga kasalanang nagawa niya ay nagdulot ng pagdadalamhati hindi lamang sa kanyang sarili kundi pati na rin sa mga nakapaligid sa kanya.

Ang taong may mapagpakumbabang-loob ay nagdadalamhati at may pusong nagagambala at nagsisisi. Siya ay nahihiya sa kanyang pagiging mapagmalaki at mayabang, na may kahibangang iniisip ang sarili na mas higit pa kaysa sa nararapat niyang isipin. Dito nagsisimula ang lahat na karanasan ng tunay na Kristiyano. Ito ay ganap na kabaligtaran sa disposisyon na may makasariling paninindigan at makasariling kasapatan. Nakikilala niya ang kanyang sarili bilang siya talaga. Hinatulan siya ng kanyang sariling kasalanan at binigyan siya ng Diyos ng unang pagsisisi na kinakailangan upang magkaroon ng pananampalataya kay Kristo. Ibig sabihin, ang pagpakumbabang-loob ay ang simula ng pagtingin natin sa sarili na katulad ng pagtingin ng Diyos sa atin.

Kaibigan, nadarama mo ba ang iyong karukhaan sa espiritu? Alam mo ba na ikaw ay dukha, karumal-dumal at bulag sa kagandahan at kabanalan ni Kristo? Ang iyong kasalanan ay siyang nagpako kay Kristo sa krus ng kalbaryo at Siya ay namatay sa iyong lugar. Kung ikaw ay isang mananampalataya, araw-araw dapat ay patay ka sa sarili. Ang kabanalan ay mamarkahan ng kababaan ng puso. Kapag nakatatanggap ka ng kritisismo tungkol sa iyo at sa iyong trabaho, paano ka tumutugon? Kung lagi mong pinagtatanggol ang sarili mo, ito ay hindi magandang palatandaan. Kung may mga paraan upang magpakabuti, pasalamatan mo ang iyong mga kaibigan sa kanilang pagturo sa kakulangan mo. Pagkatapos ay matapat at mapagpakumbabang hanapin ang dunong at lakas ng Panginoon nang mapabuti ka sa mga bahaging nagkulang ka.

**Pag-iisip:** Ang puso ay maari lamang punuin ni Kristo kung ito ay nauna nang inalisan ng sarili.
**Panalangin:** Tulungan mo ako O Diyos! Gawin mo ako na lalong maging katulad ni Kristo nang maluwalhati ko ang Kanyang banal na Pangalan.

## MAY GINHAWA BA PARA SA GANITONG PAGDADALAMHATI?

Mateo 5:1-12
Isaulo ang Mateo 5:4
*"Mapapalad sila na mga nagdadalamhati…"*

---

Matapos makita ng tao ang kanilang kasalanan sa buhay, dapat silang bumaling sa Diyos. Ito ang solusyon. Ang pagkakaila o ang pagbabaling sa mga kagalakan at mga walang kabuluhan sa mundo ay hahantong lamang sa higit pang hapdi ng puso at pamimighati. Gaano man karubdob nating subukan sa pamamagitan ng ating sariling lakas at karunungan na hindi na magkasala muli, ang likas na pagkamakasalanan ng tao ay hindi mawawala, maliban sa pamamagitan ng dugo ni Kristo.

Kaya kasama ng nadaramang karukhaan sa espiritu, mayroong pagdadalamhati sa ating makasalanang kalagayan, sapagkat nakikita natin na ang ating kasalanan ang nagpako sa ating Tagapagligtas sa krus. Itong pagdadalamhati sa espiritu ay ang "makadiyos na kalungkutan na magreresulta ng pagsisisi" (2 Mga Taga-Corinto 7:10). Ang pagsisisi na ito patungo sa Diyos ay magtuturo sa atin sa "pananampalataya sa ating Panginoong Hesu-Kristo." Ito ay posible lamang sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu. Nang ang tatlong libo ay nakomberti sa araw ng Pentecostes sa Mga Gawa 2, naitala na sila ay nasundot sa kanilang puso at sila ay sumigaw (Mga Gawa 2:37).

Sa naturang pagdadalamhati at kalungkutan na dala ng kasalanan, laging may makalangit na kaginhawahan kung bumaling tayo at dumulog sa Panginoon. Katulad ito sa isang mabigat na pasanin na gumulong palayo. Ang lahat ng iyong pagkabalisa at kawalan ng tulog ay mawawala. Mga damdamin ng ginhawa at kagalakan ay babaha sa iyong kaluluwa. Matatanggap mo ang pagpapalang dulot ng pagtuturo sa iyo ng karunungan na mula sa itaas. Ang lahat ng nagdadalamhati dahil sa kasalanan ay makauunawa ng pagpapalang dulot ng presensya ng Banal na Espiritu at tatanggap ng masaganang biyaya para sa lahat na pangangailangan.

Mahal na kaibigan, napahiya ka ba dahil sa isang makasariling aksyon na iyong nagawa? Nagsinungaling ka at nanlinlang sa iyong mga magulang. Kung hindi ka nagdadalamhati sa iyong mga kasalanan, mananatili ang mga kasalanang ito sa iyo at hindi ka magkakaroon ng espirituwal na pag-unlad sa iyong buhay.

**Pag-iisip:** Nagdadalamhati rin tayo kapag marami ang namamatay nang walang Kristo.
**Panalangin:** Panginoon, ipagkaloob sana sa amin ng Banal na Espiritu ang lakas at biyaya na magdalamhati sa aming mga kasalanan.

## ANO ANG NARARAPAT NA PAGHAHANAP SA DIYOS?

Mateo 5:1-2
Isaulo ang Mateo 5:6
*"Mapapalad sila na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran..."*

---

Ang pagkagutom at pagkauhaw ay mga di-nawawalang pisikal na pangangailangan ng katawan ng tao. Ang taong nagugutom ay naghahangad ng pagkain; ang nauuhaw ay naghahangad ng tubig. Ang taong nagugutom at nauuhaw sa kabutihan ay isang taong naghahangad ng Diyos sa loob ng kanyang kaluluwa. Kaya sabik at masigasig niyang itinatakda sa kanyang sarili na hanapin ang Diyos.

Kapag ikaw ay nagising sa iyong makasalanang kalagayan, ikaw ay hihilahin patungo sa Tagapagligtas na Siyang sasagip sa iyo mula sa iyong mga kasalanan. Siya ang iyong katuwiran. Malilinis ka Niya at mabubuo.

Ang ganitong tao na nagugutom at nauuhaw sa pagkamatuwid ay mapupunan. Mayroon lamang isang tunay na matuwid. Siya ang anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng mga tao. Ito ang katuwiran ni Hesu-Kristo na ibinibigay ng Diyos sa mga kaluluwang naghahanap ng Tagapagligtas. Ito ang maluwalhating ebanghelyo. Si Hesu-Kristo, ang nag-iisang matuwid, ay naghandog ng sarili para sa atin. Sa Kanyang walang hanggang sakripisyo, binuksan Niya ang paraan ng kaligtasan para sa lahat na may dukhang espiritu at nagdadalamhati sa kanilang kasalanan.

Sa makatuwid, ang tunay na kabanalan ay isang bagay na Diyos lamang ang makapagbibigay sa atin. Ang mga Pariseo ng panahon ni Hesus ay relihiyoso at mukhang matuwid, ngunit hindi. Mayroon lamang silang panlabas na mukha ng kabanalan. Sa loob nila ay ang sinabi ni Hesus na sila ay "mga lobong maninila" (Mateo 7:15). At saka, ang tunay na pagkamatuwid ay matatagpuan lamang kay Hesus, laging kay Hesus at wala nang iba.

Mahal na kaibigan, naranasan mo na ba itong magutom sa pagsunod sa Diyos? Sa tuwing nakikita mo ang nakasisindak mong kasalanan, makikita mo ang iyong malaking pangangailangan na lumapit sa Diyos para magiging malinis at dalisay ang iyong buhay. Kung ikaw ay ligtas na, magkakaroon ka pa rin ng mga ganoong karanasan dahil ang kasalanan ay laging nasa atin at araw-araw ay kailangan mong lumapit kay Hesus para sa Kanyang paglilinis.

**Pag-iisip:** Mapapalad ang lahat ng mga nakatanggap ng katuwiran mula sa Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, lalong bigyan Mo ako ng pagkauhaw at pagkagutom sa Iyo at ako ay mapupunan at masisiyahan.

## SINO SI HESU-KRISTO?

Juan 1:1
Isaulo ang Juan 1:1
*"At ang Salita ay naging laman..."*

---

Ang dakilang taludtod na ito sa Juan 1:1 ay malinaw na nagpahayag na si Hesus ay Diyos. Hindi pa nagsisimula ang panahon, Siya ay umiral na. Bago ang Kanyang pagkakatawang tao, Siya ay umiral na bilang Diyos. Sa umpisa ng aklat ng Genesis, kapag binabasa natin ang tungkol sa kung paanong nilikha ng Diyos ang kalangitan, ang lupa at ang lahat ng mga nilalang, si Hesus, ang walang hanggang salita, ay naroon at Siya ay lubhang nasangkot sa paglikha.

Si Hesu-Kristo ay kasama ng Diyos mula sa kawalang hanggan at hindi kailanman humiwalay sa Kanya. Ang lahat ng mga katangian ng Ama ay matatagpuan sa Anak, si Hesu-Kristo. Ang isa sa mga tanyag na paglalarawan ng Diyos at makikita sa Westminster Shorter Catechism: "Ang Diyos ay isang espiritu, walang hanggan, walang katapusan, hindi nagbabago sa kanyang pagkatao, karunungan, kapangyarihan, kabanalan, katarungan, kabutihan at katotohanan." Iyan ay hindi lamang isang paglalarawan ng Diyos Ama, kundi sa tatlong panguluhang Diyos, kung saan si Hesu-Kristo ang ikalawang tao.

Ito ang paghahayag ng Diyos na ibinigay kay Juan na Apostol. Natanggap niya ang banal na paghahayag na ito na isinulat niya sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu para sa ating pag-unawa. Ang kawalang hanggan at pagka-Diyos ni Kristo ay dapat paniwalaan at matanggap na may lugod at kagalakan. Ikaw at ako ay sasamba sa Kanya sa ating mga puso at isipan sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinasamba natin ang Anak gaya ng pagsamba natin sa Ama (Juan 5:23).

Mahal na kaibigan, ito ang pinakamahalagang tanong na dapat mong sagutin: "Sino si Hesu-Kristo?" Kung si Hesu-Kristo para sa iyo ay isang tao lamang, isang napakamakapangyarihan at maimpluwensiyang tao, samakatuwid ay nabigo ka sa pagkilala sa Tagapagligtas ng sanlibutan. Kung sasabihin mo na Siya ay ganap na tao at ganap na Diyos, iyan ay lubos na naiibang kuwento. Ang iyong mga mata ay naliwanagan upang makita at makilala na Siya ay Diyos, at Siya lamang, sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ang makapagliligtas sa iyo mula sa iyong mga kasalanan!

**Pag-iisip:** Ang may hangganang kaisipan ay tumatanggap ng walang hanggang karunungan at paghahayag ng Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, napakadakila Mo. Napakalalim ng yaman ng Iyong karunungan at kaalaman. Pinupuri at sinasamba kita.

## BAKIT NAKAPAGLILIGTAS SI HESUS?

1 Pedro 1:19
Isaulo ang 1 Pedro 1:19
*"isang korderong walang kapintasan at walang batik..."*

---

Mahirap para sa kaisipan ng makasalanang tao na lubos na maunawaan ang himala ng pagtubos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Ang himala ng pagtubos ay kung paano Niya tayo iniligtas sa pamamagitan ng pagbigay ng Kanyang buhay, na siyang ibinayad na pantubos sa ating mga kasalanan. Ang presyo na ibinayad para sa pagtubos na ito ay hindi pilak o ginto. Sa katunayan, ang lahat ng kayamanan sa mundo ay hindi sapat na kabayaran para sa ating mga kasalanan upang mapalaya tayo mula sa pagkaalipin ng kasalanan.

Ang ating mga kasalanan ay binayaran nang lubusan sa krus ng Kalbaryo. Si Hesus ay nakapagliligtas sapagkat Siya ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Ang sakripisyong ito ay tinanggap ng Diyos Ama dahil si Hesus ay ang perpektong Kordero ng Diyos, na walang mantsa at kapintasan. Siya ay namuhay na perpekto, at tinupad Niya ang lahat ng mga kinakailangan ng batas para sa ating kapakanan. Bilang Diyos, ang mga sakripisyo ni Hesus ay may walang hanggang halaga, at sapat upang bayaran ang lahat ng ating mga kasalanan. Ang kailangan lang nating gawin ay ang maniwala kay Hesus na Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan at ang Kanyang mahal na dugo ang maglilinis sa ating mga kasalanan.

Mahal na kaibigan, dahil hindi mo mabibili ang iyong kaligtasan at ang isang lugar sa langit kahit na ang lahat ng pera sa mundo ay nasa iyo, isipin at pahalagahan kung anong pag-ibig mayroon ang Ama para sa iyo na ipinadala Niya si Hesus para mamatay upang iligtas ka. Anong pag-ibig din ito na si Hesus, ang anak ng Diyos, ay handang isuko ang Kanyang buhay at ibuhos ang Kanyang mahal na dugo upang iligtas ang isang makasalanang katulad mo. Ito ay kamangha-manghang pag-ibig, lampas sa antas at lampas sa sukatan.

Kung nagtiwala ka na sa Panginoon at dumanas ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, magalak ka! Hilingin kay Hesu-Kristo na maging Siya ang iyong Tagapagligtas upang matubos ka, pasalamatan din Siya na dahil sa Kanyang pagmamahal ay namatay Siya sa krus para sa iyong mga kasalanan at nagbigay sa iyo ng buhay na walang hanggan. Panghuli, humingi ka ng lakas na mamuhay ng makadiyos na buhay, na nagtitiwala at sumusunod sa Kanya.

**Pag-iisip:** Pinili ako ng Diyos nang hindi pa itinatatag ang mundo.
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa kaligtasan sa pamamagitan ng mahal na dugo ng Iyong bugtong na Anak, si Hesu-Kristo.

## SI HESUS BA AY ANAK NG DIYOS?

1 Juan 5:20
Isaulo ang Mateo 16:16
*"Ito ay ang totoong Diyos, at walang-hanggang buhay."*

---

Pangunahin ng ating pag-unawa sa ebanghelyo, ay ang pananalig na si Hesu-Kristo ay talagang anak ng Diyos, ganap na Diyos, at ganap na tao. Ito ay lubos na kinakailangan upang ang sakripisyo ni Hesus ay magiging sapat na makaliligtas; kailangan Niyang maging perpektong anak ng Diyos, Diyos na nakikita sa katawang tao, bilang isang tao. Tanging ang Diyos lamang ang maaaring gumawa ng buong pagtatakip-sala sa mga makasalanan at tanging isang tao lamang ang maaaring maging kahalili para sa tao. Maaari nating tanggapin ng lubusan ang katotohanang si Hesus ay 100% tao at 100% Diyos, nagtitiwala at sumasampalataya sa kung ano ang sinasabi sa atin ng salita ng Diyos.

Ang 1 Juan 5:20 ay nagsasabi na ang anak ng Diyos ay naparito na sa mundo. Ang kanyang kapanganakan at buhay ay naitala para sa atin sa apat na ebanghelyo. Hindi lamang iyan, sa mga ebanghelyo ay tinuruan Niya tayo at binigyan ng maraming paghahayag tungkol sa kalikasan ng Kanyang kaharian at ang nararapat na direksiyon ng ating buhay kung tayo ay tunay na Kanya. Inilarawan dito si Kristo bilang 'siya na totoo' – na walang pahiwatig ng anumang kasinungalingan o kamalian sa Kanya. Inilarawan din siya bilang 'tunay na Diyos, at buhay na walang hanggan'. Kung kilala natin Siya sa lahat ng Kanyang perpektong katotohanan, nakilala sa pamamagitan ng Kanyang Salita, kung gayon ay oo, sa atin ay Siya ang pinagmumulan ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan ng ating kaalaman sa Kanya, sa ating paniniwala sa katotohanan na Siya nga ang anak ng Diyos na naparito sa mundong ito upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan, samakatuwid tayo ay maliligtas.

Ikaw ba ay nasa Kanya na Siyang tunay na Diyos, ang anak na si Hesu-Kristo? Huwag magpaliban-liban kung ikaw ay labas pa sa Kanya. Hanapin nang makilala ang buhay at totoong Diyos. Wala nang iba pang makaliligtas sayo. "Ni walang kaligtasan sa kaninumang iba: sapagka't walang ibang pangalan sa ilalim ng langit, na ibinigay sa gitna ng mga tao, na siyang ating dapat ikaligtas" (Mga Gawa 4:12). Si Hesus lamang, laging si Hesus. Siya ang perpektong sakripisyo na tinatanggap ng Diyos upang palitan ang ating puwesto bilang mga makasalanan na isinumpa at itinalaga para sa impiyerno at pagkawasak.

Pag-iisip: Hesu-Kristo - ang imahe ng 'di nakikitang Diyos.
Panalangin: Panginoon, tulungan mo akong mas makilala Ka ng ganap, upang luwalhatiin at tamasahin Ka magpakailanman.

## SI HESUS BA AY GANAP NA DIYOS?

Mga Taga-Colosas 2:9
Isaulo ang Colosas 2:9
*"sa kaniya'y nananahan ang buong kapunuan ng Pagka-Diyos sa katawan."*

---

Sa ilang araw na nakalipas, tiningnan natin ang Juan 1:1 na malinaw na nagtuturo sa atin na si Hesu-Kristo, ang buhay na salita, ay Diyos. Mayroon pang maraming ibang mga talata na itinuturo itong dakila at pangunahing katotohanan tungkol kay Hesu-Kristo. Ngayon, isaalang-alang natin ang Mga Taga-Colosas 2:9, na malinaw na nagdeklarang kay Hesu-Kristo ay "nananahan ang buong kapunuan ng Pagka-Diyos sa katawan". Ang ibig sabihin nito ay nang si Hesus ay naging tao at naglakad sa mga lansangan ng Herusalem, taglay Niya ang lahat ng mga katangian ng Diyos. Si Hesus ay walang kakulangan sa anumang katangian ng panguluhang Diyos. Hindi lamang siya pinagkalooban ng kaalaman, o kapangyarihan, o karunungan ng Diyos; kundi ang lahat ng kumpletong katangian dahil si Hesus ay ganap na Diyos. Kaya kung paanong ang Diyos ay sinasamba, gayon din naman si Hesus ay ang tamang layon ng ating pagsamba. Tulad ng ang Diyos ay makapangyarihang lubos, lubos na marunong, walang pagbabago at walang hanggan, gayon din si Hesus.

Ang talatang ito ay maaari ring gamitin upang pabulaanan ang mga nag-iisip na si Maria ay dapat ding sambahin upang magkaroon ng daan sa Diyos Ama. Kung ang kaganapan ng panguluhang Diyos ay naninirahan kay Hesus, hindi na natin kailangan ang ibang tao para gawing ganap ang pagsamba. Wala dapat ang pagsamba kay Maria, pagsamba sa anghel o pagsamba ng isang pinuno (kung saan ang mga kulto ay kilalang kilala).

Mahal na kaibigan, nakikita mo na ba ngayon ang kamalian na hinahawakan ng marami sa mundong ito kapag sinasabi nila na si Hesus ay isang dakilang tao at hanggang doon na lamang? Hindi nila nakikita ang banal na kalikasan ni Hesus - na Siya ay ganap na Diyos. Ang buong kapuspusan ng panguluhang Diyos ay nasa Kanya. At ang Kanyang kapuspusan ay dumarating sa ating buhay kapag tinanggap natin si Hesus – ang lahat ng kailangan natin para sa buhay at kabanalan. Kailangang mas lalo pa nating matuklasan kung ano ang ibig sabihin ng pagkaroroon ni Hesus sa ating puso. Ito ang panghabang buhay na proseso sa iyong espirituwal na pagtubo.

**Pag-iisip:** "At kayo ay lubos sa kaniya..." Mga Taga-Colosas 2:10
**Panalangin:** Panginoon, lalo Mo pa kaming turuan sa pagkilala na mayroong kahanga-hangang Tagapagligtas at dakilang Diyos na dapat naming patuloy na purihin.

## BAKIT KAILANGANG MAGING GANAP NA TAO SI HESUS?

Mga Hebreo 4:15
Isaulo ang Mga Hebreo 4:15
*"tinuksong gaya natin, gayunman ay walang kasalanan."*

---

Kinakailangan na maging isang ganap na tao si Hesus upang maging tagapamagitan natin. Bilang tao, ginigampanan Niya ang pagiging mataas na Saserdote natin, na namamagitan sa atin at sa Diyos Ama. Tanging sa pagkamataas na Saserdote lamang ni Hesus na nagawa Niyang mamagitan para sa kapakanan ng tao at irepresenta ang tao sa harap ng Diyos. Sa panahon ng Lumang Tipan, tanging ang mataas na saserdote lamang ang maaring pumasok sa banal ng mga banal isang beses sa isang taon para maghandog ng mga sakripisyo upang bayaran ang mga kasalanan ng mga tao sa Israel. Ngunit una, bilang makasalanang tao, kinailangan niyang bayaran ang kanyang mga sariling kasalanan sa pamamagitan ng pagsakripisyo ng kanyang sariling alay.

Kung hindi naging tao si Kristo ay hindi Siya maaaring maging tagadala ng ating mga kasalanan. Samakatuwid, kailangan ni Hesus na maging ganap na tao at ganap na Diyos upang Siya ay maging perpektong tagadala ng kasalanan at sakripisyo upang matakpan ang ating mga kasalanan. Ang ating teksto ay nagsasabing Siya ay "walang kasalanan". Ginagampanan pareho ni Kristo ang pagiging mataas na Saserdote at sakripisyo. Nang Siya ay namatay sa krus, humalili Siya sa iyong puwesto, at ginawa Niyang alay at perpektong sakripisyo ang kanyang dalisay na kaluluwa at walang kasalanang katawan para sa kasalanan.

Si Hesus ay katulad natin sa bawat aspeto ngunit Siya ay walang kasalanan. Kahanga-hanga na ang banal na Anak ng Diyos ay hindi lamang kumuha ng bahagi ng ating pagkatao kundi ang lahat ng ito: katawan, isip at damdamin. Siya ay naging taong ganap upang ganap tayong maligtas.

Aking kaibigan, walang sinuman ang makakukuha ng iyong kasalanan, walang tao, walang simbahan, - ang Panginoong Hesu-Kristo lamang ang tanging mataas na Saserdote. Siya ay nakauunawa, nakisisimpatiya, at tumutulong sa mga kinakatawanan Niya. Si Hesus, ang mataas na saserdote ang nagbayad sa halaga ng iyong kasalanan at nagdadala ng iyong mga problema sa harap ng Diyos Ama sa langit. Siya ay namamagitan para sa atin.

**Pag-iisip:** Walang ordinaryong pari kundi si Hesus ang perpektong mataas na Saserdote ang makatatanggal ng ating kasalanan.
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa iyong walang pasubaling pagmamahal na Ikaw ay matatag na pumunta sa krus para sa aking kasalanan.

## BAKIT KINAILANGAN NI HESUS ANG MAMUHAY NG PERPEKTONG BUHAY?

Mga Taga-Roma 10:4
Isaulo ang Mga Taga-Roma 10:4
*"Sapagka't si Kristo ang katapusan ng batas para sa katuwiran ng bawa't isa na sumasampalataya."*

---

Nang nagkasala si Adan, alam natin na ang buong sangkatauhan ay nahulog sa kasalanan kasama niya. Dahil dito, lahat tayo ay nawala sa ating kawalan ng katarungan, at walang paraan para matubos natin ang ating sarili. Samakatuwid ang lahat ay nahatulan at hindi matuwid sa harap ng Diyos.

Ang tanging solusyon para sa atin, ay ang Panginoong Hesu-Kristo. Ang Roma 10:4 ay nagsasabi na sa pamamagitan lamang ni Kristo, na tayo ay magkaroon ng perpeksiyon sa kautusan. Itinuturo sa atin ng talatang ito na ang pananampalataya kay Kristo ang magbibigay sa atin ng katuwiran, sapagkat nagawa ni Kristo ang lahat na mga hinihingi ng batas dahil Siya ay namuhay ng isang perpektong buhay. Sa ganap na pagtupad sa batas, natamo Niya ang pamantayan ng Diyos sa pagkamatuwid para sa atin, upang tayo ay maging makatarungan sa Kanyang paningin, at upang mabigyan tayo ng walang hanggang buhay. Kaya kahit ang tao sa kanyang sarili ay walang paraan upang masunod nang ganap ang batas, gayunpaman maaari nating matamo ang katuwiran sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Kristo. Sa lahat ng naniniwala kay Hesu-Kristo, tila nagiging ganap na ang pagsunod nila sa kautusan. Nakikita sila ng Diyos na nagampanan ang lahat na kinakailangan ng batas, dahil nakikita ng Diyos si Kristo sa kanila at Siya ang nanguna na mamuhay ng perpektong buhay sa pagsunod ng kautusan.

Mahal na kaibigan, kung ikaw ay nagtitiwala sa Panginoon, lumago ka sa biyaya at sa pagkakilala sa Kanya.

Sa araw-araw at walang humpay, tingnan ang kagandahan ni Hesus. Siya ay tinukso at sinubukan ngunit Siya ay laging matagumpay. Alalahanin ang pagtukso sa Kanya sa ilang pagkatapos na Siya ay nabinyagan, sa pagtupad ng katuwiran. Hindi Siya kailanman sumuko sa tatlong tukso ni Satanas (Mateo 4:1-11) kundi sinagot siya sa makapangyarihang Salita ng Diyos. Natamo ni Hesu-Kristo ang katuwiran ng kautusan para sa atin, ang kailangan lang nating gawin ay ang maniwala!

**Pag-iisip:** Magpaubaya ka sa plano ng Diyos ng katuwiran.
**Panalangin:** Panginoon ng aking katuwiran, salamat sa Iyong buo at perpektong pagsunod na nagbigay seguridad para sa aking katuwiran at buhay na walang hanggan.

## BAKIT KINAILANGAN PA NI HESUS ANG MAGDUSA?

Isaias 53:5
Isaulo ang Isaias 53:5
*"Nguni't siyay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan..."*

---

Ang Isaias 53 ay isa sa mga mahahapdi at nakapupukaw na kapitulo sa panitikang panghula ng Lumang Tipan. Dito natin makikita ang mga panghuhula tungkol sa mga pagdurusa ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Mababasa natin kung papaanong Siya'y tinanggihan ng mga tao na pinuntahan Niya dito upang iligtas (v. 1-3); nguni't Siya'y labis na nagdusa para sa ating mga kasalanan (v. 4-6), pinatay na parang tupa sa ihawan (v. 7-9), at dahil sa malaking sakripisyong ito, ang galit ng Diyos ay napatiwasay, at marami ang mabibigyan ng katarungan (v. 10-12).

Kung titingnan natin ng malapitan ang bersikulo 4-6, makikita natin dito ang makababagbag damdamin na larawan ng pakikipagpalit na pagtatakip sala ni Kristo. Dinala Niya ang ating mga kalungkutan at mga pighati, at sa pamamagitan ng kanyang kamatayan, tayo ay gumaling.

Gayunpaman, ang ating ganti ay isinaalang-alang natin Siya na gasgas, hinampas ng Diyos. Imbes na magpasalamat, Siya'y nilait ng mga dumadaan, na iniiling ang kanilang mga ulo" (Mateo 27:39). Kanilang pinagtawanan si Hesus na parang karaniwang kriminal, samantalang sa katunayan ay napakalayo nila sa katotohanan. Siya lang ang tanging tao na hindi kailanman nakagawa ng kasalanan, ang kaisa-isang taong walang kasalanan na nabuhay sa mundong ito. Ngunit itong pangungutya ay nagpapatuloy hanggang ngayon, kapag ang mga tao ay nakaririnig tungkol kay Kristo.

Kaya doon sa krus, ang Diyos, bilang makatwiran na tagapaghukom ay inilagay ang ating mga kasalanan kay Kristo. Para sa mga makasalanan, kinuha ni Kristo ang sisi, dinusa ang mga sakit at pagtitiis – hindi lamang ang pisikal na sakit ng kamatayan, pati na rin ang bigat ng mga kasalanan nating lahat. Yamang kung wala si Kristo tayo ay naitadhana hindi lang sa pisikal na pagkamatay kundi pati sa pangalawang kamatayan sa kawalang hanggan, kay Kristo ay nagsigaling tayo at hindi na mamamatay sa pangalawang pagkakataon. Sa halip, sa pamamagitan Niya ay may pag-asa tayong magkaroroon ng maluwalhating katawan at kawalang hanggan sa langit kasama ang Diyos.

**Pag-iisip:** Ang kalungkutan ni Kristo ang pundasyon ng ating kagalakan.
**Panalangin:** Panginoon, kamangha-mangha ang pag-ibig na para sa akin na sa pamamagitan ng mga pagdurusa at kamatayan ni Kristo, kami ay maliligtas.

## ANO ANG NANGYARI SA KALBARYO?

Mga Taga-Filipos 2:5-11
Isaulo ang Mga Taga-Filipinos 2:8
*"ibinaba niya ang kaniyang sarili..."*

---

Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo ang lalim ng pagpapakababa ni Hesus upang maging tao. Sinabi niya ang tungkol sa Kanya, "Na siya, bagama't nasa anyong Diyos, ay hindi niya inuring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Diyos". Ang salitang 'panangnan' ay tumutukoy sa isang mamahaling pag-aari, parang isang bagay na sinunggaban nang mahigpit at hindi na nais ito palayain. Ikaw at ako ay walang ideya kung gaano kataas na karangalan ang maging kapantay ng Diyos! Si Hesus, bilang Diyos sa lahat ng kaluwalhatian ng langit, ay pinili na magpakumbaba at bumaba bilang isang tao, upang mamatay para sa atin!

Ang sukat ng kanyang pagpakumbaba ay hindi lamang sa pagpunta niya sa lupa bilang tao, kundi mas higit pa, sa pagpapahintulot niya sa Kanyang sarili na patayin sa mga kamay ng makasalanang tao. Kasama ang mapitagang pagkatakot at paggalang, nakikita natin Siya sa Kanyang kamatayan sa Kalbaryo. Sinabi niya, "Ako ay may kapangyarihan upang ialay ito, at ako ay may kapangyarihan upang muli itong kunin" (Juan 10:18).

Si Hesus ay namatay na parang kriminal sa krus ng Kalbaryo. Siya ay ginawang isang sumpa para sa atin! Ang krus ay ang pinakamasamang uri ng kamatayan. Ito ay isang marahas at labis na masakit na kamatayan. Ang mga pako ay tumuhog sa Kanyang mga kamay at paa. Ang bigat ng katawan ay pinabitay dito sa mga malambot na bahagi ng katawan. Siya ay naging isang panoorin, habang Siya ay nakabitin doon kasama ang mga magnanakaw sa dalawang panig Niya, na nakita sa pangkalahatang publiko. Gayunpaman, ang pinakamasama sa lahat ay habang Siya ay nakabitin doon, ang Diyos Ama ay kailangang tumalikod kay Hesus, at Siya lamang ang nagdala ng parusa para sa lahat ng ating mga kasalanan.

Mayroong mga namamatay dahil sa pananampalataya, na "nagmasunurin hanggang sa kamatayan". Gayunpaman sa katulad na paraan, ang hinihiling ni Hesus sa iyo at sa akin ay simple lang sa bawat araw – ang mamatay sa sarili at mamuhay na lubos ang pagsunod sa Kanya, hindi parsiyal na pagsunod. Si Hesus ay kusang pumunta sa Kalbaryo para sa ating mga kasalanan. Hindi ba natin kusang isuko ang ating mga kasalanan para sa Kanya?

**Pag-iisip:** Magalak kung ikaw ay napabilang sa karapat-dapat na magdusa para sa kapakanan ni Kristo.
**Panalangin:** Panginoon, Hari ng buhay ko, kinukoronahan Kita ngayon, magiging Iyo ang kaluwalhatian.

## ANO ANG KATULAD NG IPINAKO SA KRUS?

Isaias 53:5
Isaulo ang Isaias 53:5
"*samantalang tayo ay mga makasalanan pa, si Kristo ay namantay para sa atin*"

---

Iilan o wala sa atin, samakatuwid, ang magsimulang isipin ang kasindak-sindak na kamatayan sa pamamagitan ng pagkapako sa krus. Ang taong ipinako sa krus ay ipinako ang kanyang mga kamay at paa sa isang malaking kahoy na krus. Sa bawat paghinga na kinukuha ng tao, kailangan niyang itaas ang kanyang katawan sa pamamagitan ng pagtulak sa kanyang mga paa at mga bisig; gayunpaman, ito ay magiging sanhi ng parang nakapapaso at nagniningas na sakit dahil sa mga pako na itinusok sa kanila. Sa ganitong kalagayan sila iniiwanan hanggang sa mamatay, na maaaring dahil sa pagdudugo hanggang sa mamatay, o dahil sa hirap ng paghinga. Ito ay isang mabagal, napakamasakit na kamatayan.

Sa babasahin ng araw na ito, mababasa natin na si Kristo ay "nasugatan" at "nabugbog" at dinanas niya ang "parusa" at "hampas". Kamangha-mangha na kahit na ang propesiyang ito ay isinulat 700 taon bago ang pagkapako ni Kristo sa krus, ang paglalarawan ay napakalinaw na tama! Ang mga sugat na pinagdusahan ni Kristo ay ang pagtusok ng Kanyang mga kamay at paa, at ng Kanyang tagiliran matapos na Siya ay namatay (Juan 19:34). Siya ay nadurog sa bigat ng mga pighati na dinala Niya sa Kanyang mga balikat. Pinagdusahan Niya ang parusa, na siyang parusa para sa ating mga kasalanan. At tiniis Niya ang mga hampas, na tumutukoy sa mga palo at hagupit na ibinigay sa kanya (Mateo 27:26). Kinailangang dalhin ni Kristo ang kanyang sariling krus sa Kalbaryo, samantalang ang pulutong ng mga tao ay nangutya at nanlibak. Sa kailaliman ng Kanyang mga pagdurusa, Siya ay tinitigan at dinuraan ng mga nanood. Siya ay hinubaran ng lahat ng karangalan, at namatay sa kamatayan na para lamang sa mga pinakamasasamang kriminal.

Mahal na kaibigan, napagtanto mo ba na ang lahat na tiniis ni Kristo ay para sa iyong kapakanan? Dahil sa ating "mga pagsalangsang" at "mga kasalanan" ay kailangang mamatay si Kristo sa malupit na kamatayang ito, upang magkaroon tayo ng "kapayapaan" at "gumaling". Magpapatuloy ba kayo sa paggawa ng mga kasalanan at ilalagay ang pagsakripisyo ni Kristo sa walang kabuluhan, o mamumuhay ba kayo ng isang banal na buhay para sa Kanya ngayon?

**Pag-iisip:** Ang lahat ng naranasan ni Kristo ay para sa akin!
**Panalangin:** Salamat Panginoon, sa dakilang sakripisyo na pinadala Mo ang Iyong anak upang ipako sa krus para sa aming mga kasalanan.

## ANO-ANO ANG MGA PAGHIHIRAP NI KRISTO?

2 Mga Taga-Corinto 5:21
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 5:21
*"at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat."*

---

Ano sa palagay mo ang nadama ni Kristo, nang dinala Niya ang pagkakasala ng ating mga kasalanan? Sa babasahin ngayon, mababasa natin na ginawa ng Diyos si Kristo na "kasalanan para sa atin". Sa tiyak, hindi ito nangangahulugan na si Kristo ay isang makasalanan o nagkasala ng anumang kasalanan. Ang kasunod na parirala ay napakalinaw - Si Kristo ay "walang nakilalang kasalanan". Sa halip, ito ay tumutukoy sa katotohanang si Kristo ay ginawang tagadala ng ating pagkakasala. Si Kristo, ang perpekto, banal at walang kasalanang anak ng Diyos, na sa Kanyang buong pagkatao ay napopoot sa kasalanan, ay kinuha ang lahat ng mga kasalanan ng mundo! Ang lahat na kinasusuklaman Niya nang masidhi ay ibinuhos nang lubusan sa Kanya - at ito ay ginawa Niya ng kusa, para sa ating kapakanan. Anong kamangha-manghang pag-ibig, anong kamangha-manghang habag! Dahil dito, si Kristo ay pinagtiisan ang kaparusahan at bunga ng kasalanan. Sa sandaling iyon ang bigat ng mga kasalanan ng mundo ay nasa Kanyang mga balikat. At habang dala-dala Niya ang pagkakasala ng ating mga kasalanan, ibinuhos ng Diyos Ama kay Hesus ang poot ng Kanyang galit - ang galit ng isang banal, matuwid na Diyos laban sa dumi at kasamaan ng kasalanan ng daigdig.

Sa anong layunin? Bakit kusang inilagay ni Kristo ang Kanyang sarili sa gayon katinding paghihirap at pagtitiis? Ang ikalawang bahagi ng taludtod ay nagbibigay sa atin ng sagot – "upang tayo nawa ay maging katuwiran ng Diyos sa kaniya." Dahil sa ginawa ni Kristo para sa atin sa krus ng Kalbaryo, tayo ay ipinahayag na matuwid sa paningin ng Diyos. Si Kristo na banal at dalisay ay naging kasalanan, upang tayo na mga kahabag-habag at makasalanan ay magiging matuwid. Tunay na kamangha-mangha ang buong plano ng kaligtasan!

Mahal na kaibigan, ano ang iyong tugon sa kahanga-hangang katotohanan na ito? Napagtanto mo ba na si Kristo ay dumaan sa lahat ng mga paghihirap na ito na dapat ay sa iyo? Na dahil sa sakripisyo ni Kristo, ikaw ay naligtas mula sa poot ng Diyos? O nahulog at naging manhid ka ba sa kasalanan, na hindi mo na ito itinuturing na kasindak-sindak at masama?

**Pag-iisip:** Itinuring ng Diyos si Kristo na siyang nagkasala, upang maituring Niya tayo na tama sa Kanyang paningin.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan Mo akong hindi kailanman ibabalewala ang mga pagdurusa ni Kristo.

## PAANONG SI KRISTO ANG SAKRIPISYO PARA SA KASALANAN?

Mga Hebreo 10:11-12
Isaulo ang Mga Hebreo 10:12
*"Sapagka't sa gayon siya ay namatay, siya ay namatay sa kasalanan minsan..."*

---

Para sa mga piniling tao ng Diyos na umiral sa panahon ng Lumang Tipan, ito ay hindi isang kakaibang kaugalian. Pinasimulan ng Diyos ang Levita na sistema sa pagsakripisyo bilang paraan kung saan maaaring linisin ang mga Israelita sa kanilang mga kasalanan. Ang pangunahing pangangailangan para sa mga hayop na iniharap nila bilang sakripisyo ay dapat na "walang kapintasan" (Levitico 22:17-25). Ilarawan sa isip ito - sa tuwing gumawa ka ng kasalanan, kailangan mong bumili o kumuha sa isang tinukoy na hayop na pisikal na perpekto at walang pintas.

Gayunpaman, ngayon ay hindi na natin kailangang isagawa ang gayong nakapapagod na proseso, sapagkat ang "isang sakripisyo" na inihandog ni Kristo ay inalok "para sa mga kasalanan magpakailanman!" Ang sakripisyong ito ay walang iba kundi si Kristo mismo, "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan" (Juan 1:29). Upang matugunan ang kinakailangan ng Diyos, si Hesus ay kailangang maging walang bahid at walang dungis na Kordero ng Diyos. Ito ay natupad Niya, sa pamamagitan ng pamumuhay ng perpekto at walang kasalanang buhay bilang tao dito sa lupa sa kumpletong pagsunod sa banal na batas ng Diyos (tinatawag na Kanyang 'aktibong pagsunod'), pati na rin sa pamamagitan ng pagkuha Niya sa Kanyang sarili ang mga paghihirap na kinakailangan upang mabayaran ang parusa para sa ating mga kasalanan, kahit ang pagsuko sa kamatayan sa krus (tinatawag na Kanyang 'walang tinig na pagsunod'). Ang sakripisyo ni Kristo ay lubos na perpekto at kumpleto na ito ay sapat para sa lahat ng mga kasalanan ng mundo. Hindi tulad ng mga pari sa Lumang Tipan na kailangang mag-alay ng mga sakripisyo araw-araw, kailangan lamang itong gawin ni Kristo "minsan, nang ihandog niya ang kanyang sarili" (Hebreo 7:27). Ang salitang "minsan" sa talatang ito ay nagdadala ng ideya ng "isang beses, para sa lahat" - isa at isa lamang ang sakripisyong kinakailangan.

Gaanong kahanga-hanga, kaibigan, na ang solong gawa ng sakripisyo ni Kristo ay sapat upang dalhin ang kaligtasan sa iyo at sa akin! Ayaw mo bang mabuhay para kay Kristo ngayon, at sabihan ang isang kaibigan tungkol sa kahanga-hangang Tagapagligtas na mayroon ka?

**Pag-iisip:** Ang sakripisyo ni Kristo ay minsan at para sa lahat!
**Panalangin:** Panginoon, dalhin mo ako sa ilang kaluluwa ngayon.

## MALILIGTAS BA TAYO SA PAMAMAGITAN NG DUGO NI HESUS?

Mga Hebreo 9:19-28
Mga Hebreo 9:22
*"…at ang dugo ni Hesu-Kristo na kaniyang Anak ay nililinis tayo sa lahat ng kasalanan."*

---

Ano ang napakahalaga tungkol sa dugo? Sa Levitico 17:11, may isang napakalinaw na paliwanag tungkol sa kahalagahan ng dugo: "Sapagka't ang buhay ng laman ay nasa dugo: at aking ibinigay sa inyo sa ibabaw ng dambana upang itubos sa iyong mga kaluluwa: sapagka't ang dugo'y siyang tumutubos dahil sa buhay". Samakatuwid, para sa bawat hayop na dinala bilang hain sa harap ng Diyos, kinailangang patayin ng pari at ibuhos ang dugo nito, at iwiwisik ang dugo nito sa altar. Habang kung minsan ang mga bagay ay nagawang dalisay sa pamamagitan ng tubig o apoy, sa pangkalahatan, "halos lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng batas ay nililinis ng dugo."

Ang dugo ay kumakatawan sa buhay, at kapag ang dugo ay dadaloy, ito ay katibayan ng katotohanan na ang isang buhay ay ibinigay. Sa panahon ng Lumang Tipan, ang pagwiwisik o pagbubuhos ng dugo ng inihaing hayop ay nagpapahiwatig na ang buhay nito ay ibinigay sa Diyos sa halip na ang buhay ng makasalanan. Iyon ang dahilan kung bakit, upang si Kristo ang maging Tagapagligtas natin, kailangan Niyang ibuhos ang Kanyang dugo. Ang kanyang mahalagang dugo na ibinuhos sa krus ng Kalbaryo ay ang malinaw na katibayan na Siya ay namatay sa isang sakripisyong kamatayan upang tubusin tayo . Kaya nga ang dugo na ito ay may kapangyarihang linisin tayo mula sa lahat ng ating mga kasalanan.

Kaibigan, nagpapasalamat ka ba sa dugo na ibinuhos ni Hesu-Kristo para sa iyo? Sinabi ng manunulat ng Hebreo ang puntong ito sa kamangha-mangha pamamaraan – "Sapagka't kung ang dugo ng mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng dumalagang baka na ibinubudbod sa mga nadungisan, ay magiging banal sa ikalilinis ng laman: Gaano pa kaya ang dugo ni Kristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan ay inihandog ang kaniyang sarili na walang dungis sa Diyos, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Diyos na buhay? (Hebreo 9: 13-14).

**Pag-iisip:** (Nothing But the Blood)
May makalilinis ba? Sa karum'han ng puso ko. ♫
At huhugas sa sala? Tanging ang dugo ni Kristo. ♪
**Panalangin:** Panginoon, linisin mo ako sa pinakamamahal na dugo ni Hesus.

## ANO ANG MAKATARUNGANG PAGHUHUKOM NG DIYOS?

Juan 8:16
Isaulo ang Juan 8:16
*"Nguni't hindi ikabubuti ng masama…sapagka't siya'y hindi natatakot sa harap ng Diyos…"*

---

May mga taong napakalamig ang saloobin ukol sa kasalanan. Gusto nilang isipin na, "Kahit na nagkasala ako, ang aking buhay ay mabuti! Hindi ako pinaparusahan ng Diyos sa anumang paraan, kaya't maaari akong magkasala kung gusto ko."

Ito ba ang tamang saloobin? Sa babasahin ngayon, sinabi ni Hesu-Kristo sa mga Pariseo, "...ang aking paghuhukom ay totoo." Bagaman ang oras ng paghuhukom ay hindi pa dumating sa unang pagdating ni Hesus, ito ay nagsilbing babala sa mga Hudiyo na Siya ay may kaparehong awtoridad sa Diyos Ama sa paghatol sa kanila "ayon sa katotohanan" (Mga Taga-Roma 2: 2). Ito ay isang puna laban sa pagkukunwari ng mga Pariseo - bagama't sila ay nakatuon nang labis sa panlabas na anyo, isang araw ay hahatulan sila ng Diyos ayon sa katotohanan, susukatin hindi lamang ang kanilang mga aksiyon, kundi ang panloob na motibo ng kanilang puso kontra sa perpektong pamantayan sa Salita ng Diyos.

Kaya ano talaga ang makatarungang paghuhukom ng Diyos? Ang salita ng Diyos ay malinaw na nagsasabi sa atin na ang Diyos ay isang banal na Diyos na napopoot sa kasalanan – "Ikaw na may mga matang malinis, kaysa tumingin ng kasuwailan, at hindi ka makatitingin sa kasamaan" (Habakuk 1:13). Dahil Siya ay banal, hinihiling Niya na maging banal din tayo. Ang mga makasalanan, na nagkukulang sa pamantayang ito, isang araw ay hahatulan at parurusahan ng Diyos.

Malinaw ang parusa: "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23) - hindi lamang isang pisikal na kamatayan, kundi isang walang hanggang kamatayan. Kahit na ang mga makasalanan ay maaaring mukhang walang kasalanan sa kasalukuyang buhay na ito, sila ay tiyak na hahatulan "ayon sa kanilang mga gawa" sa susunod na buhay (Pahayag 20:13).

Mahal na kaibigan, mayroon ka bang katulad na saloobin sa kasalanan? Napagtanto mo ba na pinatatagal ng Diyos ang paghuhukom hindi dahil sa hindi Siya hahatol, kundi dahil lamang sa kanyang pagkamatiisin at mga awa? Hindi ka ba magsisisi, bago pa mahuli ang lahat?

**Pag-iisip:** Ang lahat ng makasalanan ay kailangang harapin ang paghahatol ng Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, iligtas mo ako mula sa paghahatol na darating.

## ANO ANG PAGBIBIGAY KATWIRAN?

Mga Taga-Roma 5:6-9
Isaulo ang Mga Taga-Roma 5:9
*"...tayo ba ay magkakasala, dahil tayo ay wala sa ilalim ng batas, kundi sa ilalim ng biyaya? Huwag nawang ipahintulot ng Diyos."*

---

Gaano kalaking ginhawa, samakatuwid, na malaman mo na pagdating sa ating kaligtasan, hindi na kailangang magbigay katwiran ang ating sarili sa harap ng Diyos. Sa katunayan, kung kailangan natin, tiyak na tayo ay mabibigo, sapagkat totoong nagkasala tayo! Sa halip, tayo na lumapit kay Hesus para maligtas ay "nabigyang katarungan sa pamamagitan ng kanyang dugo", gaya ng sinasabi sa atin ng pagbabasa ngayon. Ang salitang "bigyang katwiran" dito ay nangangahulugang ipahayag o ituring na makatarungan, walang kasalanan o matuwid. Sa pamamagitan ng dugo na ibinuhos ni Hesu-Kristo para sa atin sa krus ng Kalbaryo, ipinahayag na tayo ay walang kasalanan sa paningin ng Diyos. Tayo ay pinatawad na sa lahat ng ating mga kasalanan, at tinanggap bilang matuwid sa harapan Niya, hindi dahil tayo ay tunay na mabuti, kundi dahil lamang sa katuwiran ni Hesu-Kristo.

Tandaan na ang pagiging makatwiran ay hindi nangangahulugan na agad agad tayong magiging ganap na matuwid, o hindi na tayo magkakasala muli. Habang nananatili tayo sa mundong ito sa ating mga mortal na katawan, sadyang tayo ay magkakamali pa. Ngunit ang katiyakan na mayroon tayo ay, sa mga mata ng Diyos, tayo ay ipinahayag na matuwid, at patatawarin Niya tayo tuwing lalapit tayo sa Kanya ng may pagsisisi.

Kaya wala kahit anong dahilan para ipagmalaki natin ang ating kaligtasan, sapagkat ito ay lubos sa biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo! Mahal na kaibigan, sana ay pasasalamatan mo ang Panginoon araw-araw para sa Kanyang kahanga-hangang regalo ng kaligtasan, upang ikaw ay maging "maligtas mula sa galit sa pamamagitan niya". Ang dakilang doktrina na ito ng ebanghelyo - ang pagbibigay katwiran sa isang makasalanan sa pamamagitan ng simpleng pananampalataya kay Hesus, ay magsasanay sa iyo at papangyarihin ka na matamasa ang kapayapaan kasama ang Diyos, at maging maalab sa paggawa para sa Panginoon. Huwag mo rin sanang kunin ng basta-basta ang Kanyang biyaya at kapatawaran, kundi sa halip ay magsumikap na magkaroon ng isang dalisay at walang kapintasang buhay.

**Pag-iisip:** Ang kaligtasan ay sa biyaya lamang, sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong magkaroon ng isang buhay na dalisay at walang kapintasan.

## ANO ANG PAGKAKASUNDO?

Mga Taga-Roma 5:10
Isaulo ang Mga Taga-Roma 5:10
*"Samakatuwid bilang pinagwalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, ay may kapayapaan tayo sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo."*

---

Noong tin-edyer pa ako, naaalala ko ang pagkakaroon ng ilang tao sa aking buhay na talagang hindi ko gusto. Sa pagbabalik-tanaw, tila ang lahat ng ito ay napakapambata at walang kabuluhan, ngunit ang mga damdamin ng matinding hindi pagkagusto ay napakatotoo sa panahon na iyon.

Ngunit ano ang mga ito, kung ikukumpara sa kung paano tayo itinuring ng Diyos noong hindi pa tayo ligtas? Sinasabi sa atin ng pagbabasa ngayon na, bago tayo naligtas, tayo ay mga kaaway ng Diyos! Ito ay maaaring tulad ng isang matinding salita, ngunit ito ay ganap na naglalarawan sa dating relasyon na umiral sa pagitan ng Diyos at sa atin. Sa panig ng Diyos, ang Kanyang banal at makatarungang kalikasan ay nagbibigay sa Kanya ng pagkapoot sa kasalanan, kaya lahat ng mga makasalanan ay Kanyang mga kaaway. Mga Taga-Efeso 2:2-3 ay naglalarawan sa atin bilang "mga anak ng poot" at "mga anak ng pagsuway" na "lumakad alinsunod sa kurso ng mundong ito".

Sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo sa krus ng Kalbaryo, tayo ay nabigyang katwiran, tayo ay hindi na mailayo mula sa Diyos. Nadala tayo sa isang relasyon, pagkakaibigan at pag-ibig sa Diyos, at natatamasa natin ngayon ang pinagpalang ugnayan at kaisahan sa Kanya. Ang kapayapaan na maaari na nating maangkin ngayon kasama ang Diyos ay isang perpektong pagkakaisa na hindi batay sa ating mabubuting gawa o pagmamahal sa Kanya, kundi ito ay sa pamamagitan ng ginawa ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Siya, bilang ating perpektong tagapamagitan, ay gumawa ng tulay sa malaking golpo na dating umiral sa pagitan natin at ng Diyos, at pinagkasundo tayo sa Kanya.

Kaibigan, nakipagkasundo ka na ba sa Diyos? At kung ikaw ay nakipagkasundo na sa Kanya, sinasabi sa 2 Mga Taga-Corinto 5:19 na ang Diyos ngayon ay "ipinagkatiwala sa amin ang salita ng pagkakasundo", na nangangahulugang dapat nating ipaalam sa iba ang mensaheng ito kung paano sila makikipagkasundo sa Diyos.

**Pag-iisip:** Walang sinuman ang maaaring magkasala sa akin ng higit pa kaysa sa nagawa kong kamalian laban sa Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan Mo akong maging tagapamayapa.

## ANO ANG PAGTATAKIP-SALA?

Mga Taga-Roma 5:11
Isaulo ang Mga Taga-Roma 5:11
*"Paano tayo makatatakas, kung pinababayaan natin ang napakadakilang kaligtasan…"*

---

Ang salitang "pagtatakip-sala" ay may kaparehong ibig sabihin sa salitang tiningnan natin kahapon: "pagkakasundo". Ito ay nagdadala ng ideya na "pagpapanumbalik sa pabor". Sa literal, ito ay mula sa mga salitang, "sa isa"; samakatuwid ito ay may ideya ng dalawang partido na nagkaisa. Ito ay tumutukoy sa ginawa ni Kristo sa Kanyang buhay at kamatayan upang matamo ang ating kaligtasan. Ito ay sumasaklaw sa buong gawain ni Kristo - mula sa Kanyang kapanganakan sa isang sabsaban sa Betlehem mga 2000 taon na ang nakalilipas, sa Kanyang buhay at ministeryo sa loob ng 33 taon na ginugol Niya sa lupa, hanggang sa Kanyang kamatayan sa krus ng Kalbaryo.

Mula sa Kanyang kapanganakan, si Kristo ay may isang tanging layunin sa pagpunta rito sa mundong ito: ang pagkamit ng kaligtasan para sa atin. Iyon ang dahilan kung bakit Siya ay ipinanganak bilang tao, upang Siya ay maging kinatawan natin. Kasabay nito, ang Kanyang kahima-himala na paglilihi at kapanganakan ay nagtiyak na hindi Siya ipinanganak sa kasalanan, kundi isinilang na walang kasalanan. Sa buong buhay Niya dito sa mundo, bagama't Siya ay "sa lahat ng mga puntong tinukso na gaya natin", gayon pa man Siya ay hindi kailanman sumuko sa tukso at nanatiling "walang kasalanan" (Mga Hebreo 4:15). At sa Kanyang kamatayan, Siya ay nanatiling walang kasalanan at ganap na masunurin sa kautusan ng Diyos. "Ibinaba niya ang kaniyang sarili, na naging masunurin hanggang sa kamatayan, kahit na ang kamatayan ng krus" (Mga Taga-Filipos 2:8).

Mahal na kaibigan, nalaman mo ba na ginawa ni Kristo para sa iyo ang kung ano ang hindi mo kayang gawin para sa iyong sarili? Hindi mo na kailangang magdusa sa poot ng Diyos at bayaran ang parusa para sa iyong mga kasalanan, sapagkat naisakatuparan na ni Kristo ang lahat! Ang natitira para sa iyo ay ang kilalanin mong ikaw ay isang makasalanan na nangangailangan ng isang Tagapagligtas, ipahayag ang iyong mga kasalanan at tanggapin si Hesus bilang iyong personal na Panginoon at Tagapagligtas. Hindi mo ba gagawin ito ngayon?

**Pag-iisip:** Kahanga-hanga ang plano ng kaligtasan!
**Panalangin:** Panginoon, iligtas mo ako, sapagkat hindi ko maililigtas ang aking sarili.

## ANO ANG PAGTUTUBOS?

1 Pedro 1:18-19
Isaulo ang 1 Pedro 1:18-19
*"Na siyang nagbigay ng kaniyang sarili para sa atin, upang matubos niya tayo sa lahat ng mga pagsalansang…"*

---

Noong nasa sekondarya pa ako, natatandaan ko kung paanong nais ng lahat na makuha ng kanilang mga kamay ang pinakabagong iPod at Crumpler na bag. Ngayon, ang mga tao sa paligid ko ay laging nagsasalita tungkol sa mga branded na bag, sapatos at damit. Sigurado ako na mayroon kang katulad na mga karanasan - marahil sa iyong mga kaibigan sa paaralan, o marahil ikaw mismo! Ang materyalistikong mundo na tinitirahan natin ay nagbibigay ng mabigat na timbang sa mga ganoong mga ari-arian.

Ngunit ano ang lahat ng mga materyal na bagay na ito, kung ihahambing sa pinakadakilang regalo na matatanggap ng isang tao? Sa pagbabasa ng araw na ito, mababasa natin na tayo ay tinubos hindi "sa mga bagay na nasisira, gaya ng pilak at ginto", kundi "sa mahalagang dugo ni Kristo!" Ang salitang "natubos" sa talatang ito ay nangangahulugang "pantubos", at literal na tumutukoy sa isang presyo na ibinayad para sa pagtubos ng mga bihag, halimbawa, mga taong nadukot. Para sa atin, lahat tayo ay likas na bihag sa kasalanan, "napapailalim sa pagkaalipin" (Mga Hebreo 2:15) sa kasalanan at sa kay Satanas. Sa ilalim ng sumpa ng kasalanan, tayo ay nahatulan ng walang hanggang kamatayan at pagdurusa. Gayunman, dahil ni Kristo na pumarito sa mundong ito upang "ibigay ang kanyang buhay na pangtubos para sa marami" (Mateo 20:28), tinubos tayo mula sa pagkaalipin. Si Hesus ay namatay sa ating lugar nang hindi na natin kailangang bayaran ang parusa para sa ating mga kasalanan.

Mahal na kaibigan, pinahahalagahan mo ba ang kahanga-hangang kaloob na ito ng kaligtasan? Ang pilak at ginto at lahat ng materyal na pag-aari na maibibigay ng mundong ito ay "mga bagay na nasisira", mga bagay na hindi maaaring tumagal ng lampas pa sa libingan. Gayunman, ang dugo ni Kristo ay higit na mahalaga kaysa sa anumang bagay sa mundo, sapagkat may kapangyarihan itong magligtas at magbigay ng buhay na walang hanggan. Ang ilan sa iyong mga paboritong himno at espirituwal na mga awit ay tungkol sa dugo ni Kristo. "O precious is the flow that makes me white as snow." ♫ ♫

Ang tanong ay, ito ba ay mahalaga sa iyo?

**Pag-iisip:** "Kantahin, O kumanta ng aking Manunubos, sa Kanyang dugo Binili Niya ako!"
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa Iyong mahalagang regalo ng kaligtasan.

## ANO ANG PAMAYAPA?

Mga Taga-Roma 3:25
Isaulo ang 1 Juan 2:2
*"At siya ang pamayapa para sa ating mga kasalanan…"*

---

Alalahanin ang huling panahon na sobra mong ginalit ang isang tao. Paano mo siya pinatahimik? Marahil, kinailangan mong humingi ng tawad, o marahil ay gumawa ka ng isang bagay na nakalulugod para sa kanya bago ka niya pinatawad.

Ganito rin ang mga bagay sa pagitan ng Diyos at sa atin. Ang ating mga kasalanan ang pinagmulan ng ipinakita Niyang poot at matuwid na galit para sa atin. Sa ating hindi pa ligtas na kalagayan, walang karapat-dapat para sa atin kundi ang walang hanggang pagsumpa dahil sa lahat na mga kasalanan natin. Sapagkat Siya ay banal at makatarungan, ang Diyos ay hindi basta-bastang makapagpatawad sa atin - ang Kanyang poot ay dapat na mapapayapa. Nakamit ito ni Kristo sa pamamagitan ng pagiging isang "pamayapa" para sa atin. Ang salitang 'pamayapa' ay nangangahulugang sakripisyo na nagdusa ng poot ng Diyos, kung kaya ang poot ng Diyos para sa atin ay napalitan ng pabor. Sa pamamagitan ng pagbigay ng Kanyang buhay sa krus at pagpadanak ng Kanyang dugo, napawi ni Kristo ang galit ng Diyos at pinanumbalik tayo sa isang tamang ugnayan sa Kanya.

Ang Mga Taga-Roma 3:25 ay nagsasabing ito ay talagang isang pag-aayos na 'itinadhana' ng Diyos. Ito ay kalooban ng Diyos na si Hesu-Kristo ay pumarito upang pahupain ang Kanyang galit. Anong dakilang pagmamahal ito, na pinili ng Diyos na parusahan ang kanyang sariling Anak, upang makatanggap ang sangkatauhan ng kapatawaran ng mga kasalanan.

Mahal na kaibigan, kinikilala mo ba ang katotohanan na ikaw ay ganap na karapat-dapat sa poot ng Diyos, at kailangan mong tumalikod palayo sa poot na ito? Naalis na ni Kristo ang poot ng Diyos sa iyong lugar, sa pamamagitan ng pagiging pamayapa para sa iyo. Gayunpaman, ang sakripisyong ito ay hindi mo magagamit maliban kung tanggapin mo si Hesus bilang iyong Tagapagligtas. Hindi mo ba ito gagawin ngayon, "sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang dugo"?

**Pag-iisip:** Si Kristo ang nagdusa ng poot ng Diyos na sana ay akin.
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa pagpapadala kay Panginoong Hesu-Kristo upang maging pamayapa para sa aming mga kasalanan.

## ANO ANG KAHULUGAN NG IPANGANGANAK MULI?

Juan 3:5
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 5:15
*"…kung saan ang iyong kayamanan ay naroroon, ay doon din paroroon ang iyong puso."*

---

Isaalang-alang ang tanong ni Nicodemus sa naunang talata. "Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? Makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?" Si Nicodemus ay isang Pariseo, isang pinuno ng mga Hudyo. Dahil sa kanyang kapanganakan at buhay na kanyang kinalakihan, mayroon siyang ayos na katayuan sa lipunan. Hindi lamang na ang konsepto ng pagiging ipinanganak na muli ay kakaiba, kakailanganin o nanaisin kaya ng isang taong tulad niya ang ipanganak muli? Mayroon pa bang, isang mas nakahihigit na kapanganakan kaysa sa kanya? Tiyak na wala! Ipapanganak muli? Salamat nalang. Hindi kinakailangan.

Gayunpaman, ang problema ni Nicodemus ay talagang hindi niya naunawaan kung ano ang ibig sabihin ni Kristo tungkol sa pagiging 'muling ipinanganak'. Ang kapanganakan ay naglalarawan ng simula ng lahat ng bagong buhay. Kung walang bagong pagsilang, hindi maaaring may maging isang bagong buhay. Ang ating unang kapanganakan ay sa laman ngunit itong pangalawang kapanganakan ay sa Banal na Espiritu (Juan 3:6). Ang "tubig" sa bersikulo 5 ay tumutukoy sa salita ng Diyos, kung saan ito ay ginagamit ng Banal na Espiritu para mahatulan natin ang ating sarili na makasalanan at upang maturuan tayo tungkol kay Kristo na ating Tagapagligtas. Ang bagong kapanganakan ay isang espirituwal na kapanganakan na nagdadala ng isang bagong buhay kay Kristo.

Si Nicodemus ay may malaking kaalaman; at hinangaan at kinilala niya ang mga turo at himala ni Kristo, at na Siya ay isang guro na ipinadala mula sa Diyos. Ang ilan sa atin ay maaaring katulad ni Nicodemus – na may mga panlabas na anyo ng Kristiyanismo. Ipinanganak tayo sa isang Kristiyanong tahanan, may maraming Kristiyanong kaibigan, kaalaman sa Bibliya, at masigasig na pumapasok sa simbahan. Marami ang nagsisikap na mamuhay ng mabuti at moral na buhay. Ngunit hindi ito nangangahulugan na sila ay ipinanganak nang muli. Ang buhay na ito ay nananatili sa laman.

**Pag-iisip:** Ako ba ay namumuhay ng isang bagong buhay sa espiritu o simpleng pinagtatagpi-tagpi lang ang isang luma ng mga mabubuting gawa at kaalaman? Paano ko malalaman?
**Panalangin:** Sana kay Kristo ako ay isang bagong nilalang: kung saan ang mga lumang bagay ay lumipas na at ang lahat ng bagay ay naging bago.

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG PAG-AAMPON?

Mga Taga-Roma 8:15
Isaulo ang Mga Taga-Galacia 4:7
*"...na dahil dito tayo ay sumisigaw, Abba, Ama..."*

---

Sa ating likas na makasalanang kalagayan ng kawalan ng pananampalataya, lahat tayo ay mga kaaway ni Kristo. Wala tayong kaugnayan kay Kristo, maliban sa pagiging kaaway at rebelde. Tayo ay nasa ilalim ng espiritu ng pagkaalipin sa kasalanan, kung saan wala tayong pagpipilian kundi ang magkasala. Ang espiritu ng pagkaalipin ay nagbubunga lamang ng takot. Hindi nito magagawang maipagkasundo tayo kay Kristo. Ngunit kapag natanggap natin si Kristo, natatanggap natin ang espiritu ng pag-aampon sa pamilya ng Diyos at magsisimula ang kaugnayang anak at Ama. Tinatrato tayo ng Diyos bilang Kanyang mga anak at tinatanggap Niya tayo ng may pagmamahal at pag-ibig.

Sa isang gawaing pag-aampon, ang isang magulang ay tatanggap ng isang estranghero sa pamilya, na parang kanyang sariling anak, at tratuhin at isaalang-alang na kanyang laman at dugo. Ito ay tanging karapatan ng magulang, hindi ng bata. Kaya't ito ay sa Banal na Espiritu na nag-ampon sa atin sa pamamagitan ng ebanghelyo. Tayo ay mga estranghero, espirituwal na mga ulila, ngunit magiliw na tinanggap sa pamilya ng Diyos. Dahil dito, ibinibigay sa atin ang mga pribilehiyo at karapatan ng isang anak. Isa na rito ay ang makatawag sa Diyos na Abba Ama. Ang "Abba" ay ang salitang Aramaiko para sa Ama. Tayo bilang mga inampon na mga anak ay maaari na ngayong dumaing sa Kanya ng, "Ama, ama."

Ngayon na ikaw ay inampon, namumuhay ka na ba bilang isang anak ng Diyos, bilang isang tagapagmana ng Kanyang kaharian, o bilang isang espirituwal na ulila, isang anak ng mundo? Ang isang ulila ay walang mga alituntunin at regulasyon na sinusunod at walang paghihigpit. Siya ang sarili niyang amo. Ang isang ulila ay walang sinuman na nagmamalasakit, nagtuturo at nagbibigay para sa kanya. Walang nagmamahal sa kanya. Mayroon tayong isang makalangit na Ama na malalapitan, na hindi nagbibigo kailanman, hindi nagpaparusa nang di makatarungan at hindi nang-iiwan. Binigyan ka ng pribilehiyong makapagdasal at makapagbasa sa Kanyang salita.

**Pag-iisip:** Kasama ng pribilehiyo ang pagdating ng mga responsibilidad. Isaalang-alang kung ano ang iyong mga responsibilidad sa Diyos bilang anak Niya, at sa iyong kapwa tao.
**Panalangin:** Sana ay magsusumikap akong mamuhay bilang tagapagmana ng kaharian ng aking Ama sa Langit, ganap na gumagamit ng mga pribilehiyong ipinagkaloob, at tinutupad ang aking mga responsibilidad.

## PAANO NATAMO NI KRISTO ANG TAGUMPAY LABAN SA KAMATAYAN?

1 Mga Taga-Corinto 15:57
Mga Taga-Roma 6:23
*"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan..."*

---

Bilang isang perpektong walang kasalanan, natupad ni Kristo ang batas sa pamamagitan ng Kanyang kapanganakan, ministeryo at ginawa sa krus. Namatay siya para sa ating mga kasalanan upang mabayaran ang multa ng ating mga kasalanan. Nakamit Niya ang tagumpay laban sa kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay para sa ating mga hinatulan ng kamatayan. Bagaman namatay si Hesus sa krus, gayunpaman alam natin na Siya ay muling nabuhay mula sa patay pagkalipas ng 3 araw. Sa ganito, ipinahiwatig ng Diyos na tinanggap Niya ang sakripisyo ni Kristo, at ngayon Siya ay nabubuhay na muli bilang isang testamento na ang kamatayan ay natalo, at ang lahat ng naniniwala kay Kristo ay magkaroroon ng gayunding muling pagkabuhay! Ito ang tagumpay na ginawa ni Hesus para sa atin - ang buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Kristo, at ni Kristo lamang. Gayunpaman, ang ating kasalukuyang nabubulok na katawan ay mamamatay, sapagkat bilang laman at dugo sila ay hindi maaaring magmana ng kaharian ng Diyos (1 Mga Taga-Corinto 15:50). Kapag tayo ay binuhay mula sa mga patay, ang ating mga nabubulok na katawan ay mababago sa pagkamaluwalhati at ang kamatayan ay kakainin ng tagumpay (1 Mga Taga-Corinto 15:54).

Ano ang dapat nating tugon sa ganitong kaalaman? Kapag alam natin na ang ating Panginoong Hesu-Kristo lamang ang Siyang nakapagkamit ng tagumpay na ito para sa atin, paano ito maka-aapekto sa ating kasalukuyang buhay?

Una, maaari nating titigan ang kamatayan sa mukha, at magtanong "O kamatayan, nasaan ba ang iyong tibo? O libingan, nasaan ba ang iyong tagumpay?" (1 Mga Taga-Corinto 15:55). Hindi na tayo matatakot sa kamatayan, sapagkat alam natin na ang kamatayan ay hindi ang wakas, kundi ang simula ng kawalang hanggan kasama ang Diyos.

Pangalawa, dapat ay mapuno tayo ng pagkilala ng utang na loob at pagpasalamat para sa lahat na ginawa ni Kristo para sa atin. Sumigaw tayo kasama ni Pablo, "ngunit salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo!".

**Pag-iisip:** Dapat bang matakot ang mga Kristiyano hinggil sa kamatayan?
**Panalangin:** Salamat sa Diyos, na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu-Kristo.

## MAHALAGA BA NA SI KRISTO AY MULING NABUHAY?

1 Mga Taga-Corinto 15:20
Isaulo ang Mga Hebreo 12:2
*"...ang tagapanguna at tagaganap ng ating pananampalataya..."*

---

Isaalang-alang ang mga katotohanang ito:

- Ang kamatayan ni Kristo, paglibing at muling pagkabuhay sa ika-3 araw ay ayon sa kasulatan (1 Mga Taga-Corinto 15: 3-4).
- Ang mga disipulo at si Pablo (at ang iba pa) ay nagpatotoo na kanilang nakita ang Kristong nabuhay muli (1 Mga Taga-Corinto 15:5-8). Nagkamali ba sila? O mas masahol pa, sila ba ay mga sinungaling?
- Kung si Kristo na ating Panginoon, ang anak ng Diyos ay walang kapangyarihan laban sa kamatayan, ano na lang ang mga namatay sa pananampalataya? Nawala ba silang ganap sa kawalang hanggan? (1 Mga Taga-Corinto 15:18)
- Si Kristo mismo ang nagsabi na Siya ay muling mabubuhay (Mateo 16:21, Lucas 24:7). Hindi ba natin pagkatitiwalaan ang mga salita na ipinahayag ng ating Panginoon?
- Kung si Kristo ay hindi nabuhay, patay pa rin tayo sa ating mga kasalanan (1 Mga Taga-Corinto 15: 7).

Kung si Kristo ay hindi nabuhay, ang ating pananampalataya ay walang kabuluhan! Ito ay walang saysay. Naniniwala ka ba na totoo ang Bibliya at tunay na nabuhay si Kristo? Ang mga unang bunga ay, gaya ng ipinahihiwatig ng pangalan, ang mga unang bunga ng pag-aani na inihandog sa Diyos ng Kanyang mga tao. Si Kristo ang unang nabuhay mula sa mga patay sa Kanyang niluwalhating katawan, at sa paggawa nito ay pinangunahan Niya ang gayong muling pagkabuhay ng lahat na naniniwala sa Kanya.

Sa kasalukuyan, ang medikal at pang-agham na kaalaman ay patuloy na umuunlad nang mabilis. May mga pampagaling sa mga sakit na maaring pumatay ng hindi mabilang noong nakaraan. Iniisip ng tao na siya ay matalino at makapangyarihan. Samantalang ang mga ito ay maaaring magamit para sa mabuti, dapat ay pagmamasdan ito ng mga Kristiyano ng may matalas na pang-unawa. Dapat nating maintindihan na ang mga panggagamot na ito ay ipinagpaliban lamang ang hindi mapipigilang kamatayan, kahit na ikaw ay mayaman, mahirap, bata, matanda, marunong o simple. Bilang mga Kristiyano ang tanging pag-asa natin ay nasa kay Kristo na nabuhay muli.

**Pag-iisip:** Ano ang iyong pananaw sa buhay at kamatayan?
**Panalangin:** Sana ay hindi ako magiging abala at nahuhumaling sa pagpapahaba ng aking pisikal na buhay dito sa lupa.

## ANONG KATAWAN MAYROON SI KRISTO NANG SIYA AY NABUHAY MULI?

Lucas 24:36-43
Isaulo ang Mga Hebreo 11:1
*"Ngayon, ang pananampalataya ay ang katunayan ng mga bagay na inaasahan, ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita."*

---

Si Hesus ay bigla at supernatural na nagpakita sa isang pagtitipon ng mga disipulo, at sila ay talagang nagulat. Akala nila ay nakakita sila ng isang espiritu at sila ay natakot. Tiniyak sa kanila ni Kristo na hindi siya espiritu, sapagkat pinatingnan at pinahawakan Niya ang kanyang mga kamay at paa. Siya ay isang tunay na pisikal na tao na may laman at mga buto!

Nang maglaon, si Tomas na hindi nakasama ng iba pang mga disipulo ay nagpumilit "...Maliban na makikita ko sa kaniyang mga kamay ang pinagpakuan ng mga pako, at maisuot ang aking daliri ko sa pinagpakuan ng mga pako, at maipasok ang kamay ko sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako mananampalataya" (Juan 20:25). Ang Panginoon ay mapagbiyayang nagpakita at nagpakababang tinupad ang kulang ng pananampalatayang kahilingan ni Tomas, na nagdala sa kanya sa pagtugon: "Panginoon ko at Diyos ko" (Juan 20:28).

Ang muling nabuhay na katawan ni Kristo ay isang tunay, pisikal, at materyal na katawan. Iyon mismo ang Panginoon na nabuhay mula sa mga patay. Hindi siya isang pangkaraniwang espiritu. Ang muling nabuhay na katawan ay nagdala ng mga pilat at mga marka ng Kanyang pagkapako at kamatayan sa krus. Ito rin ay isang buhay na katawan na kumain ng inihaw na isda at bahay-pukyutan (Lucas 24:42). Gayunpaman, may isang supernatural na aspeto, kung saan Siya ay biglang nagpakita sa gitna ng mga disipulo, na dumaan sa dingding.

Mahal na kaibigan, anong pinagpalang katiyakan na mayroon tayo na si Kristo ay nabubuhay at nakaupo sa kanang kamay ng Diyos na namamagitan para sa atin. Ngunit naniniwala ka ba? O kaya'y kapareho ka ni Tomas? Ginusto niyang makakita muna bago siya maniwala. Ano ang sinasabi ni Kristo sa mga taong naniniwala na hindi kailanman nakakita?

(Hanapin ang sagot sa Juan 20:29)

**Pag-iisip:** Ang pananampalataya ay paniniwala na kung ano ang sinasabi ng Diyos ay gagawin Niya.
**Panalangin:** Ang aking Panginoon at ang aking Diyos ... nawa'y ang aking pananalig ay lubos na nakasalalay sa kung ano ang naitala ng Kasulatan para sa atin.

## ANO ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN?

Pahayag 21:4
Isaulo ang Awit 71:8
*"…sapgaka't ang mga naunang bagay ay lumipas na."*

---

Ang pangunahing layunin ng tao ay ang luwalhatiin ang Diyos at matamasa Siya magpakailanman. Ang pagluwalhati sa Diyos, ay ang pagpuri; pagdakila at paggalang sa Kanya sa pagsamba, sa kaisipan, sa mga awit ng papuri o sa mga salita. Maluluwalhati din natin ang Diyos sa pamamagitan ng banal na buhay na ipinamuhay natin - pagpapatunay na ang Banal na Espiritu ay nasa ating buhay. Ano ang mga paraan na kung saan ay tinatamasa natin ang Diyos? Makipag-usap tayo sa Kanya, gumugol ng panahon sa Kanyang presensya, pag-isipan Siya, alamin pang higit ang tungkol sa Kanya. Maaari ba nating malaman ng marami ang tungkol sa Panginoon, o gumawa ng sapat para sa Kanya kung tunay na mahal natin Siya? Kung gayon, ang ating pangunahing layunin sa langit ay mananatiling hindi magbabago - ang luwalhatiin ang Diyos at tamasahin Siya magpakailanman.

Gayunpaman, sa kawalang hanggan, ang mga kalagayan sa paggawa natin nito ay magkaiba. Walang luha, walang kamatayan, walang kalungkutan, walang sakit, walang alalahanin, walang nasasaktan, walang pagkabigo, walang galit, at walang panibugho! Ang Diyos mismo ang magpapahid ng ating mga luha magpakailanman. Samantalang maaari at magagawa nating tamasahin ang Diyos at luwalhatiin Siya dito sa mundong ito, ang pamamaraan ay hindi perpekto. Malimit nating pinaglilingkuran ang Panginoon nang may magkahalong mga motibo, madaling tayong panghinaan ng loob, o masaktan. Bumubulong bulong tayo at nagrereklamo, at madaling mainip o mapagod. Umawit ka ba ng isang himno ngunit ang iyong isip ay nasa kung saan? Nakikinig sa isang makabagbag damdamin na sermon na sumaling sa iyong puso ngunit natandaan lang ito sa isa o dalawang araw lamang? Ang ating kaugnayan sa Panginoon ay nagiging maligamgam o malamig. Madali natin Siyang makalimutan.

Sa kawalang hanggan, ang kasalanan ay walang lugar. Ang ating kaugnayan sa Diyos ay magiging perpekto. Tatamasahin at luluwalhatiin natin Siya nang ganap. Ibababa natin ang ating mga pasanin. Buong puso nating awitan at purihin ang Diyos sa araw-araw.

**Pag-iisip:** Ano ang katulad ng makita ang Diyos ng harapan?
**Panalangin:** Masusuri ko sana ang aking puso at ang aking buhay at maaalis ko ang mga bagay na pumipigil sa akin sa pagtamasa at pagluwalhati sa Diyos.

## HINDI BA NAKAIINIP ANG LANGIT?

Mga Awit 16:11
Isaulo ang Pahayag 21:6-8
*"Sa tahanan ng aking Ama ay maraming mga mansyon…"*

---

May mga taong may maling pananaw kung ano ang katulad ng langit. Ipinalalalagay nila na kung ang mga bagay sa mundo ay mawawala na, walang magiging gawin sa langit, kundi ang umupo sa ulap at tumugtog ng isang himig gamit ang alpa. Ang mga ito ay naliligaw ng mga maling haka ng kanilang imahinasyon.

Ang ating mga pananaw, pag-iisip at pang-unawa ay dapat nakatuon sa kung ano ang itinuturo ng Bibliya. Ito ang ating awtoridad at ito ang katotohanan. Ang langit ay hindi magiging nakaiinip dahil ang makapangyarihang Diyos, tagapaglikha ng langit at ng lupa at may-akda ng ating kaligtasan ay naroroon. Ang langit ay kung saan naninirahan ang Diyos. Sinasabi sa atin ng Mga Awit 16:11 na sa Kanyang presensya ay kapunuan ng kagalakan. Makikita natin Siya nang harapanan - sa personal. Nailarawan mo ba sa isip mo kung ano ang magiging katulad nito? Sa kanan ng Diyos, ang lugar ng pinakamataas na karangalan ay magkakaroon ng mga kasiyahan magpakailanman. Mga kasiyahan na magpapatuloy at walang katapusan.

Ang langit ay tunay na isang kalugod-lugod na lugar. Kung ang nilikha ng Diyos ay napakaganda at kahanga-hanga sa lupa, ano ang magiging katulad ng langit? Mayroong higit pang mga kasiyahan na magagalugad at mararanasan. Ang langit ay magiging higit pa kaysa sa kung ano ang maibibigay ng lupa. Bukod pa, sa ating mga niluwalhating katawan, hindi na tayo maaaring magkasala, at magagawa na nating matamasa at pahalagahan ang mga kaluwalhatian ng langit nang may perpekto, walang kasalanang puso.

Mahal na kaibigan, naisip mo ba sa iyong sarili, na kung makakamit ko lang ito o makukuha ang pag-aari nito, ay magiging masaya ako? Nakuha mo ito at naging maligaya at kontento. Sa langit sasabihin mo ba sa Diyos, pakiusap, wala nang mga kasiyahan? Hindi ko nais na manirahan sa mansyon na inihanda mo para sa akin ni lumakad sa mga kalye ng ginto! Nanalangin ka ba sa Diyos na ihinto ang pagbabasbas sa inyo? Sa langit, tayo ay makapagpahinga mula sa lahat ng ating mga gawain, at tatanggap ng ating mana at tatamasa ng perpektong pakikisama sa Diyos at sa ating kapwa mga banal. Ito ba ang hinahanap mo?

**Pag-iisip:** Talaga bang kapana-panabik at kasiya-siya ang mundong ito?
**Panalangin:** Sana ay tumubo akong nagmamahal sa Panginoon nang higit pa sa bawat pagdaan ng araw.

## GAANO KATAGAL ANG KAWALANG HANGGAN?

Pahayag 21:23, 22:5
Isaulo ang Pahayag 21:23
*"sapagka't ang kaluwalhatian ng Diyos ang nagliliwanag nito..."*

---

Mayroon lamang dalawang lugar kung saan maaari nating gugulin ang kawalang hanggan: langit o impiyerno. Ang bawat isa sa atin ay ilalagay sa isa sa dalawang lugar na ito sa araw ng paghahatol upang magiging doon magpakailanman. Ang salita ng ating Panginoon tungkol sa kawalang hanggan sa Mateo 25:46 ay nagsasabing, "At ang mga ito ay magpupunta sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa't ang mga matuwid sa buhay na walang-hanggan". Pansinin na ang tagal ng mga nawawala sa Impiyerno ay siya ring tagal ng mga nakaliligtas sa Langit, "magpakailanman at kailanman". Mahirap para sa ating mga mortal na maunawaan kung gaano katagal ang kawalang hanggan.

Mahirap ilarawan sa isip ang kawalang hanggan. Kahit ang isang segundo ay maaaring maging isang mahabang panahon. Ang ating mga buhay dito sa lupa ay namamarkahan ng oras - segundo, minuto, oras ... araw at gabi. Ang oras ay parehong lumilipad at gumagapang, ngunit kalimitan ay lumilipad ito. Ang mga pagsusulit ay pinupunyagi ng may kahirapan at walang katiyakan. Gayunpaman, parang hindi sapat ang oras para mag-aral. Kapag gumagawa ng isang bagay na ating tinatamasa, mabilis ang paglipad ng oras.

Sa lugar kung saan ako lumaki, sa gitna ng taglamig ay madilim na bago ako makauwi sa bahay mula sa paaralan bandang 5:30 ng hapon at madilim pa rin nang umalis ako sa umaga. Inasam ko ang mahabang araw ng tag-init. Isipin ang ating buhay dito sa lupa na parang isang mahabang gabi, at ang kawalang hanggan sa Langit na parang isang nakalulugod na walang katapusang araw. Ang lahat ay magiging malinaw at maliwanag dahil makikita at mararanasan natin ang lahat ng bagay na may kaganapan kapag tayo ay maghahari kasama ang Panginoon magpakailanman.

Ang ating buhay dito sa lupa ay nagtatapos. Ngunit ang ating buhay sa langit ay walang katapusan. Gawin ang pinakamahusay na paggamit ng iyong oras dito. Mahal na kaibigan, anuman ang gagawin mo, gawin mo ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos.

**Pag-iisip:** Dahil ang iyong buhay dito ay parang isang singaw lamang, paano natin dapat na harapin ang mga pagsubok sa liwanag ng kawalang hanggan?
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo kaming maunawaan na ang aming kapighatian ay pang ilang sandali lamang, na gumagawa para sa amin ng mas higit pa at walang hangganang kahalagahan ng kaluwalhatian.

## HINDI BA MAKIKITA ANG LANGIT DITO SA LUPA?

PPahayag 21:27
Mga Taga-Filipos 4:8
*"…anumang mga bagay na dalisay"*

---

Oo, may pag-ibig sa langit ngunit ito rin ay isang lugar ng perpektong kabanalan, dalisay na kagalakan at maka-diyos na kagandahan. Ang paniniwala ng karnal at makasalanang mundo sa kung ano ang pag-ibig at kagalakan ay hinding hindi matatagpuan doon. Sa halip, ang mga kasalanan ng mundo ay magkaroroon lamang ng lugar sa impiyerno.

Sa langit, na may presensya ng Diyos, na may banal na lunsod ng bagong Herusalem na naiilawan ng kaluwalhatian ng Diyos - ito ay magiging perpekto. Walang sinumang makasalanan ang makapapasok sa langit. Tanging ang mga ipinanganak muli na mga Kristiyano na ang mga kasalanan ay nalinisan ng dugo ni Kristo ang makapapasok. Ang kasalanan ay kabaligtaran at/o kasalungat sa lahat ng tungkol sa Diyos, na Siyang banal. Ang kasalanan ay kasuklam-suklam sa Panginoon – napopoot Siya sa kasalanan ng ganap at perpektong kapootan. Isipin kung posibleng makapasok sa langit ang kasalanan. Ano ang magiging epekto nito? Kahit ang isang maliit, pinakamaliit na butil ng kasalanan ay makamamantsa at makasisira sa Langit. 99.99% dalisay ay hindi dalisay anuman. Ang langit ay hindi na magiging langit!

Sa kabaligtaran, dito sa mundo, mas higit ba ang nakikita mong kabanalan ng Diyos o kasamaan ng tao? Kahit sa unibersal na iglesya, ang minamahal na mapapangasawa ni Kristo, may kasalanan ba? Ano kaya sa iyong lokal na simbahan? Oo siguro sa pamamagitan ng panalangin, pagsamba at pakikisama sa mga banal ay mayroon tayong sulyap at patikim ng langit, ngunit maaari ba nating sabihin na ang langit ay totoong naririto sa mundong ito?

Ang langit ay wala rito sa lupa at hinding hindi maaari dahil sa kasalanan. Ang kasalanan ay nakahahawa sa lahat. Suriin lamang ang nakaraang araw ng iyong buhay. Gaano ka-dalisay ang iyong mga inisip at pagkilos? Magagawa mo bang pasukin ang Langit batay sa mga ito? Hangga't tayo ay nasa mundo pa, ang Kristiyano ay hindi kailanman makatatagpo ng perpektong kapayapaan at kasiyahan, sapagkat nanaisin niya ang perpektong kabanalan na maaari lamang makamit sa langit. Mahal na kaibigan, ito rin ba ang gusto mo?

**Pag-iisip:** Ang pananaw mo ba sa mundong ito ay naiiba sa mga kaibigan at pamilya mo na hindi mananampalataya?
**Panalangin:** Ama sa langit, sana ako ay maging asin at liwanag para sa Iyo sa makasalanang mundo na ito.

## PAANO KUNG MAS NALULUGOD AKO SA MUNDONG ITO?

Marcos 8:34-38
Isaulo ang Marcos 8:36
*"...ano ba ang maibibigay ng isang tao na kapalit para sa kaniyang kaluluwa?"*

---

May sinasabi si Hesus tungkol sa dalawang bagay na nakataya: ang isa ay ang iyong kaluluwa, at ang isa pa, ang mga bagay sa mundo. Ang mga bagay sa mundo ay nakagagayuma at nakalilinlang; marami ang mga bagay na dapat gawin, makamit at maranasan: kaalaman, reputasyon, kayamanan, kaginhawahan, kagandahan, katanyagan, kapangyarihan. Sino sa kanilang tamang pag-iisip ang hindi magnanais ng kahit ilan sa mga bagay na ito? Buweno, kailangan mong magtrabaho para dito. Ngunit ang mga bagay ng mundo ay tatagal lamang sa iyo habang ikaw ay buhay pa ngunit hindi mo maaaring dalhin ang mga ito sa langit. Sa kaibahan, ang iyong kaluluwa ay walang hanggan, at mayroon ka lamang isa nito. Kahit na makuha mo ang buong mundo, hindi ito katumbas sa halaga ng iyong kaluluwa!

Pag-isipan ang lahat ng mga bagay na ninais mo at/o pinagtatrabahuan mo ngayon. Nakapagbigay ba sila ng lubos na kasiyahan sa iyo? Kung magtatapos ang buhay mo, gugunitain mo ba at ikalulungkot na sa iyong buhay ay kulang pa ang natamasa mo sa mundo at iiwanan mo na ito? Hindi mali ang magnanais na makamit ang mabuting pamumuhay. Ngunit bilang mga Kristiyano, mayroon na tayong kalayaan na hindi magnasa sa kanila, hindi na alipin sa buong pusong pagtugis sa kanila sa paniniwalang sila ang kapanatilihan ng lahat at ang katapusan ng lahat. Ano ang sinabi ni Haring Solomon? "Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat ng mga gawa, na ginawa ng aking mga kamay, at ang gawain na aking pinagsikapang gawin; at, narito, lahat ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala, at walang pakinabang sa ilalim ng araw" (Kawikaan 2:11).

Mahal na kaibigan, maaari bang tunay mong minamahal ang Panginoon gayunman ay mas higit pa ang pagmamahal mo sa mundong ito? Mayroon ding isang halaga na babayaran kung nais mong sundin si Kristo. Ang paggugol ng lahat ng iyong oras, pera, talento sa pagtamasa ng mundo ay magiging kapinsalaan ng mga bagay ng Panginoon at ng Kanyang Kaharian. Ito ay isang hamak na palitan. Nawa'y matutunan nating buhatin ang Kanyang krus at sundin Siya.

**Pag-iisip:** Nabilang mo na ba ang halaga ng pagsunod kay Kristo? Napakamahal ba nito?
**Panalangin:** Ama sa langit, nawa'y magkaroon ako ng mga dakilang ambisyon para kay Kristo at magdala ng kaluwalhatian sa Iyo.

## ANO ANG PINAGPALA NATING PAG-ASA?

Kay Tito 2:13
Isaulo ang Kay Tito 2:13
*"maalab na pag-asam at aking pag-asa."*

---

"Nagawa na nila ang lahat na kanilang makakaya at ang magagawa na lang nila ngayon ay ang umasa sa pinakamabuti." Ganito ang pagtanaw ng mundo sa pag-asa. Ang tingin nila sa pag-asa ay isang nakababagabag na kawalan ng katiyakan. Ang mga Kristiyano, sa kabilang banda, ay pinapakahuluganan ang pag-asa bilang "may nakatitiyak na pag-aasam".

Sa Tito 2:13, makikita natin na ang ating pag-asa ay nakasentro sa isang tao - sa kay Panginoong Hesus-Kristo, at ang Kanyang Ikalawang Pagparito. Tulad ng kung paanong ang mga tao noong nakaraan ay naghintay ng may pag-asam sa unang pagparito ni Kristo, naghihintay tayo ngayon kasama ang pananalig sa "maluwalhating pagpapakita ng dakilang Diyos at ating Tagapagligtas na si Hesu-Kristo". Ito ay hindi isang malayong kaganapan na maaari o hindi maaaring mangyari ngunit ito ay isang tiyak na araw sa hinaharap, nakumpirma ito ng testimonya ng salita ng Diyos at ng Kanyang Espiritu sa ating mga puso. Tinatawag din itong "pinagpalang pag-asa" na nagpapakita kung gaano kahalaga at kasigla ito sa atin.

Kung wala ang pag-asa ng Kristiyano, sukdulang napakahirap na mahanap ang kabuluhan ng ating buhay. Ito ay lalong lalo na ngayong panahon na ito kung saan ang kasalanan ay napakalaganap at ang pagnanasa sa Diyos ay napakadalang na ang ating mga kaluluwa ay nagugulo sa araw-araw. Ang pag-asa sa Ikalawang Pagparito ni Kristo ay tumutulong sa atin upang maunawaan ang kasalukuyang kalagayan at malaman na ang mga bagay na nangyayari ngayon ay mga palatandaan na ang araw ng Panginoon ay "malapit na, maging nasa mga pintuan na" (Mateo 24:33). Ang kaalamang ito na si Kristo ay darating muli sa lalong madaling panahon ay nagpapasigla sa isang Kristiyano sa kanyang paglakad.

Mahal na kaibigan, ang pag-iisip ba sa ikalawang pagdating ni Kristo ay nagpupuno sa iyo ng pag-asa? Gusto ng Diyos na tayo ay nasa isang saloobin ng pag-asa. Ang saloobing ito ay makakaimpluwensya sa ating mga pagkilos at sa paraan ng ating pamumuhay, isinasagawa ang ating pang-araw-araw na praktikong pagpipili. Tiyak na hindi natin ilalagay ang ating mga kayamanan sa lupa kundi sa langit. Papatayin natin ang ating mga kasalanan araw-araw.

**Pag-iisip:** Gaano kahalaga sa iyo ang pag-asa ng pagbabalik ni Kristo?
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong hindi masiraan ng loob sa kasalukuyang mundo at sa aking kasalukuyang kalagayan.

## NINANAIS KO BANG MAKASAMA ANG DIYOS MAGPAKAILANMAN?

Pahayag 21:3
Isaulo ang Pahayag 21:3b
*"...at ang Diyos mismo ay makakasama nila, at magiging Diyos nila."*

---

Kapag iniisip natin ang isang tabernakulo, naaalala natin ang tabernakulo doon sa desyerto nang ang mga anak ng Israel ay isinagawa ang kanilang apatnapung-taong paglalakbay patungo sa Lupang Pinangako. Ito ay isang tolda na itinayong sadya ayon sa mga espesipikasyon ng Diyos at ito ay simbolo na ang Diyos ay nanirahan kasama ng Kanyang mga tao. Gayundin, sa kanilang paglakbay patungo sa Lupang Pinangako, ang mga Israelita ay may mismong presensya ng Diyos na kasama nila, isang ulap sa araw at haliging apoy sa gabi (Exodo 40: 34-38). Ang Pahayag 21:3 ay bumanggit sa panahong ito ng kasaysayan nang ang Diyos ay kasama ng Kanyang mga tao sa nakikitang pisikal na anyo. Ang isa pang panahon na ito ay nangyari ay noong si Hesu-Kristo ay nanirahan sa lupa bilang Diyos at tao. Dito sinasabihan tayo na sa kawalang hanggan, si Kristo ay muling maninirahan kasama natin sa bagong Herusalem pagkatapos na Siya ay muling darating.

Kahanga-hanga ang paglalarawan sa Pahayag 21:3, na nagsasabi sa atin kung papaanong ang Diyos ay manirahan kasama natin. Tayo ay magiging Kanyang mga tao at Siya ay magiging ating Diyos. Makikita natin Siya araw-araw at ikatutuwa ang Kanyang presensya hanggang sa kawalang-hanggan. Hindi na Siya magiging malayo. Hindi na Siya "matatabingan" ng haliging ulap sa araw at haliging apoy sa gabi.

Ang ideya ba ng kawalang hanggan na kasama ang Diyos ay nagpapasigla sa iyo? Walang alinlangan na mahirap isipin kung ano ang katulad ng kawalang hanggan dahil tayo ay mga taong may hangganan na nabubuhay sa oras at espasyo. Maraming mga Kristiyano ang sobrang mag-ukol ng panahon sa buhay nila dito sa mundo at sa pagkabahala sa kasalukuyan na nalilimutan nila na ang kanilang mga buhay dito ay pansamantala lamang. Kung gayon, papaano natin ipamuhay ang ating buhay sa mundong ito, kung nakikita natin na ito ay isang pansamantalang tirahan lamang? Bantayan natin ang ating mga sarili at ang bawat isa habang tayo ay nanunuluyan sa mundong ito sapagkat kadalasan ito ay isang unti-unting pagliliko habang ang isang Kristiyano ay di-makita ang kanyang walang-hanggang tahanan.

**Pag-iisip:** Kung tatawagin ka ng Diyos pauwi ngayon, handa ka na bang?
**Panalangin:** Tulungan mo akong suriin ang aking puso nang matapat, O Panginoon.

## PAANO BA AKO EKSAKTONG MALILIGTAS?

Mga Taga-Roma 10:9
Isaulo ang Mga Taga-Roma 10:9
*"Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at mananampalataya sa iyong puso"*

---

Ang Mga Taga-Roma 10:9 ay maliwang na nagsasabi kung paanong ang isang tao ay maliligtas. Kasangkot dito ang ating mga puso at mga bibig. Kailangan ng ating mga puso na paniwalaan ang gawaing kaligtasan na naisakatuparan ni Kristo para sa atin. Kung paanong Siya ang anak ng Diyos, "ang anyo ng di nakikitang Diyos" (Mga Taga-Colosas 1:15), at kung paanong Siya "ay nagkatawang tao" (Juan 1:14). Kailangang paniwalaan ng ating puso ang Kanyang buhay sa lupa, ang Kanyang kamatayan sa krus at "binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay". Kailangan nating maniwala na tayo ay "pinawalang-sala sa pamamagitan ng kaniyang dugo" (Roma 5: 9) at sa pamamagitan Niya, at Siya lamang, na tayo ay naligtas.

Ang Roma 10:9 ay nagsasabi na kailangan nating ipahayag sa ating mga bibig kung ano ang napaniwalaan natin sa ating mga puso sa harap ng tao. Dapat ay hinding hindi tayo magiging mga sekretong Kristiyano na nahihiya sa Ebanghelyo dahil hindi ganito kumilos ng wasto ang isang Kristiyanong nakaiintindi sa ebanghelyo.

Maaaring pumapasok ka sa simbahan kasama ang iyong mga magulang mula noong ikaw ay sanggol pa o marahil, may isang mabuting kaibigan na nag-anyaya sa iyo para dumalo sa Worship Service. Narinig mo ang Ebanghelyo at alam mo sa iyong isip kung ano ang buhay at ministeryo ni Hesus. Ngunit diyan na ba magtatapos? Naniniwala ba ang iyong puso kung ano ang alam ng iyong isip? Ang iyong bibig ba ay nagpapahayag na naniniwala ka at na ikaw ay isinilang nang muli? Ang mga ito ay kaugnay na mga katanungan na dapat mong sagutin ng matapat ngayon. Sapagkat walang sinumang makapaghuhusga kung tunay kang naligtas. Tanging ikaw lang at ang Diyos. Kung napagtanto mong hindi ka pa naniniwala, huwag nang magpaliban-liban. Maniwala ka sa iyong puso at ipahayag sa iyong bibig na si Hesus ay iyong Tagapagligtas at ikaw ay maliligtas.

**Pag-iisip:** Talaga bang naniniwala ka sa iyong puso at ipinahahayag ng iyong bibig na si Hesus ang iyong Tagapagligtas?
**Panalangin:** O Panginoon, naniniwala ako kay Hesu-Kristo na Siya ang Anak ng Diyos. Naniniwala ako na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng Kanyang ginawa sa krus. O Panginoon, tulungan mo akong ipahayag sa pamamagitan ng aking bibig at buhay na si Hesus ay aking Tagapagligtas.

## ANO ANG GRASYA?

Mga Taga-Roma 5:8
Isaulo ang Mga Taga-Roma 5:8
*"Grasya, grasya, Grasya ng Panginoon… grasyang mas malaki pa kaysa ating mga kasalanan."*

---

Ang grasya ay pabor na hindi karapat-dapat. Ito ay ibinibigay sa isang tao na walang ginawa upang maging karapat-dapat nito. Nangangailangan ito ng masaganang pagkamapagbigay loob, pag-ibig at pagpapatawad sa panig ng tagabigay. Sinasabi sa atin ng Bibliya na sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos na tayo ay naligtas.

Lubos na binuod ng Mga Taga-Roma 5:8 ang kakaniyahan ng biyaya. Tayo ay mga makasalanan at lubos na hindi karapat-dapat sa anumang pagmamahal o pagpapatawad. Sa katunayan, tayo ay karapat-dapat sa kamatayan dahil "ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan" (Roma 6:23). Bagaman hindi tayo karapat-dapat at puno ng kasalanan na kinamumuhian ng Diyos, minamahal tayo ng Diyos at ginawa Niya ang unang hakbang upang maabot tayo at papagkasunduin tayo sa Kanya. Namatay siya para sa atin. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay sa mga taong napoot sa Kanya at nagrebelde laban sa Kanyang utos sa kanilang kasalanan.

Mahal na kaibigan, may naaalala ka bang anumang pagkakataon kung saan may nagpakita sa iyo ng biyaya na hindi ka naman karapat-dapat? Maaaring may isang taong nagpakita sa iyo ng kabaitan kahit na madalas mo siyang itsismis at siraang-puri sa iba. Maaaring ang iyong mga magulang na nagpakita sa iyo ng pag-ibig at pagpapatawad kahit na sumuway ka sa kanila nang paulit-ulit. Gunitain kung gaano ka nagsisi at gayunman nagpasalamat nang natanggap mo ang gayong biyaya. Ngayon, multiplikahin mo ng walang katapusang beses at marahil ay maaaring makakakuha ka ng ideya kung ano ang ipagkakahulugan ng Diyos sa pagpapakita Niya sa atin ng biyaya.

Naunawaan mo ba kung paanong kamangha-mangha ang biyaya ng Diyos? Kung paanong di-kapani-paniwala na ang lumikha ng langit at lupa ay magmahal sa di-mahalaga at maruruming tao tulad natin? At gayon pa man ay ginagawa Niya.

**Pag-iisip:** Sa himnong Ingles:"Grace, grace, God's grace. Grace that will pardon and cleanse within. Grace, grace, God's grace. Grace that is greater than all my sin!" ♫ ♪

**Panalangin:** Salamat, Panginoon, sa iyong kamangha-mangha at walang kapantay na biyaya. Punuin mo ako araw-araw ng pagkamangha at pasasalamat para sa Iyong biyaya sa akin.

## ANO ANG NAKAPAGLILIGTAS NA PANANAMPALATAYA?

Efeso 2:8-9
Isaulo ang Efeso 2:8-9
*"ang ating nakapagliligtas na pananampalataya ay kaloob ng Diyos, ito ay dalisay sa pamamagitan ng kanyang grasya."*

---

Naligtas tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya kay Hesu-Kristo at ng Kanyang gawain sa krus ang nagdadala ng kaligtasan. Gayunpaman, ito ay sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos, kung saan ang Banal na Espiritu ay nagpahintulot sa atin na magkaroon ng pananampalatayang iyon sa unang dako. Kung pababayaan lang tayo, ang ating makasalanang puso ay hindi kailanman maghahanap ng Diyos at maghahangad na makipagkakasundo sa Kanya. Sa pamamagitan ng Kanyang banal na predestinasyon, ang mga pinili ay binigyan Niya ng nakapagliligtas na pananananampalatayang ito. Samakatuwid, sa Efeso 2:8-9, itong nakaliligtas na pananampalataya ay tinatawag na "kaloob ng Diyos" na malayang ibinibigay sa atin.

Nilinaw rin ni Pablo na sapagkat itong nakapagliligtas na pananampalataya natin ay lubos na ibinigay mula sa malayang kalooban at biyaya ng Diyos, walang sinumang makapagyayabang na kinita niya ang kanyang kaligtasan. Ito ay hindi dahil pinalago natin ang ating pananampalataya upang ito ay mas malakas kaysa sa iba kaya tayo ay naligtas. Ito ay hindi sa pamamagitan ng mabubuting gawa na ating ginawa kaya tayo ay naligtas.

Gayunpaman, kahit na alam nating ang kaligtasan ay tanging sa pamamagitan ng biyaya, may mga Kristiyano na kung minsan ay nahuhulog pa rin sa bitag ng pagtugis ng kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa. Sila ay walang katiyakan sa kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya at tumitingin sila sa mga bagay tulad ng pagdalo sa simbahan, paglilingkod sa mga ministeryo, at mas bukas-palad sa paghahandog, nag-iisip na sa pamamagitan ng mga ito ay maaari nilang makita ang kanilang daan patungong langit o makakuha ng karagdagang merito sa Diyos. Kapag nakikita mong labis ang iyong paniniwala sa kaligtasang dala ng mga gawa, kailangan mong suriin ang iyong pananampalataya dahil hindi ito ang nakaliligtas na pananampalataya na ibinibigay ng Banal na Espiritu.

**Pag-isipan:** "…isagawa ang inyong sariling kaligtasan na may pagkatakot at panginginig." (Filipos 2:12b)
**Panalangin:** O Panginoon, kung umaasa ako sa isang kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa, patawarin mo ako at bigyan mo ako ng nakapagliligtas na pananampalataya upang makapaniwala na sa pamamagitan ni Kristo.

## PAANO KUNG HINDI AKO MANINIWALA?

Juan 8:24
Isaulo ang Juan 8:24b
*"...sapagka't kung kayo ay hindi sumasampalataya na ako ay siya, kayo ay mamamatay sa inyong mga kasalanan."*

---

Hindi nagsabi nang tahasan si Hesus sa Kanyang mga salita habang nakipag-usap siya sa mga Hudyo sa templo tungkol sa Kanyang pagkakakilanlan bilang Anak ng Diyos at ang ipinangakong Mesiyas na siyang hinihintay ng mga Hudyo. Ang pangkat na kanyang pinagsalitaan ay mapanalungat at lumalaban. Sa simula pa lang ay tinawag Siya ng mga Pariseo na isang sinungaling at malinaw na hindi sila tunay na naniniwala kahit sa Diyos Ama bagaman sa pangibabaw ay nalinlang nila ang iba na sila ay naniniwala. Inilantad ni Hesus ang kanilang kawalan ng pananampalataya nang sinabi Niya, "Hindi ninyo ako nakikilala, ni ang aking Ama: kung ako ay inyong nakilala, ay dapat din ninyong nakilala ang aking Ama" (Juan 8:19).

Dapat tiyakin nating matuto mula kay Kristo. May responsibilidad tayo sa mga nawawalang tao. Hindi natin dapat ipagwalang bahala ang katunayan ng impiyerno at ang katotohanan na kung ang isang tao ay hindi naniniwala kay Kristo, siya ay "mamamatay sa [kanyang] mga kasalanan." May utang tayo sa mga taong iniibig natin na pagsabihan sila tungkol sa katakut-takot na mga kahihinatnan kung hindi sila maniniwala kay Kristo. Kung wala silang alam tungkol sa impiyerno, hindi nila makikita ang mahigpit na pangangailang tanggapin si Kristo. Hindi tayo dapat matakot na masaktan sila at itago ang katotohanang ito sa kanila. Isang pagsisinungaling sa kanila kung hindi natin sasabihin ang buong katotohanan. Ang nakataya dito ay ang buhay na walang hanggan at ang kamatayan habang ipinapahayag natin ang Ebanghelyo. Paano kung may dugo sa ating mga kamay?

**Pag-iisip:** Nagkakasala ka ba sa hindi pagsasabi ng buong katotohanan ng Ebanghelyo sa isang minamahal? Kung gayon, may utang ka sa kanila na ipahayag ang kabuuan ng Ebanghelyo.

**Panalangin:** Mahal na Panginoon, tunay na kung hindi ako maniniwala kay Kristo ay mamamatay ako sa aming mga kasalanan. Salamat, Panginoon, sa pagligtas sa akin sa tiyak na kamatayan. Tulungan mo akong maipahayag ang katotohanang ito nang walang takot sa aking mga mahal sa buhay upang sila ay maliligtas sa kamatayan dahil sa kanilang mga kasalanan.

## PAANONG ANG KALIGTASAN AY SIMPLENG PANINIWALA LANG?

Mga Taga-Roma 4:5
Isaulo ang Mga Taga-Roma 4:5
*"Si Abraham ay nanampalataya sa Diyos, at ito ay ibinilang sa kaniya na katuwiran."*

---

Imposibleng makagagawa ka ng sariling paraan patungo sa langit. Ang ating mabubuting gawa at "mga katuwiran" ay "mga maruming basahan" lamang kung ikumpara sa isang maikatlong banal na Diyos (Isaias 64:6). Kahit si Abraham na tinawag na "Kaibigan ng Diyos" (Santiago 2:23) ay hindi maipagmalaki ang kanyang mga gawa sa harap ng Diyos. Sinasabi sa Roma 4:2, na sa katunayan ang mga gawa ni Abraham ay karapat-dapat na purihin sa harap ng tao ngunit sa harap ng Diyos, walang mabubuting gawa ang maaaring kumita para sa kanya ng isang lugar sa langit.

Kaya paano nakamit ni Abraham ang kanyang lugar sa langit? Sa pamamagitan lamang ng paniniwala. Sinasabi sa Roma 4:3, "Si Abraham ay nanampalataya sa Diyos, at ito ay ibinilang sa kaniya na katuwiran". Gayundin, para sa atin, kung tayo ay "nananampalataya sa kaniya na nagpapawalang-sala sa mga di-maka-Diyos, ang kaniyang pananampalataya ay ibinibilang na katuwiran" (Roma 4:5).

Kung nahihirapan kang tanggapin na ang kaligtasan ay simpleng paniniwala lamang, maaaring ito ay dahil sa ilang mga dahilan. Marahil hindi mo tunay na naunawaan ang Ebanghelyo at ang doktrina ng kasalanan. Ang mga Romanong Katoliko ay nagtuturo na ang pagbibigay katarungan ay nagaganap sa mga paraan ng pagtalima sa mga sakramento at maaaring naimpluwensyahan ka ng gayong mga ideyang hindi ayon sa Bibliya. Marahil ang kayabangan ang pumipigil sa iyo o kakulangan ng pananampalataya sa kapangyarihan ng dugo ni Kristo upang mahugasan ang iyong mga kasalanan.

Mahal na kaibigan, kung ang isang taong may napakalaking pananampalataya tulad ng kay Abraham ay hindi maipagmalaki ang kanyang mga gawa sa harap ng Diyos, paano ka mapakapagmalaki? At kung si Abraham ay simpleng naniwala sa plano ng Diyos para sa kaligtasan, maaari ka ring simpleng maniwala at maligtas.

**Pag-iisip:** Paano mo makumbinsi ang isang tao na ang kaligtasan ay simpleng paniniwala lang?
**Panalangin:** Mahal na Panginoon, salamat sa halimbawa ni Abraham at kung paanong ang kanyang pananampalataya ay isinaalang-alang para sa katuwiran.

## BAKIT ANG EBANGHELYO AY HINDI BINABAGO?

Mga Hebreo 13:8
Isaulo ang Mga Hebreo 13:8
*"Bilang naging Ikaw kahapon, Ikaw ay magpakailanman"*

---

Ang walang pagbabago ay isang katangian ng Diyos. Nangangahulugan ito na Siya ay hindi nagbabago. Imposible para sa Kanya na baguhin ang Kanyang karakter o anuman sa Kanyang mga kalidad. Siya ay hindi tulad ng isang tao na madaling magbago kasabay ng pagbago ng panahon. Si Hesu-Kristo ay "Siya ring kahapon, at ngayon, at magpakailan man" (Hebreo 13:8).

Tulad ng ang Diyos na hindi nagbabago, gayon din ang Kanyang trabahong pangkaligtasan. Sa simula ng panahon, nang una Niyang pinangakuan si Adan at Eva na padadalhan sila ng isang Tagapagligtas, patungo sa panahong tinawag Niya ang Israel bilang Kanyang piniling bansa, hanggang sa panahon na ang Kaniyang pangako ay naging laman sa katauhan ni Hesus, hanggang sa simula ng Bagong Tipan na simbahan, at hanggang sa ating kasalukuyang panahon sa mga huling araw, ang Kanyang Ebanghelyo ay nananatiling hindi nagbabago. Hindi na kailangang baguhin ito. Sa bawat era, lahat ng tao ay nagkasala at nangangailangan ng Panginoon. Ang gawaing pagbabayad ni Kristo sa krus ay isang kumpletong gawain, isang nag-iisang pangyayari. Ang pananampalatayang Kristiyano ay "pananampalatayang minsang ibinigay sa mga santo" (Judas 1:3).

Marahil ito ang parehong pangangailangan ng pagbabago na gumagawa sa ilang mga Kristiyano na mag-isip na ang Ebanghelyo ay kailangan nang baguhin para sa bagong henerasyon. Pakiramdam nila ay kailangang akitin ang bagong henerasyon at dapat ay ipakita sa kanila ang Ebanghelyo sa mas kawili-wili at nakaaaliw na paraan. Ang resulta, ang Ebanghelyo ay naging baluktot na at di-totoo tulad ng kalusugang ebanghelyo at kayamanang ebanghelyo.

Tulad ng ang Bibliya ay perpekto at walang pagbabago, gayon din ang Ebanghelyo. Ang mensahe na ipinangaral ni Pablo sa mga simbahan sa aklat ng mga Gawa, ay ang kailangan natin ngayon.

**Pag-iisip:** Paanong ang kawalan ng pagbabago ng Diyos at ng Kanyang Ebanghelyo ay nagdudulot ng katiyakan sa iyong kaluluwa?
**Panalangin:** O Panginoon, tulungan mo akong hindi kailanman mahuhulog sa bitag ng pagpapalit ng mensahe ng Ebanghelyo upang subukang maakit ko ang aking mga kaibigan o ang mga taong gusto kong abutin para maturuan.

## KUNG PINILI AKO NG DIYOS, HINDI PABA SAPAT YUN?

Mga Taga-Roma 10:10
Isaulo ang Mga Taga-Roma 10:10
*"Sapagka't sa puso ay sumasampalataya ang tao sa ikatutuwid..."*

---

Ipinaliliwanag sa Mga Taga-Roma 8:29 na pinili ng Diyos mula sa kawalang hanggang nakaraan kung sino ang Kanyang ililigtas. Gayunpaman, hindi ito tumutukoy sa isyu ng responsibilidad ng tao tungkol sa kaligtasan ng isang tao. Ang Bibliya ay nagpapaliwanag na kahit na ang Diyos ang gumagawa ng pagpili, ito ay hindi sa anumang paraan nagpapawalang bisa sa isang tao mula sa pananagutan ng pagtugon sa Ebanghelyo nang may pananampalataya. Hindi rin ito maaaring gamiting dahilan upang tanggihan ang Ebanghelyo dahil hindi siya isa sa mga pinili ng Diyos.

Ang pagtugon sa pananampalataya sa Ebanghelyo at pagtanggap sa Panginoong Hesus bilang Tagapagligtas ay ang unang hakbang lamang ng paglalakbay ng isang Kristiyano mula sa punto ng pagbabalik loob patungo sa pagkaluwalhati kapag nakita natin si Hesus nang harapan. Ang pagiging isang Kristiyano ay kinakailangang lumago sa pananampalataya at ipinapahayag ang Panginoong Hesus bilang Tagapagligtas hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa gawa. Ang pag-iisip na sapat nang pinili ka ng Diyos at pagkatapos ay mabuhay ayon sa laman ay nagpapanatiling isang sanggol kay Kristo. Gaya ng sinasabi ni Pablo sa Roma 8:12, "Samakatuwid, mga kapatid, tayo ay may pagkakautang, hindi sa laman, upang mabuhay ayon sa laman." Bukod dito, "... ang mga nasa laman ay hindi makalulugod sa Diyos" (Roma 8:8). Habang sinimulan sa Espiritu, nais ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay patuloy na mamuhay sa Espiritu.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 10:10 na ang tunay na mananampalataya ay nagpapahayag sa kanyang bibig kung ano ang tunay na pinaniniwalaan niya sa kanyang puso, at namumuhay na ayon sa ganitong paniniwala. Sa sandaling naligtas tayo, hindi tayo patuloy na nabubuhay na parang walang pinag-iba. Sa halip, tumugon tayo sa pag-ibig at pasasalamat kay Hesus na nagbigay sa Kanyang sarili para sa atin sa pamamagitan ng pagkamuhi sa kasalanan at pagmamahal sa kabanalan. Sa katunayan, ang buong buhay ng Kristiyano ay dapat na isang pag-amin ng pananampalataya kay Hesus bilang kanyang Panginoon at personal na Tagapagligtas sa mundo.

**Pag-iisip:** Kung si Hesus ay babalik ngayon, malulugod ba Siya sa paraan ng pamumuhay ko?
**Panalangin:** Tulungan mo ako Panginoon upang kaluguran mo ang lahat ng aking ginagawa, at patawarin mo ako sa mga oras ng aking kahinaan.

## MAKATARUNGAN BA ANG PANGINOON SA PAGPILI NG IBA AT HINDI ANG IBA?

Mga Taga-Roma 9:14-23
Isaulo ang Mga Taga-Roma 9:16
*"Kaya nga… Diyos na nagpapakita ng kahabagan."*

---

Ang Diyos ay pinakamakapangyarihan at nagpapakita ng pabor at awa sa sinumang Kanyang naisin. May kapangyarihan siyang gawin ito at ito ang paraan ng pakikitungo Niya sa tao sa lahat ng bagay, kabilang na ang kaligtasan. Mahirap itong tanggapin ng ilang tao at sa pakiramdam nila ay hindi makatarungan ang Diyos sa hindi pagpili sa iba habang ang ilan ay pinili upang mailigtas.

Kung mayroon kang kaunting barya at pinili mong ibigay ang lahat na ito sa isang nagugutom na pulubi, walang sinuman sa iba pang mga gutom na pulubi ang may karapatan na magtanong kung bakit mo binigyan ng pera ang isa at hindi ang iba pa dahil ang pera ay pag-aari mo. Ginagawa mo ang gusto mo dito. Ito ay katulad sa pagpili ng Diyos. Ginagawa ng Diyos ang Kanyang kagustuhan, at walang sinumang maaaring mag-akusa sa Kanya bilang hindi makatarungan.

Upang makuha ang tamang sagot, kailangang magtanong ang isa ng tamang tanong. Madalas tayong humihiling ng pagkamakatarungan kahit na ang talagang kailangan natin ay awa. Maaaring napagmasdan mo na ang ilang mga nag-aangking Kristiyano ay terible kung kumilos at pinagtatakhan nila kung paanong sila'y maaaring maligtas. Sa kabaligtaran, maaaring may kakilala kang mga kahanga-hangang tao na hindi mananampalataya, at pinagtatakhan nila kung paanong silay hindi maaaring maligtas. Dapat nating tandaan ang 4 na bagay:

1. Hindi gumagawa ng pagkakamali ang Diyos.
2. Hindi natin masasabi kung ang isang tao ay tatanggapin si Kristo sa huling ilang sandali ng kanyang buhay.
3. Ang mga tao ay naligtas dahil sa awa ng Diyos at hindi dahil sa kanilang sariling kabutihan.
4. Ang pamantayan ng Diyos para sa kaligtasan ay hindi kabutihan kundi ang ganap na pagka-walang-kasalanan na natamo ni Kristo sa kapakanan ng mananampalataya.

**Pag-iisip:** Sa katunayan, dahil lang sa kamangha-manghang awa at grasya ng Diyos na ang kaluluwa ng isang makasalanan ay maliligtas.
**Panalangin:** O Panginoon, Ikaw ang tagahulma na gumagawa ayon sa gusto mo sa Inyong putik. Tulungan Nyo akong magtiwala na Ikaw ay perpekto sa lahat ng ginagawa Mo.

## HINDI BA NAMATAY SI HESUS PARA SA MGA KASALANAN NG LAHAT?

Mga Taga-Efeso 5:25
Isaulo ang Mga Taga-Efeso 5:25
*"Sapagka't sa puso ay sumasampalataya ang tao sa ikatutuwid..."*

---

Nang unang nakita ni Juan Bautista si Hesus, ipinahayag niya sa Juan 1:29: … Masdan ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan". Totoo nga na ang gawaing kaligtasan ni Hesus, pati na ang Kanyang kamatayan sa krus, ay sapat upang iligtas ang bawat isang lalaki, babae at bata na nabuhay at mabubuhay. Sa pamamagitan ng nag-iisang sakripisyo, ganap Niyang hinarap ang problema ng kasalanan para sa lahat ng sangkatauhan. Gayunpaman, alam natin ang katotohanan na hindi ang bawat lalaki, babae at bata ay maniniwala kay Kristo at maliligtas. Bakit kaya ganito? Hindi ba namatay si Hesus para sa kasalanan ng buong mundo?

Samantalang totoo na ang sakripisyo ni Hesus ay sapat upang iligtas ang lahat, gayunpaman ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na epektibo lamang ito sa lahat ng lumalapit sa Kanya na may pananampalataya at pagsisisi. Kaya ang tanong talaga ay kung kanino idinisenyo ang plano ng kaligtasan ng Diyos upang mailigtas. Ang sagot ay nasa paglalarawan ng pag-ibig ng asawang lalaki para sa kanyang asawa sa Mga Taga-Efeso 5:25 bilang isang relasyon na katulad ng kay Hesus at ng Kanyang Simbahan (na binubuo ng mga mananampalataya). Kaya kapag ang mga hinirang ng Diyos ay tumugon sa pananampalataya sa Ebanghelyo, makikita natin ang epekto ng Kanyang sakripisyo na ginawa para sa kanila, at sila ay naligtas. Samakatuwid, kahit na namatay si Hesus dahil sa mga kasalanan ng buong mundo (1 Juan 2:2), hindi lahat ay naliligtas, sapagkat hindi lahat ay may pananampalataya.

Dapat nating maunawaan na ang ating Diyos ay ganap na banal at hindi maaaring ipagparaya ang kasalanan. Gayunpaman, Siya ay gumawa ng pamamaraan para mailigtas ang mga makasalanan sa kabila ng kanilang kasamaan; maaari mo silang tulungan na maunawaan ang kalaliman ng pag-ibig ng Diyos para sa mga makasalanan at ituro sila kay Hesus. Oo, namatay si Hesus upang iligtas ang mundo.

**Pag-iisip:** Sa pag-uunawa sa lalim ng ating sariling kasamaan, mapapahalagahan natin ang kalaliman ng pag-ibig ng Diyos para sa atin.
**Panalangin:** Panginoon, mahal namin Kayo dahil una Niyo kaming minahal. Punuin Niyo kami ng Inyong Espiritu nang ang aming pag-ibig para sa Inyo ay mas lalong lumalim sa bawat araw.

## PAANO NAMAN YUNG MGA HINDI PA NAKARIRINIG?

Juan 3:17
Isaulo ang Juan 3:17
*"…kundi upang ang sanglibutan sa pamamagitan niya nawa ay maligtas."*

---

Ipinaliliwanag sa Mga Taga Roma 1:20-25 na dahil sa kasalanan, ang likas na tao ay hindi nakakikilala sa Diyos sa kabila ng mga nilikha na tumuturo sa pagkaroroon ng isang makapangyarihang Maylalang. Sa halip na maghanap sa Kanya, sila ay nagpapalayaw sa mga gawaing idolatroso. Sinasabi ng Salita ng Diyos na wala silang maidahilan. Bukod dito, kahit na ang isang tao ay hindi pa nakaririnig ng Ebanghelyo, siya ay may kaalaman tungkol sa tama at mali; siya ay nagagalit kapag ang isang tao ay nanglilinlang, nagsisinungaling o nagnanakaw sa kanya kahit na hindi niya nakikilala ang Diyos. Ang tapat na pagsisiyasat sa sarili ay walang alinlangan na hahantong sa katotohanan na siya ay nagkasala ng paggawa ng mali sa kabila ng kaalaman niya kung ano ang tama. Ang bawat isa ay may pananagutan sa Diyos para sa ginawang kasalanan nakarinig man sila o hindi pa sa Ebanghelyo. Ito ang ipinaliwanag ni Hesus noong sinabi niya kay Nicodemus na "at ito ang kahatulan, na ang liwanag ay dumating sa sanlibutan, at ang mga tao ay inibig ang kadiliman sa halip na ang liwanag; dahil ang kanilang mga gawain ay masasama" (Juan 3:19). Kung wala si Hesus, ang buong mundo ay nasa kalagayan na ng paghatol, dahil sa kanilang sariling kasalanan at sa kanilang pagtanggi sa Diyos. Yamang ang lahat ay nasa kalagayan na ng paghahatol, hindi ipinadala ng Diyos si Hesus para hatulan sila, kundi, upang iligtas sila. Ito ay isang gawa ng biyaya at awa sa panig ng Diyos.

Mahal na kaibigan, ang katotohanan ay ang karamihan sa mga tao ay maghahanap ng anumang dahilan para hindi maniwala sa Ebanghelyo. Mahalagang malaman nila kung papaano sila personal na tumugon sa Ebanghelyo sa sandaling narinig nila ito. Pagkatapos sa paniniwala, ang susunod na mahalagang bagay ay hindi lamang ang lumago sa biyaya at sa kaalaman ni Kristo, kundi ang maging saksi at ipangaral si Kristo sa mga nawawalang tao na nakapaligid sa iyo dahil kailangan nilang marinig ang ebanghelyo at mailigtas sa apoy ng impiyerno.

**Pag-iisip:** Kung ang kamangmangan ay lubos na kaligayahan, ang ginagawa natin sa mundo na ibahagi sa kanila ang ebanghelyo ay isang masamang paglilingkod, at ang pagkamatay ni Kristo ay magiging walang kabuluhan.
**Panalangin:** Nawa'y ang iyong Espiritu, O Panginoon, ay magtinag sa mga puso ng mga makasalanan upang maniwala sa Ebanghelyo patungo sa kaligtasan.

## HINDI BA NAKAPAGLILIGTAS ANG IBANG RELIHIYON?

I Kay Timoteo 2:5
Isaulo ang 1 Kay Timoteo 2:5
*"…iisang Tagapamagitan… ang taong si Kristo Hesus."*

---

Ang 1 Kay Timoteo 2:5 ay malinaw na nagsasabi sa atin na si Hesus ang isa at tanging Tagapamagitan sa Diyos at mga tao. Kung paanong mayroon lamang isang tunay na Diyos, mayroon lamang isang tunay na tagapamagitan, at ito ay matatagpuan kay Kristo Hesus. Ang tagapamagitan ay isang taong dumarating sa pagitan ng dalawang nagkakasamaang partido at naghahanap ng mapayapang kapasiyahan. Ang taong nalaglag sa kasalanan ay nasa pagka-kaaway sa Diyos, sapagkat sa kanyang kasalanan, nararapat lamang siyang mahatulan ng sakdal at Banal na Diyos. Kaya ang tanging paraan kung saan ang tao ay maaaring makipagkasundo sa Diyos, ay sa pamamagitan ng Kanyang perpektong Anak, ang Panginoong Hesus

Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, tinuruan ni Hesus sa kanyang mga disipulo na Siya lamang "ang daan, at ang katotohanan at ang buhay" (Juan 14:6), at walang ibang paraan patungo sa Ama kundi sa pamamagitan Niya. Kaya malinaw nating makikita na walang kaligtasan bukod sa pananampalataya sa Kanya.

Kung ang karamihan, o marahil ang lahat, ng iba pang mga huwad na relihiyon ay nagtuturo sa kanilang mga tagasunod na gumawa ng "mabuti", bakit hindi sila makapaghatid ng kaligtasan? Ang "paggawa ng mabuti" ay hinding hindi magiging sapat dahil ang ganap na banal na Diyos ay nangangailangan ng perpektong kabanalan. Tanging si Hesus lamang ang namuhay para sa atin, namatay para sa atin at muling nabuhay para sa pagbibigay katarungan sa atin. Siya samakatuwid ang isa at tanging Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at mga tao.

Mahal na kaibigan, hindi tayo makapupunta sa langit sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Bagama't walang mali sa paggawa ng mabuti (at nararapat na gawin ang mas maraming kabutihan gaya ng pinapagawa ng Diyos sa atin), kung ito lamang, ito ay hindi makapagliligtas sa atin. Ang mga mabuting gawa ay dapat na resulta ng paniniwala kay Hesus. Pagkatapos na tayo ay tunay na naligtas, ang ating mabubuting gawa para kay Hesus ay katibayan ng ating kaligtasan.

**Pag-iisip:** Kung makakamit ang kaligtasan, gaano karaming mabubuting gawa ang sapat?
**Panalangin:** Ama sa Langit, turuan Niyo kaming huwag magtiwala sa aming sariling pagsisikap para sa kaligtasan maliban sa kay Hesus na aming kasapatan.

## WALA NA BANG IBANG PARAAN PARA SA KALIGTASAN?

Mga Gawa 4:12
Isaulo ang Mga Gawa 4:12
*"Ni walang kaligtasan sa kaninumang iba..."*

---

Ang paniniwala na ang kaligtasan ay nakasalalay kay Hesus lamang ay tila isang makitid na kaisipan, intolerante, at may pagkapanatiko para sa mga hindi nakakikilala kay Kristo, ngunit ang katotohanan ay hindi pinagpapasiyahan ng popular na opinyon, mga boto o pagkakasundu-sundo. Ang ilang mga tao na tumatanggi na si Kristo lang ang tangi at nag-iisang Tagapagligtas ng sanlibutan ay ginagawa ito dahil una, hindi nila matanggap na ang ebanghelyo ay perpekto at di-nagbabago o pangalawa, marahil ay natatakot silang mabansagang intoleranteng-panatiko. Ang pagtanggi ng ebanghelyo sa naunang kaso ay pagsasadya na maging mangmang. Ang pagtanggi dahil sa ikalawang kaso ay simpleng walang kabuluhan. Wala sa dalawang kaso ang mabuti dahil pareho silang hahantong sa kapahamakan (Mateo 12:31).

Ipinadala ng Diyos si Hesus sa mundo bilang tanging paraan na kung saan ang sinumang makasalanan ay maliligtas at hindi ito isa sa marami. Ang Diyos ay hindi gumagawa ng pahintulot para sa mga alternatibong pagpipilian, mga indibidwal na opinyon o kontribusyon ng tao sa Kanyang plano ng kaligtasan. Maari nating tanggapin ang Kanyang mapagbiyaya ngunit makitid na daan papunta sa langit, o ang malawak na daan papunta sa impiyerno.

Mahal kong kaibigan, ang aming panalangin para sa iyo ay sana ganap mo nang naintindihan ngayon kung paanong si Hesus ay may kapangyarihang makapagligtas. Sa pagkakaroon ng batayan sa gayong mga katotohanan, ang aming panalangin ay sana mananatili kang matatag kung kinakailangang tumayo ka para kay Kristo. Maaaring kung minsan ay mag-aalala kang masaktan ang damdamin ng iba o nahihiya kang tumayo para kay Hesus. Ang salita ng Diyos ang ating pinaninindigan. Hinding hindi natin kailanman ikahiyang ipakilala ang isang mahal na kaibigan na isinapanganib ang kanyang buhay upang iligtas tayo kahit gaano kagasgas ang hitsura niya, kaya bakit hindi natin tratuhin si Hesus sa ganoong paraan?

**Pag-iisip:** Kung ikinahihiya ko si Hesus, ikakahiya din ako ni Hesus sa dakilang Araw ng Paghuhukom.
**Panalangin:** Ama sa Langit, bigyan mo kami ng lakas at lakas ng loob upang maging saksi para kay Hesus at luwalhatiin ang Kanyang pangalan sa bawat kalagayan ng aming buhay.

## ANO ANG TIPAN NG MGA GAWA?

Genesis 2:17
Isaulo ang Genesis 2:17
*"sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka."*

---

Ang tipan ay isang pangako, isang kasunduan o isang kontrata. Kapag ang dalawa o higit pang mga indibidwal ay pumirma sa isang kontrata, kinikilala nilang sumasang-ayon sila na sumunod sa mga kondisyon na itinakda sa kontrata at ang kabiguang gawin ito ay bumubuo ng isang paglabag sa kontrata.

Sa Halamanan ng Eden, pumasok ang Diyos sa isang Tipan ng Mga Gawa kay Adan. Ipinangako ng Diyos kay Adan ang buhay na walang hanggan sa kondisyon ng perpektong pagsunod. Ang Tipan ng mga Gawa ay tulad ng kontrata na kinasasangkutan ni Adan (kumakatawan sa buong sangkatauhan) at ng Diyos. Ang kaibahan ng kasunduang ito ay ang mga kondisyon nito ay idinikta ng Diyos. Walang kontribusyon si Adan. Sumasang-ayon ang Diyos na bigyan si Adan ng buhay na walang hanggan sa isang kondisyon - hindi siya kakain ng bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Sa simpleng pagkasabi, si Adan ay pinangakuan ng buhay at pagpapala bilang ganti sa kanyang pagsunod sa Diyos. Ang pangako ng buhay na walang hanggan ay batay sa kalagayan ng kabuuang pagsunod (mabuting gawa) ni Adan sa utos ng Diyos. Kung pumasa si Adan sa pagsubok ng pagkamasunurin, tinupad sana ng Diyos ang Kanyang salita at nabigyan sana si Adan ng buhay na walang hanggan.

Sa Tipan ng mga gawa, si Adan ang kinatawan at pederal na pinuno ng sangkatauhan. Samakatuwid, anuman ang ginawa niya, ginawa niya sa kapakanan ng sangkatauhan (Roma 5:12,19). Binigyan siya ng kalayaan na pumili sa pagitan ng Diyos at sa sarili, sa pagitan ng pagsunod at pagrebelyon (Genesis 2: 15-17). Si Adan ay sumuway sa Diyos at nahulog sa kasalanan (Genesis 3:17) nang kumain siya ng bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Agad-agad, pinagdusahan niya ang kastigo na walang hanggang kamatayan at ang mundo ay nalubog dito sa isinumpang pagkakasalang estado ngayon.

Inalis si Adan mula sa Hardin ng Eden. Nawalan ng paraiso ang tao, at ang kanyang kalayaang makibahagi sa puno ng buhay (Genesis 3:22).

**Pag-iisip:** Ang Diyos ay napakamakapangyarihan at hindi Niya pinagkautangan si Adan ng kahit anumang bagay para sa sakdal na pagsunod.
**Panalangin:** O Panginoon, ang kalaliman ng Inyong kataka-takang biyaya ay walang nalalamang hangganan.

## ANO ANG TIPAN NG GRASYA?

Genesis 3:15
Isaulo ang Genesis 3:15
*"At papagaalitin ko ikaw at ang babae..."*

---

Ang unang pagkakataon na ang Ebanghelyo ay makikita sa Bibliya ay sa Genesis 3:15. Dito, sinabi ng Diyos kay Satanas na ang binhi ng isang babae (ang Tagapagligtas) ay ipadadala upang dudurogin ang kanyang ulo (iligtas ang tao mula sa pagkaalipin ng kasalanan sa pamamagitan ng pagsira sa kapangyarihan ni Satanas). Ito ay muling binanggit sa Mga Taga-Galacia 4:4 kung saan ang pagkakakilanlan ng Tagapagligtas ay ipinahayag na si Hesus, ang Anak ng Diyos.

Ang tao ay nagkakasala dahil siya ay ipinanganak na isang makasalanan. Ito ay dahil sa ang lahat ng mga tagasunod ni Adan ay nagmana ng kasalanang nakuha niya matapos na siya ay sumuko sa tukso ni Satanas na suwayin ang Diyos sa Halamanan ng Eden (Roma 5:12). Ang bawat taong sumunod ay ipinanganak na sa isang estado ng paghatol at papunta na sa impiyerno maliban kung pinili niya ang simpleng plano ng kaligtasan ng Diyos: maniwala sa Panginoong Hesus at maligtas (Roma 5:17-19).

Ito ang Tipan ng Grasya na inialok ng Diyos sa tao simula noong panahon ng pagkahulog ni Adan sa kasalanan. Katulad ng Tipan ng Mga Gawa, ang Diyos ang nagdikta sa mga kundisyon, at dito ang Diyos ay nagpasiya na ipagkaloob ang hindi karapat-dapat na pabor sa tao sa pamamagitan ng pagpadala kay Hesus upang mabayaran ang nakahihintakot na kabayaran para sa ating mga kasalanan dahil ang tao ay walang kakayahang gumawa ng anuman upang kontrahin ang mga epekto ng ating sariling kasalanan. Sumang-ayon ang Diyos na magbigay ng kaligtasan sa kondisyon ng pananampalataya sa Kanyang Anak, si Hesus, bilang Tagapagligtas.

Sa iminungkahi ng pangalan nito, and Tipan ng Grasya ay isang kahanga-hangang testimonya sa mapagbiyayang probisyon ng Diyos sa pagbigay Niya sa atin ng libreng regalo ng kaligtasan. Wala nang gawa na dapat nating gampanan upang matupad ang mga probisyon sa tipan na ito. Si Kristo lamang ang nakatupad sa lahat na mga kinakailangan para sa atin, at samakatuwid kung sino man ang nasa kay Kristo, ay makatatanggap sa lahat ng mga benepisyo na ipinangako ng Diyos! Ikaw ba ay nakay Kristo, at bahagi sa Kanyang Tipan ng Grasya?

**Pag-iisip:** Na ang Diyos ay nag-abalang magbigay ng isang plano para sa ating kaligtasan ay walang dudang katibayan sa Kanyang walang hanggang biyaya at awa.
**Panalangin:** Salamat, Panginoon, sa pagbigay mo sa akin ng sagana at libreng kaligtasan sa pamamagitan ni Hesus.

## ANO ANG PAGSISISI?

Mga Taga-2 Corinto 7:9-10
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 7:10
*"Sapagka't ang maka-Diyos na kalumbayan ay gumagawa ng pagsisisi tungo sa kaligtasan…"*

---

Ang pagdaramdam ay hindi pagsisisi. Ang isang pagdama ng pagkakasala dahil sa maling ginawa ay hindi pagsisisi. Ang makamundong uri ng pagdadalamhati kung saan ang isang tao ay nakadama ng labis na kalungkutan dahil sa isang bagay na ginawa niya o hindi ginawa ay hindi pagsisisi. Dinaramdam ni Hudas Iskariote ang kanyang pagtaksil kay Hesus. Ibinalik niya ang tatlumpung piraso ng pilak na natanggap niya para sa kanyang kasamaan. Wala siyang nakitang kapayapaan at sa katapusan ay ibinitin niya ang kanyang sarili (Mateo 27:5). Hindi niya naranasan ang tunay na pagsisisi.

Ang tunay na pagsisisi ay inilarawan ni Pablo bilang maka-diyos na pighati, at ang maka-diyos na pighati ay laging nagreresulta ng di-mababaligtad na pagbabago sa isang tao. Kasali dito ang pagbabago ng puso. Kung saan ang isang tao ay nahirating ikinasisiya ang magkasala, siya ngayon ay gumagawa na ng isang maykatwiran, kusa at determinadong pagpili na iwasan ang kasalanan at sa halip ay parangalan si Kristo. Ang kanyang buong kaisipan at pamumuhay ay pasalungat na ngayon ng sa mundo. Hindi ito magaganap maliban kung siya ay binigyang-kapangyarihan ng Banal na Espiritu na gawin ito sa pamamagitan ng pagtanggap kay Hesu-Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Noong hindi pa tayo mananampalataya, tama na sa atin na nakadarama ng pagkakasala ukol sa ating mga maling ginawa, hanggang sa ipinahayag sa atin ng Diyos ang tunay na kalagayan ng ating pagkamakasalanan at ang pangangailangan ng Kanyang kapatawaran. Ngayon, bilang mga mananampalataya na pinaninirahan ng Banal na Espiritu, binibigyan tayo ng kakayahang kilalanin ito kapag di-sinasadyang nahulog tayo sa kasalanan. Kapag nangyari ito, humihingi tayo ng pagpapatawad sa Diyos dahil ninanais nating maging banal. Pagkatapos noon, gumagawa tayo ng isang kusang pagsisikap na maiwasan ang muling pagkahulog sa kasalanan. Ito rin, ay ebidensya ng totoong pagsisisi.

**Pag-iisip:** Ang simpleng pagtanggi sa mga paraan ng mundo ay walang pakinabang sa atin maliban kung ito ay ginagawa para sa pag-ibig kay Kristo.
**Panalangin:** Salamat sa Inyo Panginoon sa pagbigay kapangyarihan sa akin na maging banal sa pamamagitan ng kahanga-hangang tibay ng loob na ibinibigay ng Espiritu Santo.

## PAANO KUNG HINDI AKO MAGSISISI?

Marcos 2:17
Isaulo ang Marcos 2:17b
*"...ako ay hindi naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan sa pagsisisi."*

---

Dahil may bahid ng kasalanan, hinding hindi maililigtas ng tao ang kanyang sarili mula sa kanyang laglag na kalagayan, kaya ang Diyos sa kanyang awa ay kailangang mamagitan at ipinadala ang Panginoong Hesu-Kristo sa mundo upang iligtas ang mga makasalanan. Ang mga makasalanan ay hindi nagsisisi dahil hindi nila nakikita ang pangangailangan na gawin ito.

Gayunpaman, ito ay maling pag-aakala dahil ang Diyos ang nagpapasiya kung sino ang nararapat na pumunta sa langit o impiyerno. Kaya nararapat na ang mga pamantayan ng Diyos ang ating sundin at hindi ang mga pamantayan ng mundo. Sinasabi ng Bibliya na bukod kay Hesus, wala nang tao na sapat ang kabutihan para sa langit, ngunit hindi ito matanggap ng mga nakaririnig nito dahil hindi nila makayang siyasatin ang sarili ng buong katapatan gawa ng kanilang makasalanang pag-iisip, maliban kung bubuksan ng Banal na Espiritu ang kanilang mga mata.

Ito ang problema ng mga eskriba at Pariseo noong panahon ni Hesus. Ang sinabi ni Hesus sa Marcos 2:17 ay nagpahiwatig na hindi na sana Niya kailangang pumarito upang iligtas ang sanlibutan mula sa kasalanan kung ang tao ay may kakayahang maging matuwid sa kanilang sarili, ngunit ito ay nawala sa mga mala-matuwid na mga eskriba at mga Pariseo na labis ang pagturing sa kanilang sarili upang magsisi. Ang hindi nagnanais na magsisi, samakatuwid, ay ebidensiya na ang tao ay hindi ligtas.

Sa tuwing ang mga anak ng Diyos ay nagkakasala, kailangan nilang mamalayan nang lubos kung ano ang nagawa nilang dapat na pagsisihan at hingian ng kapatawaran sa Diyos sa lalong madaling panahon. Ito ay dahil pumapagitan ang kasalanan sa kanilang relasyon sa Diyos na minamahal nila. Ang tao lamang na hindi nakakakilala kay Hesus ang hindi nakakaramdam ng pangangailangan ng kapatawaran sa kanyang pagkakasala, dahil ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa kanyang puso.

**Pag-iisip:** Tayo ay nagkakasala kahit na tayo ay mananampalataya dahil sa ating likas na pagka-makasalanan.
**Panalangin:** Ama sa Langit, hinahangad ko ang pagbabalik ng Inyong Anak kung kailan kami ay mababago, at hindi na muling magkakasala magpakailanman!

## ANO ANG KAHULUGAN NG "PAGPAPABAUTISMO SA ESPIRITU SANTO"?

Marcos 1:8
1 Juan 3:24
*"...at siya na tumutupad sa kaniyang mga kautusan ay nananahan sa kaniya, at siya sa kaniya."*

---

Si Juan na Tagapagbautismo ay inilarawan na pinakadakilang propeta sa lahat. Ito ay dahil sa katotohanang siya ang pinili ng Diyos na ibalita ang ministeryo sa lupa ng Panginoong Hesu-Kristo; ang matagal na ipinangakong Mesiyas. Inihanda ng Diyos ang daan ni Juan sa anyo ng propesiya na matatagpuan sa Malakias 3:1. Ang ministeryo ni Juan ay kakaiba dahil kanyang bininyagan sa tubig ang mga lumapit sa kanya na may pagsisisi na nagsisimbolo ng paglilinis ng kasalanan. Ang kanyang panawagan ay para sa lahat ng lumapit na may pagsisisi sa kanilang mga kasalanan at tumatanggap ng kapatawaran mula sa Diyos.

Idineklara ni Juan na may isang hindi lamang magbibinyag sa kanila kundi babaguhin rin ang kanilang buhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang tinutukoy ni Juan ay si Kristo na magbibigay ng Banal na Espiritu sa mananampalataya. Ang bawat mananampalataya ay bibinyagan ng Banal na Espiritu sa kanyang pagbabalik-loob (Roma 8:14,16). Alam natin mula sa Kasulatan na ang Espiritu Santo ay naninirahan sa mananampalataya (1 Mga Taga-Corinto 3:16). Sa katunayan, ang Banal na Espiritu ay "nakikipagtalamitam" o nakikisama sa mga mananampalataya (2 Mga Taga-Corinto 13:14). Tinutulungan tayo ng Espiritu na manalangin (Mga Taga-Roma 8:26), tinutulungan tayo na sabihin ang mga tamang bagay tungkol sa Diyos (1 Mga Taga-Corinto 2:4), binabago ang ating mga puso na umibig at maging marunong (2 Kay Timoteo 1:7, Mga Taga-Roma 5:5), nagbibigay sa atin ng kagalakan, kapayapaan at pag-asa (Mga Taga-Roma 15:13), tinutulungan tayong mas maunawaan ang ating relasyon sa Diyos (Roma Mga Taga-8:15).

Ang gawain ng Banal na Espiritu ay malinaw na napakahalaga sa buhay ng isang mananampalataya. Ang espirituwal na buhay ng isang mananampalataya ay umaasa sa kung gaano kalaki ang nagawa ng Espiritu sa kanya at alam natin na ang bagay na pumipigil na mangyari ito ay ang kasalanan (Mga Taga-Efeso 4:30). Samakatuwid, isang buhay ng kabanalan ang kinakailangan upang ang Espiritu ay magbunga sa atin.

**Pag-iisip:** Ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa atin ng Banal na Espiritu (Mga Taga-Roma 5:5).
**Panalangin:** Diyos, gusto kong maranasan ang lumakad nang malapit sa Iyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

## KAILANGAN BANG "NARARAMDAMAN" KO NA AKO AY LIGTAS?

Mga Taga-Roma 8:16
Isaulo ang Mga Taga-Roma 8:9
*"Siya na sumasampalataya… ay taglay ang patotoo sa kaniyang sarili."*

---

Ano ang pakikiramdam ng isang naligtas? Posible bang nararamdamn mong ligtas kana ngunit hindi pa pala? Malalaman ko ba kung ako ay tunay na ligtas? Ang mga ito ay madalas na itinatanong. Upang makita ang sagot nito ay kinakailangan ang masusing pagsisiyasat sa sarili at ang Salita ng Diyos. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 8:16, "Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoong kasama ng ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Diyos". Ang Espiritu ay kumikilos sa lahat ng mga mananampalataya at ibinibigay sa kanila ang kasiguruhan na sila ay tunay na mga anak ng Diyos. Ang 2 Mga Taga-Corinto 1:22 ay nagtuturo rin tungkol sa ating kaligtasan, "Na siyang ring nagtatak sa atin, at nagkaloob ng katiyakan ng Espiritu sa ating mga puso". Kaya malalaman natin na ang mga Kristiyano ay tiyak na magkakaroon ng katiyakan ng kaligtasan.

Pag kumuha tayo ng isa pang hakbang ay maaari nating itanong, "Mayroon bang panlabas na bagay na nagpapakita sa atin kung tayo ay ligtas?" Sinasabi ng 1 Juan 2:5, "Datapuwa't sinuman ang tumutupad sa kaniyang salita, sa kaniya ay katotohanang ang pag-ibig ng Diyos ay napasakdal: sa ganito ay nalalaman natin na tayo ay nasa kaniya". Kung tinatawag mo ang iyong sarili na isang Kristiyano, ngunit tinatanggihan mong sundin ang Salita ng Diyos ay tunay na isang kontradiksyon!

Sa pagkasabi niyon, may ilang mga tunay na ligtas na Kristiyano, na kung minsan ay pinagdududahan ang kanilang kaligtasan. Ito kadalasan ay dahil sa isang buhay na hindi lubos na matapat sa paglilingkod at pamumuhay para sa Diyos. "Siyasatin ang inyong sarili, kung kayo ay nasa pananampalataya; subukin ang inyong sarili. Hindi baga ninyo nalalaman sa inyong sarili, kung paanong si Hesu-Kristo ay nasa inyo, malibang kayo ay mga itinakuwil" (2 Mga Taga-Corinto 13:5). Siyasatin ang iyong puso, suriin ito at alamin kung ikaw ay tunay na nasa kay Kristo.

Mas mabuti na tiyakin mo ang iyong kaligtasan kaysa mabilang sa mga sasabihan ng Panginoon, "Kailanman ay hindi ko kayo nakilala: lumayo mula sa akin, kayo na gumagawa ng pagsalansang" (Mateo 7:23). Maniwala ka ngayon!

**Pag-iisip:** Alam mo ba kung ikaw ay naligtas?
**Panalangin:** Panginoon, buksan Niyo ang aking mga mata upang makita ko ang katotohanan ng aking kaligtasan.

## BAKIT HINDI PANANAMPALATAYA + MABUTING GAWA = KALIGTASAN?

Mga Taga-Efeso 2:9
Isaulo ang Mga Taga-Efeso 2:4
*“Sapagka’t sa biyaya ay naligtas kayo… ito ay kaloob ng Diyos.”*

---

May nakilala akong maraming tao na nagtataglay ng madamdaming hangarin na makatulong sa mga napagkaitan sa lipunan. Ikakagulat mo ba na wala sa mga gawaing ito ang makatutulong upang makamit nila ang pagtanggap ng Diyos at magkaroon ng buhay na walang hanggan?

Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 3:10, 23 na wala ni isa ang matuwid. Ang lahat ay nagkasala ng kasuklam-suklam na kasalanan sa isa o sa ibang anyo. Ang anumang mabubuting gawa na mayroon tayo ay nagagapi ng mga kasalanang nagawa natin. Ang Jeremias 17:9 ay tunay na nagsasabi na ang ating mga puso ay lubhang masama. Kahit na ang isang tao ay walang pinatay na sinuman, ngunit sa kanyang puso, pumatay na siya ng maraming beses. Ang kasalanan ay napakabigat na kahit isang kasalanan lang ay mabigyang katwiran ang impiyerno para sa kawalang hanggan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi sa atin ng Isaias 64:6 na kung wala si Kristo, ang ating katuwiran ay parang maruming basahan. Sa pamamagitan ng ating sarili, walang paraan na tayo ay ‘gumawa’ para sa ating kaligtasan. Ang ating mga gawa ay walang kabuluhan, kung tayo ay nasa kasalanan pa.

Sa pamamagitan ni Kristo, pinapatawad tayo ng Diyos sa ating mga kasalanan at ginawa tayong karapat-dapat para sa langit (Mga Taga-Efeso 2:4-7). Iniligtas tayo ng Diyos mula sa walang hanggang pagsumpa sa pamamagitan ng grasya; ang kaligtasan ay ibinibigay sa atin bilang regalo. Walang mga kondisyon at wala tayong magagawa para maging karapat-dapat sa kaloob na ito (Mga Taga-Efeso 2:8,9). Ito ay ibinigay sa atin sa pamamagitan ng awa at pag-ibig ng Diyos sa atin. Karapat-dapat tayo sa impiyerno, ngunit pinipili ng Diyos na iligtas tayo. Para sa mga naniniwala, dapat tayong magpasalamat. Para sa mga hindi, ang Diyos ay nag-aalok ng kaligtasan sa iyo ngayon. Ito ay isang libreng regalo, hindi nakakondisyon sa anumang trabaho na ginagawa natin. Ito ay ibinigay sa atin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ang kailangan lang nating gawin ay ang magkaroon ng pananampalataya upang tanggapin ito. Natanggap mo na ba ito?

**Pag-iisip:** Walang tayong magagawa upang maging karapat-dapat sa kaligtasan.
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa pagligtas sa akin kahit na hindi ako karapat-dapat.

## ANO ANG LAYUNIN NG BATAS NG DIYOS?

Mga Taga-Galacia 3:24
Isaulo ang Mga Taga-Roma 6:14
*"Datapuwa't pagkatapos na dumating ang pananampalataya, ay wala na tayo sa ilalim ng tagapatnubay."*

---

"Kung ang pagsunod sa kautusan ng Diyos ay hindi nakapagliligtas sa atin, kung gayon ay bakit tayo nag-aabala?" Maaaring itinatanong ito. Malinaw sa Salita ng Diyos na ang kautusan ay hindi makaliligtas (Mga Taga-Roma 3:20). Ang puso ng tao ay masama, walang sinuman ang perpektong makatutupad sa kautusan (Mga Taga-Roma 3:23). Ang isa pang tanong na maaaring sumunod ay, "Paano kung walang batas, magkakaroon pa ba ng kasalanan? Hindi ba dahil sa batas na umiiral ang kasalanan?"

Sinagot ni Pablo ang eksaktong tanong na ito sa Mga Taga-Roma 7:7, "Huwag nawang ipahintulot ng Diyos" ang sagot niya. Ang kasalanan ay umiral kahit na meron o walang batas. Sa halip, ang kautusan ang nagpapakilala ng kasalanan sa atin. Sapagkat ang batas ay nagsasabing "Huwag kang mag-iimbot", nakikilala natin ito kapag tayo mismo ay nag-iimbot. Sinasabi sa atin ng Mga Taga-Galacia 3:24 na ang kautusan ay ating tagapatnubay, ang ating guro na magdadala sa atin kay Kristo. Ipinapakita ng kautusan sa atin ang ating mga kasalanan kung kaya kailangan natin ang Tagapagligtas (Mga Taga-Roma 3:20). Itinuturo ng batas ang ating mga pagkakamali at hindi tayo makatatakas mula sa pagkakasala. Dahil sa batas, ikaw at ako ay nakakikilala na tayo ay mga makasalanan.

Malinaw sa Mga Taga-Roma 1:32 na bilang mga makasalanan, ang kamatayan ay naghihintay sa atin. Iyon ang makatarungan at karapat-dapat na paghuhukom para sa kasalanan. Ngunit ang Diyos ay maawain. Sa kabila ng pagtanggi ng tao na sundin ang kautusan, inabot ng Diyos ang tao, at sa pamamagitan ng grasya, iniligtas ang tao mula sa kanilang mga kasalanan (Mga Taga-Roma 6:14). Nakamtan Niya ito sa pamamagitan ng paglagay ng paghatol sa ating mga kasalanan kay Kristo mismo.

Samakatuwid, mahal na kaibigan, hindi ka maililigtas ng kautusan. Sa halip kung mas may alam tayo tungkol sa batas, mas lalo nating malalaman na hindi natin ito perpektong maitatago. Sa gayon ito ang magdadala sa atin na makilala ang ating kasalanan, ngunit ito rin ang magdadala sa atin na makita ang ating pangangailangan ng Tagapagligtas.

**Pag-iisip:** Sinasabi sa atin ng Batas na tayo ay mga makasalanan.
**Panalangin:** Diyos, tulungan Niyo akong makilala ang sarili na isang makasalanan.

## HINDI BA NAKALILIGTAS SA AKIN ANG PAGPUNTA SA SIMBAHAN?

Mga Taga-Roma 10:2
Isaulo ang 2 Kay Timoteo 2:15
*"...ang panahon ay dumarating, na sinuman ang pumatay sa inyo ay mag-iisip na siya ay gumagawa sa Diyos ng paglilingkod."*

---

May ilang naniniwala na kung gagawin ko ang mga bagay na ginagawa ng mga Kristiyano, magiging Kristiyano ako at magkakaroon ako ng puwang sa langit. Ang ideyang ito sa katunayan ay pundasyon ng maraming mga pangunahing relihiyon. Ang mga pinuno ng mga relihiyong ito ay gumagawa ng mga sali-salimuot na seremonya at ritwales na kailangang tangkilikin ng mga tagasunod upang makapasok sa mga pasukan ng langit. Ang mga Hudyo ay labis na masigasig at nag-aangking sila ay may dakilang pag-ibig at katapatan sa Diyos. Gayunpaman, napakahusay na inilarawan ni Pablo ang kanilang sitwasyon, "... mayroon silang sigasig sa Diyos, ngunit hindi ayon sa kaalaman"; ang kanilang pananampalataya at pagkilos ay hindi batay sa kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao; ito ay hindi batay sa Salita ng Diyos. Maaaring mayroon silang malaking sigasig at gayon pa man ay hindi nila kilala ang tunay na Diyos. Ang kanilang pananampalataya ay gawa ng tao. Mismong ganoon si Apostol Pablo bago siya nagbalik-loob (Mga Gawa 26:9-10). Akala niya na ang pang-uusig at pagpatay ng mga Kristiyano ay pagkamasunurin sa Diyos!

Kayo ba ay nagkasala sa paglilingkod sa Diyos sa maling paraan? Naniniwala ka ba sa Diyos ng Bibliya o sa diyos ng iyong sariling mga ideya at imahinasyon? Sinasabi ni Hesus sa atin na marami ang magsasabi sa kanya sa Araw ng Paghuhukom na marami silang nagawang makapangyarihang bagay para sa Kanya, ngunit itatanggi ni Kristo na kilala Niya sila (Mateo 7:22-23). Ito ay posibleng posible at kailangan mong suriin ang iyong sarili nang makita kung ano ka? Dapat mong suriin ang iyong puso at tanungin kung ang iyong pananampalataya ay batay sa Salita ng Diyos. O itinuturo ba ng Salita ng Diyos ang kamalian ng iyong mga pamamaraan at ikaw ba ay nagsisisi o matigas na pinagpipilitan ang maling pagkaunawa at nagkakasala? Kailangan mong patuloy na maging masigasig na estudyante ng Salita ng Diyos at kung mas higit ang pagtuklas at pagsunod mo, mas lalo mong masusuri ang iyong pananampalataya.

**Pag-iisip:** Paano ko malalaman na totoo ang ating pananampalataya? Sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, bigyan mo ako ng mapagpakumbabang puso na naghahanap ng kaalaman kung tama ako sa Iyo.

## LIGTAS BA ANG MGA NASA SA IBANG SIMBAHAN?

Mga Gawa 15:11
Isaulo ang 1 Mga Taga-Tesalonica 5:6
*"Na nananalangin palagi… at nagbabantay."*

---

Alam natin mula sa Salita ng Diyos na ang Iglesia ng Diyos, na kalimitan ay tinutukoy na Katawan ni Kristo (1 Mga Taga-Corinto 12) ay binubuo ng lahat na tunay na mananampalataya, sa nakaraan, kasalukuyan o hinaharap. Tumutukoy din ito sa mga mananampalataya sa Lumang Tipan. Samakatuwid, ang Iglesia ng Diyos ay hindi nakakulong sa isang gusali o bansa o kahit sa isang panahon. Ito ay binubuo ng lahat ng mga mananampalataya. Sinasabi sa Kay Tito 2:11 na ang kaligtasan ay ibinibigay sa lahat. Ang sinuman na handang tanggapin ang kaloob na kaligtasan ng Diyos ay maliligtas. Samakatuwid, ang sagot ay "oo", posible na ang mga miyembro ng ibang simbahan ay tunay na naligtas. Gayunpaman, maging maingat tayo sa pagsasabi na hindi lahat ng mga miyembro sa lahat ng simbahan ay naligtas at hindi lahat ng simbahan ay tapat sa pagtuturo ng Salita ng Diyos. Sa kasamaang palad, walang tiyakang sagot para sa tanong na ito dahil tinatalakay nito ang mga bagay ng puso at ang Diyos lamang ang maaaring makahusga sa puso ng mga tao, ang Diyos lamang ang maaaring makapagsabi kung ang isang tao ay tunay na naligtas.

Ang isyu ngayon ay hindi gaano tungkol sa kaligtasan, kundi ito ay isang isyu ng pagsunod. Hindi dahil ang isang iglesya ay may mga mananampalatayang kasama nila ay mapatotohanan na nila ang lahat ng kanilang mga ginagawa, o maipapakita na nilang sila ay isang mabuting simbahan. Dapat nating masabi kung ang isang iglesya ay nagtuturo at nagsasagawa ng katotohanan ng Diyos o hindi. Tayo ay tinuruan upang "... subukin ang mga espiritu kung sila ay sa Diyos ..." (1 Juan 4:1). Binigyan tayo ng babala na sa mga huling araw, maraming mga huwad na propeta ang pupunta sa mundo at ililigaw ang marami sa pagbibigkas lamang sa kanila ng mga salita na gusto nilang marinig (1 Kay Timoteo 4:1). Marami ang maliligaw. Mahihinuha nating magkakaroon ng maraming iglesia na magiging hindi tapat at iilang mga iglesia na mananatiling totoo. Ang pamantayan ay hindi kung sila ay ligtas na o hindi, kundi kung sinusunod nila ang Salita ng Diyos sa lahat na ginagawa nila. Ito ang nais ng Diyos sa atin, at ito ang pagsusumikapan nating gawin.

**Pag-iisip:** Kung nakikita ko na ang aking iglesia ay hindi tapat, ano ang dapat kong gawin?
**Panalangin:** Panginoon, bigyan mo ako ng dunong sa pagpuna at bigyan mo ako ng tunay na iglesia na mapagsambahan.

## ANO ANG KATUNGKULAN NG KARANASAN SAMAKATUWID?

2 Pedro 1:19
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 13:5
*"May daan na tila matuwid sa tao... nguni't ang dulo... mga daan ng kamatayan."*

---

Ang binibigyang-diin ng kilusang Charismatic ay ang karanasan, na humihigit pa kaysa sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Naniniwala sila na ang Diyos ay nagsasalita sa atin hindi lamang mula sa Biblia kundi pati na rin sa pagbigkas ng mga "bagong" katotohanan direkta mismo sa mananampalataya. Ang mananampalataya ay maaaring makakakita ng mga pangitain, o magsasabing narinig niya ang Diyos na nagsalita sa kanya o maaaring simpleng siya'y "nakakaramdam" na nabigyan siya ng ilang espesyal na katotohanan. Kung tinatanong kung bakit niya ginawa iyon, ipahahayag niya na siya ay may "pakiramdam" na iyon ay dapat na sabihin at kadalasan ang inilalagay na dahilan ng kanyang aksyon ay ang Banal na Espiritu.

Ang mga damdamin o karanasan ay maaaring magamit kung minsan ng Diyos. Sa Mga Gawa 2:37, ang pagkakaramdam na hindi maaaring balewalain ay ginamit ng Banal na Espiritu upang papangyarihin silang makumberte. Samakatuwid, posible para sa Diyos na papangyarihin ang isang karanasan sa puso ng mga tao. Posible rin para sa Banal na Espiritu na magbigay ng pakiramdam ng pagkabalisa kapag tayo ay nakukumprunta ng kasalanan, upang maging mapagmasid tayo at makaiwas sa paggawa ulit ng kasalanan. Gayunpaman, may ilang pakikiramdam na maaaring maling-mali at hindi nagmumula sa Diyos kundi nanggagaling sa isang napakamakasalanang puso (Jeremias 17:9). Hindi tayo dapat laging magtitiwala nito at sa halip ay lagi nating patunayan ang isang karanasan o pakikiramdam sa mas lalong nakatitiyak na Salita ng Diyos – ang Bibliya (2 Pedro 1:19).

Maaari lang nating paniwalaan na ang ating nadarama ay nagmumula sa Diyos kung ito ay ikukumpirma ng Salita ng Diyos. Samakatuwid, kailangan nating mapagpakumbabang iksaminin ang ating sarili at marahil, mag-angkin ng nagbibigay pakinabang na pag-aalinlangan tungkol sa ating mga karanasan.

**Pag-iisip:** Maaari bang ang isang kahanga-hangang damdamin ay ganap na makasalanan?
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong magtiwala sa Iyo nang higit kaysa sa sarili ko.

## PAANO KO MATITIYAK ANG INTERPRETASYON NG BIBLIYA?

2 Pedro 1:20-21
Isaulo ang 2 Kay Timoteo 2:15
*"...hahanapin siya na parang pilak... sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago."*

---

Ang Salita ng Diyos ay maaaring magkaroon ng iba't ibang mga aplikasyon ngunit ang kahulugan ay iisa lamang. Posible para sa isang Kristiyano na mas makakakita siya ng mas malalalim na mga katotohanan sa parehong talata, ngunit ang kahulugan ay hindi nagbabago. Ang 2 Pedro 1:20-21 ang nagsasabi sa atin nito. Ang interpretasyon ng Banal na Kasulatan ay hindi nagkakaiba para sa iba't ibang mga indibidwal, kundi ito ay pareho dahil ito ay nanggagaling sa iisang pinagmulan, ang Espiritu Santo.

"Paano ko matitiyak na ang aking interpretasyon ang siyang tama?" Narito ang ilang mga pangunahing hakbang na maaari nating magamit upang tulungan tayong matiyak ang ating mga interpretasyon sa Bibliya:

1. Upang maunawaan nang wasto ang Salita ng Diyos ay kailangan natin ang tulong ng Diyos at kaya ang mahalagang unang hakbang ay maging tama sa Panginoon. Ikumpisal ang iyong kasalanan.
2. Magkaroon ng pinakamataas na pagtingin sa Salita ng Diyos, pagkikilala nang may kababaang-loob na ang ating mga ideya at ng iba ay dapat magpailalim sa awtoridad nito.
3. Manalangin at hilingin ang patnubay ng Banal na Espiritu at pagmamahal sa Salita ng Diyos.
4. Maging handa sa paglagay ng panahon at pagsisikap.
5. Palaging suriin ang iyong pang-unawa sa pamamagitan ng pagtingin sa sinasabi ng ibang bahagi ng banal na kasulatan. Ibig sabihin, ang Kasulatan ay nagpapaliwanag ng Kasulatan para sa iyo at kailangan mong makita ang buong konteksto.
6. Magkaroon ng mga aklat na tutulong sa pag-aaral ng Biblia. Humingi ng payo sa iyong pastor/guro sa Sunday School kung ano ang pwedeng mailagay. Sa panahong ito na may modernong teknolohiya, ang internet ay magbibigay ng mga komentaryo, mga mapa, konkordansya at marami pa ukol sa impormasyong kailangan mo. Ngunit mag-ingat sa di-mapagkakatiwalaang materyal at hindi biblikal.
7. Maglaan ng panahon para dumalo sa mga mapagkakatiwalaang Bible studies.

**Pag-iisip:** Paano ko malalaman na ang aking interpretasyon ay mali?
**Panalangin:** Panginoon, turuan mo akong mahalin ang iyong Salita.

## BAKIT HINDI KO MAIPAGPALIBAN ANG PAGTANGGAP KAY KRISTO?

Lucas 12:16-20
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corinto 6:2b
*"...masdan, ngayon ay ang katanggap-tanggap na panahon; masdan, ngayon ay ang araw ng kaligtasan."*

---

Ibinahagi ni Kristo ang isang talinghaga tungkol sa isang mayamang tao na abala sa pagpaplano at pag-oorganisa kung papaano siya maglikom ng kayamanan sa pinakamabisang paraan upang maging handa sa buong buhay niya. Siya ay may malalaking plano at matatayog na pag-asa. Ang lahat ay nagniningning at siya ay umaasa ng komportableng buhay sa hinaharap. Ngunit lingid sa kanya, kukunin siya ng Diyos mula sa mundong ito nang gabing iyon. Ang lahat ng kanyang binalak at inasam ay magiging walang kabuluhan. Ang ideya ng kamatayan ay malayo sa kanyang isip, ngunit isang trahikong sorpresa ang naghihintay sa kanya. Ang kamatayan ay isang katiyakan. Gayunpaman, ang tiyak na hindi alam ng mga tao ay kung kailan sila mamamatay. Walang nakakaalam kung kailan niya haharapin ang Diyos upang managot sa kanyang buhay. Gayuman, hindi natin malalaman kung papaano tayo mamamatay - kung ito ay dahil sa isang matagal nang nakamamatay na sakit o isang biglaang 'di inaasahang aksidente na kumikitil kaagad ng buhay. Hindi natin alam kung magkakaroon tayo ng pagkakataong maniwala muna bago mamatay. Ito ay ganap na lampas sa ating kontrol. Kung alam mo ang katotohanang ito, mag-aantala ka pa ba sa pagtanggap kay Kristo?

Ang alam natin ay may panahon tayo ngayon. Alam natin na may pagkakataon tayong maniwala sa ebanghelyo sa sandaling ito. Hindi mamaya, hindi bukas kundi ngayon. Kung pababayaan mo ang pagkakataong ito, hindi ka makatitiyak na magkakaroon ng isa pa. Kaya bakit pa maghihintay? Huwag kang tumulad sa mayamang hangal na nag-akalang alam niya na magkakaroon pa siya ng hinaharap. Sa pag-abalang magplano at maghanda para sa kanyang maunlad na kinabukasan, napabayaan niya ang kanyang kaluluwa. Sa sandaling dumating ang kamatayan, ang pinto o pagkakataon na maniwala ay mawawala na. Ito ay magsasara at ang tadhana ng isang tao ay masiselyuhan at hindi na mababago. Huwag tumulad sa mayamang tao na "labis na nagparangya" ngunit humantong sa impiyerno at natuklasan ito (Lucas 16: 19-31).

**Pag-iisip:** Paano kung napalampas ko ang aking huling pagkakataong maligtas ako?
**Panalangin:** Panginoon, gusto kong maniwala, tulungan mo akong maniwala ngayon.

## PAANO KO MALALAMAN NA AKO AY TUNAY NANG NALIGTAS?

Mateo 13:1-23
Isaulo ang Juan 15:5
*"...na mabunga sa bawa't mabuting gawa, at lumalago sa kaalaman ng Diyos."*

---

May ilang mga Kristiyano na pinagdududahan ang kanilang kaligtasan dahil hindi sila nakaramdam o nakasaksi ng anumang nakamamangha. Sa talinghaga ng mga lupa, ang Salita ng Diyos ay inihalintulad sa mga binhi habang ang lupa ay kumakatawan sa puso ng tao. Ang ilang mga binhi ay nahulog sa mabatong lupa, ang iba sa mga tinik, at wala sa mga ito ang nagpakita ng tunay na pagtubo, na nagpapahiwatig ng walang kaligtasan. Gayunpaman, may isang uri ng lupa na nagbunga. Ang binhi ay yumabong na isang puno at nagbunga; ilan ay 100, iba 60 at 30 na lupi.

Ang talinghaga ay nagtuturo na ang buhay ng isang tunay na ligtas, ay tiyak na magkakaroon ng bunga. Ito ay mga pagbabago sa buhay na dala ng Banal na Espiritu na pumupukaw sa kaluluwa ng mananampalataya. Ang mga ito ay bunga na tanging ang kaluluwang binuhay lamang ang maaaring makapagbunga. Halimbawa, ang mananampalataya ay dapat na ngayong magkaroon ng pag-unawa at pag-ibig sa Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pag-ulit ng mga salita ng Mang-aawit na nagsasabing ang Salita ng Diyos ay mas matamis pa kaysa sa pulot-putyukan (Mga Awit 119:103). Ang isa pang bunga ay ang nagbagong buhay; na ngayon ay nakahilig na patungo sa pagsunod sa Salita ng Diyos at nilisan na ang kanyang mga lumang makasalanang pamamaraan. Mayroon na rin ngayong pag-ibig para sa mga tao ng Diyos at may sagutin para sa mga hindi ligtas. Mayroon ding pagnanais na paglingkuran ang Panginoon sa anumang kapasidad na tinatawag Niya tayo. Kahit na simpleng kagalakan at kapayapaan sa puso ay maaaring isa sa mga bunga ng kaligtasan (Mga Taga-Galacia 5:22).

Dapat lang nating alalahanin, na ang dami ng prutas ay magkakaiba sa indibidwal na mananampalataya. Halimbawa, ang ilan ay may higit na pag-uunawa sa Salita ng Diyos kaysa sa iba, ngunit hindi ito nangangahulugan na ang taong may mahinang pang-unawa ay hindi ligtas. Sa kalaunan, ang pang-unawa ay lalawak sa tulong ng Diyos. Kaya para sa ilan, ang espirituwal na bunga ay mistulang kakaunti lamang o mahihina, ngunit dapat ay magkakaroon ng tanda ng pagbunga, sapagkat ang walang bunga nangangahulugang walang kaligtasan.

**Pag-iisip:** Ano ang makapagpabagal sa paglago ng isang Kristiyano?
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong magbunga ng higit pa para sa Iyo habang hinahangad kong mas higit pa kitang masusunod.

## ANO ANG PAGPAPAKABANAL?

1 Mga Taga-Tesalonica 5:23
Isaulo ang Mga Taga-Roma 12:1-2
*"...kundi kayo ay mag-iba sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong kaisipan..."*

---

Ang mga salita bang katulad ng "banal" at "pagpapakabanal" ay walang kaugnayan para sa iyo? Hindi dapat ganoon! Maraming tao ang may impresyon na ang pagpapakabanal ay nangangahulugang magmumukha kang solemne sa buong araw, hinihindian ang mga bagay na gustong gawin ng mga kabataan ng pagkakaroon ng magandang laro ng basketball o eskursiyon, o simpleng kabibuhan. Iyon ba ay tunay na kabanalan? Manapa'y dapat nating isipin ang pagpapakabanal ay "inilaan". Ito'y nangangahulugan na, bilang mga anak ng Diyos, hindi tayo dapat "magsiayon sa sanglibutang ito", kundi "kayo ay mag-iba sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong kaisipan.".

Mayroong dalawang aspeto ng pagpapakabanal na itinuro sa Kasulatan. Ang isa ay posisyonal na pagpapakabanal. Ang isa pa ay praktikal o progresibong pagpapakabanal. Sa posisyonal na pagpapakabanal, inilaan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Sarili, patungo sa Kanyang Sarili, at para sa Kanyang Sarili. Kung iyon ay mangyayari, ang katayuan natin sa harap ng Diyos ay itinuturing na perpektong kabanalan, dahil hindi Niya tayo hinahatulan para sa ating mga kasalanan, kundi nakikita Niya ang pagkamakatarungan ni Kristo. Ang lahat na ito ay agad na nangyayari kapag ang isang tao ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ang praktikal na pagpapakabanal ay ang simpleng proseso ng pagsasagawa ng kung ano ang posisyong ibinigay sa atin ng Diyos sa kay Panginoong Hesu-Kristo. Ito ay isang panghabang buhay na pakikipaglaban sa kasalanan, habang sinisikap nating sundin ang Panginoon sa lahat ng bagay. Gayunpaman, alam natin na hindi ito sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap, kundi ang Diyos mismo ang "magpapakabanal sa inyo" (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23).

Nararamdaman mo ba ang awa ng Diyos para sa iyo? Kung gayon, binabalikan mo ba Siya ng pagmamahal? Kung gayon, ang "pagpapakabanal" ay natural na darating! Kung mahal mo Siya, nais mong makiisa ka sa Kanya, mag-isip at kumilos na parang anak Niya, at ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga kasalanan.

**Pag-iisip:** Ang mga Kristiyano ay "mga estranghero at mga manlalakbay" sa mundong ito!
**Panalangin:** Panginoon, nawa sa pamamagitan ng aking araw-araw na paggawi, ay maging karapat-dapat na saksi sa iyong pag-ibig.

## KAILANGAN KO BANG MAPUNO SA ESPIRITU?

Mga Taga-Efeso 5:18
Isaulo ang Mga Taga-Efeso 5:18
*"At huwag makiayon sa sanglibutang ito..."*

---

Papaanong magiging banal ang mga tao! Ngunit, kung iniutos ito ng Diyos, bibigyan Niya tayo ng "kapangyarihan" na maging banal! Paano Niya ibibigay ang "kapangyarihan" na ito, ang kakayahang maging banal? Ang sagot ay nasa berso ngayon, "At huwag maglalasing ng alak, kung saan may kabulagsakan; kundi mapuno ng Espiritu". Kapag napuno tayo ng Espiritu, lubos nating ibibigay ang ating sarili sa pagkontrol ng Espiritu. Pagpapalain Niya nang sapat ang taong iyon ng kagalakan at kakayahang gumawa ng maraming mabubuting gawa. Ikalulugod ng taong iyon ang pagpunta sa simbahan upang sumamba sa Diyos, at magkaroon ng mabuting pagsasama sa ibang mga Kristiyano (Mga Taga-Efeso 5:18-20).

Paano mo malalaman na ikaw ay puno ng Espiritu? Basahin ang sumusunod na mga talata (Efeso 5:19-21), "Na mag-usapan sa inyong mga sarili sa mga salmo at mga himno at espirituwal na mga awitin, na umaawit at gumagawa ng himig sa inyong mga puso sa Panginoon; Na nagbibigay pasalamat palagi para sa lahat ng mga bagay sa Diyos at Ama sa pangalan ng ating Panginoong Hesu-Kristo; Na nagpapasakop ng inyong mga sarili sa isa't isa sa pagkatakot sa Diyos." Nakikita mo ba ang kaibhan sa taong "nalasing sa alak"? Ang isang lasenggo ay nasa ilalim ng impluwensiya ng alkohol – sa kabilang dako tayo dapat ay nasa ilalim ng impluwensya ng Banal na Espiritu! Ang isang taong nagmamahal sa Diyos ay likas na ikatutuwang kumanta ng mga papuri sa Diyos! Pinapasalamatan niya ang Diyos araw-araw sa mga pagpapala, malalaki man o maliliit, kahit na ang mga bagay ay sumasama (ayon sa pantaong pananaw). Hindi siya magiging mapagmalaki (paano tayo magiging mapagmalaki kung ang lahat na mayroon tayo ay nagmumula sa Diyos?), at siya ay laging handa "na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kaysa kaniyang sarili" (Mga Taga-Filipos 2: 3). Hindi dahil siya ay mahiyain at natatakot sa ibang tao, kundi dahil sa siya ay natatakot sa Diyos (hindi may karuwagang pagkatakot, kundi pagkatakot na masaktan ang isang banal at mapagmahal na Diyos).

**Pag-iisip:** Dapat ko bang matandaan ang eksaktong petsa at oras ng aking kaligtasan bago ako tunay na maligtas?
**Panalangin:** Tulungan mo ako O Diyos dahil ako ay makasalanan! Gawin mo akong mas lalong maging katulad kay Kristo na aking Panginoon at Tagapagligtas nang aking maluwalhati ang Kanyang banal na Pangalan.

## AKO BA AY ISANG BAGONG NILALANG?

2 Mga Taga-Corinto 5:17
Isaulo ang 2 Mga Taga-Corito 5:17
*"Samakatuwid kung ang sinumang tao ay na kay Kristo, siya ay isang bagong nilalang..."*

---

Isinulat ni Pablo, "Samakatuwid kung ang sinumang tao ay na kay Kristo, siya ay isang bagong nilalang: ang lumang mga bagay ay lumipas na; masdan, ang lahat ng mga bagay ay naging bago" (2 Mga Taga-Corinto 5:17). Ngunit, sa loob ng maraming taon, tuwing nababasa ko ang talatang ito, nakadama ako ng pagkamakasalanan! Kung minsan ay pinagtakhan ko ang aking kaligtasan.

Subalit, salamat sa Diyos, mas nararamdaman ko na ngayon na ako ay isang "bagong paglalang". Matatandaan mo na may dalawang uri ng "pagpapakabanal" - posisyonal na pagpapakabanal (noong tayo ay unang nakumberte) at patuloy na pagpapakabanal. Kaya, ako ay "isang bagong nilalang" nang ako ay naniwala sa Diyos, ngunit namuhay pa rin akong halos sa lumang paraan - kaya hindi ko "naramdaman" ang tulad ng isang "bagong nilalang". Ngunit hindi ako isinuko ng Diyos! Ang Banal na Espiritu ay kumilos sa aking puso at ako ay "patuloy na pinabanal" at nadama kong ako'y mas tumutulad sa pagiging anak ng Diyos. Ngayon, sa katunayan, maaari kong sabihin na ang luma ay lumipas na; narito, ang bago ay dumating at patuloy na binabago!

Ang isang mananampalatayang ipinanganak nang muli ay sinasabing nakatira na sa isang bagong mundo. Ito ay dahil sa ang Diyos "Na siyang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng kaniyang iniibig na Anak" (Mga Taga-Colosas 1:13). Tandaan na ang "kaharian ng kaniyang iniibig na Anak" ay ang kaharian din ng liwanag.

Nararamdaman mo ba na ikaw ay bago nang nilalang ng Diyos? Isinuko mo na ba ang ilan sa iyong mga masasamang gawi? May naiibigan ka pa bang ilang bagay na naiibigan din ng mga kaibigan mong di-Kristiyano? Sigurado akong may marami kang maiisip tulad ng panonood ng mga programa sa TV at mga pelikula na naglalarawan ng makamundong hilig ng katawan. Mayroon ka bang parehong "pita ng laman, at ang masamang pita ng mga mata, at ang pagmamataas ng buhay" gaya nila?

**Pag-iisip:** Ang mga Kristiyano ay hindi na mga mamamayan ng mundong ito, kundi mga mamamayan ng Kaharian ng Diyos.
**Panalangin:** Panginoon, ipinangako Mo na ang Iyong mga awa ay "bago tuwing umaga". Kaya tulungan mo akong mas maging isang bagong paglikha sa araw-araw.

## DAHIL SA AKO AY NALIGTAS NA, MAAARI KO BANG TAMASAHIN ANG KASALANAN?

Mga Taga-Roma 6:1-13
Isaulo ang Mga Taga-Roma 6:2
*"Paano ba tayo, na mga patay na sa kasalanan, ay mabubuhay pa nang matagal dito?"*

---

Tayo ay "nasa mundo ngunit hindi sa mundo". Gayunpaman, ang katotohanan ay bagama't tayo ay isinilang na muli, ang mga Kristiyano ay nahuhulog pa rin sa kasalanan. Isinulat ni Apostol Juan, "Kung sinasabi natin na tayo ay walang kasalanan, ay nililinlang natin ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin" (1 Juan 1:8). Kadalasan ay nais ng ating makasalanang kalikasan na makuha ang parehong paraan! – na magkaroon ng kaligtasan, at patuloy pa ring tinatamasa ang kasalanan! Ngunit kung totoong mahal natin ang Diyos, hindi natin maiisip ang ganoong bagay! Ang kasalanan ay hindi na magiging kaakit-akit sa atin, ni hindi tayo dapat mag-isip na 'tamasahin ito'. Sa halip, dapat nating kamuhian ang kasalanan, at makita ito sa pareho ng ating Panginoon, dahil ang kasalanan ang siyang nagdala kay Hesus sa krus, at naging dahilan sa Kaniyang kamatayan!

Ang maling pag-iisip ng nais magtamasa ng kasalanan ay isang malaking sakit sa ulo para kay Apostol Pablo kaya isinulat niya ang buong kabanata ng Mga Taga-Roma 6 upang pabulaanan ito, na nagsasabi sa atin na ngayon bilang mga mananampalataya, tayo ay patay na sa kasalanan, at hindi na dapat mamuhay para sa kasalanan! Ang susi dito, ay dapat nating maunawaan ang ating katayuan bilang bagong nilalang kay Kristo. Ang pagiging patay sa kasalanan ay nangangahulugang hindi na tayo natutukso o nagaganyak nito. Tulad ng ang isang taong patay na di-makatugon sa mundo, gayon din ang taong patay na sa kasalanan ay wala nang anumang pagkahilig sa kasalanan ng mundo. Sa halip, mayroon tayong bagong buhay kay Kristo, at dapat tayong lumakad dito sa 'kabaguhan ng buhay' (Mga Taga-Roma 6:4). Ang ating mga hangarin at pananabik ngayon ay dapat nang para sa mga bagay na kay Kristo, sapagkat tayo ay namumuhay sa Diyos. Ang mga bagay na ating tinatamasa ngayon ay hindi na ang mga lumang kasalanan ng nakaraan, kundi sa pagiging 'instrumento ng katuwiran sa Diyos' - sa paggawa ng Kanyang kalooban at pagluluwalhati sa Panginoon na nagligtas sa atin!

**Pag-iisip:** Salamat Panginoon, sa pagiging isang maawain at mapagpatawad na Diyos.
**Panalangin:** Tulungan mo ako O Diyos dahil ako ay isang makasalanan! Sana'y bigyan mo ako ng lakas na magsabi ng hindi sa kasalanan, at oo sa katuwiran!

## BAKIT MAHALAGA ANG PAGSUNOD?

Mateo 7:16-23
Isaulo ang Mateo 7:21
*"Hindi ang bawa't isa… ay papasok sa kaharian ng langit."*

---

Alalahanin na ang Sermon sa Bundok ay naitala sa Ebanghelyo ni Mateo mula sa mga Kabanata 5-7. Sa mas naunang mga bersikulo ng kabanata 7, sinabi ni Hesus, "Pumasok kayo sa makipot na tarangkahan: sapagka't maluwang ang tarangkahan, at malapad ang daan, na patungo sa kapahamakan, at marami sila na pumapasok doon."

Ang talatang iyon, at ang talata ngayon ay nagsasabi sa atin na maraming mga nag-aangking Kristiyano (tinatawag nila si Hesus ng "Panginoon, Panginoon") at umaasang maligtas, ngunit ayaw nilang sundin Siya (hindi nila ginagawa ang "kalooban ng aking Ama na nasa langit") at patuloy silang lumalakad sa "malawak na daan" (nabubuhay sa isang makamundong buhay ng kasalanan) na "patungo sa kapahamakan". Ang kanilang wakas ay tiyak, sapagkat sasabihin ni Kristo sa kanila, "Kailanman ay hindi ko kayo nakilala: lumayo mula sa akin, kayo na gumagawa ng pagsalansang".

Ngunit paano mo malalaman na ikaw ay nasa Kaharian ng langit o sa labas nito? Pakinggan ang ating Panginoon sa parehong talata (Mateo 7:18-20), "Ang isang mabuting punong-kahoy ay hindi maaaring magbunga ng masamang bunga, ni hindi maaari na ang isang masamang punong-kahoy ay magbunga ng mabuting bunga. Bawa't punong kahoy na hindi nagbubunga ng mabuting bunga ay pinuputol, at itinatapon sa apoy. Kaya nga sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila".

Makikita ba ng iyong mga kaibigan, ng iyong mga magulang ang bunga sa iyo? Anong bunga? "Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabaitan, kabutihan, pananampalataya, kaamuan, pagtitimpi" (Mga Taga-Galacia 5:22-23a). Halimbawa, naipapakita mo ang iyong pagmamahal sa mga kapatid sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanila, pagtulong sa kanila kung mayroon silang mga problema at tandaang patawarin sila sa anumang masakit na ginawa nila sa iyo. Ang mga ito ay mga simpleng palatandaan na kayo ay namumuhay sa isang buhay ng pagsunod sa Diyos, at nagdadala ng mabuting bunga para sa Kanya.

**Pag-iisip:** Maaari ba akong magpahayag na isang Kristiyano, ngunit hindi sumusunod sa Diyos?
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong magbunga para sa Inyo at luwalhatiin ka sa buhay ko.

## BAKIT NAGKAKASALA PA RIN AKO?

Mga Taga-Roma 7:21-25
Isaulo ang Mga Taga-Roma 7:25
*"...sino ba ang magliligtas sa akin mula sa katawan ng kamatayang ito?*

---

Nababagabag ka ba sa kasalanan? Naliligalig ka ba sa tanong na ito "Bakit nagkakasala pa rin ako"? Maaari mong tanungin ang iyong sarili, "Ako ba ay tunay na Kristiyano? Yamang natutuhan natin na ang Banal na Espiritu ay nabubuhay sa akin, bakit pa ako nagkakasala?"

Sinasabi sa atin ng Biblia na kahit tayo'y naligtas na, tayo ay nasa korporal na katawan pa rin, at nagpapatuloy pa tayong nakikipaglaban sa kasalanan - ngunit hindi ito nagpapawala sa ating kaligtasan. Binanggit ni Pablo sa Mga Taga-Roma 7:22-23, "Sapagka't ako ay natutuwa sa batas ng Diyos ayon sa panloob na tao: Datapuwa't nakikita ko ang isa pang batas sa aking mga bahaging-katawan na nakikidigma laban sa batas ng aking kaisipan, at dinadala ako sa pagkabihag sa batas ng kasalanan na nasa aking mga bahaging-katawan". Kung gayon, mayroon tayong "ibang batas" sa "ating mga sangkap" na papangyarihin tayong patuloy na magkasala.

Ito ay talagang napakalaking misteryo. Bakit hindi lubos na pawiin ng Diyos ang kasalanan sa atin habang tayo ay nasa mortal na katawang ito? Maaari bang gusto Niya tayong masubukan, upang maging dalisay tayo? Tila ganito ang inisip ni Job nang sinabi niyang, "...pagka kaniyang nasubok ako, ay lalabas akong parang ginto" (Job 23:10).

Bagaman maaari pa tayong magkasala, ngunit dapat nating pagtuunan ang mga kaloob ng Diyos sa atin upang manaig sa kasalanan! "O sawimpalad na tao ako! Sino ba ang magliligtas sa akin mula sa katawan ng kamatayang ito? Pinasasalamatan ko ang Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo na ating Panginoon. Kaya nga sa pamamagitan ng kaisipan ay naglilingkod ako mismo sa batas ng Diyos; datapuwa't sa pamamagitan ng laman ay sa batas ng kasalanan" (Roma 7: 24-25). Oo mayroon pa rin tayong kagustuhang magkasala sa loob natin, ngunit kasama ang Banal na Espiritu sa loob natin, may kakayahan tayong mapagtagumpayan ang hangaring magkasala, at sa halip ay maglingkod sa Diyos.

**Pag-iisip:** "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay matapat at matuwid siya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at upang linisin tayo mula sa lahat ng di-pagkamatuwid" (1 Juan 1:9).
**Panalangin:** Panginoon, sana'y punuin mo ako ng Banal na Espiritu upang ako ay magtagumpay laban sa kasalanan!

## MAWAWALAN BA AKO NG KALIGTASAN?

Juan 10:27-29
Isaulo ang Juan 10:2
*"...ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay; at sila ay hindi kailanman sila mapapahamak."*

---

Maaari kang magtataka paminsan-minsan, lalo na kapag nagkakasala ka, kung maaaring mawawala ang iyong kaligtasan. Ang sagot ng Bibliya ay napakalinaw: HINDI! May maraming nakagiginhawang mga bahagi sa bibliya na magkukumbinsi sa atin tungkol dito. Ang isa sa mga ito ay nagmumula sa Juan 10:27-28, na nagsasabi na ang tunay na mananampalataya ay hindi kailanman mawawalan ng kanilang kaligtasan.

Kaya, una, dapat mong malaman kung ikaw ay ligtas na. Tanungin mo ang iyong sarili - ikaw ba ay Kanyang tupa? Kung ikaw ay Kanyang tupa, maririnig mo ang Kanyang tinig, at susundin mo Siya. Pagkatapos - paano mo malalaman na ang iyong kaligtasan ay panatag? Sinasabi ni Hesus, "ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay" Ang ating kapanatagan (buhay na walang hanggan) ay nagmumula sa Kanya, hindi sa ating mga sariling gawa! Pagnilay-nilayan ang bersikulo at mapagtanto mo kung gaano kapana-panatag ng mga anak ng Diyos. Nariyan ang pangako ng buhay na walang hanggan. Pagkatapos ay sinasabihan tayo na hindi tayo kailanman mamamatay. Ang rason ay dahil nasa mga kamay tayo ni Kristo. Ang pagiging nasa mga kamay ni Kristo ay sapat na walang panganib. Ngunit tingnan ang kamay ng Ama sa ibabaw ng kamay ni Hesus. Walang sinuman ang makakukuha sa atin mula sa kamay ng Ama, na siyang Diyos na makapangyarihan sa lahat.

Minamahal na mambabasa, tayo ay magpahingalay nang may kagalakan sa mga pinagpalang salita na ito. Magalak tayo na ang ating Amang na nasa langit ay nagmamahal sa atin nang labis at dadalhin Niya tayong ligtas pauwi sa langit. Ang espesyal na probidensyal na preserbasyon ng Diyos sa Kanyang mga tao ay papangyarihing sila ay manatili sa kanilang pananampalataya hanggang sa wakas. Ang isang taong tunay na ipinanganak na muli ay makararating sa langit isang araw sapagkat ang Diyos ay laging tumutupad sa Kanyang mga pangako at hindi Siya kailanman nambibigo.

**Pag-iisip:** Minsang naligtas, palaging ligtas. Napakaluwalhating katiyakan!
**Panalangin:** Panginoon, salamat sa iyong dakilang kaligtasan, at sa katiyakan ng "pagtitiyaga ng mga banal".

## MAAARI BANG LABIS ANG MGA KASALANAN KO AT HINDI NA MAPAPATAWAD NG DIYOS?

1 Juan 1:8-10
Isaulo ang 1 Juan 1:9
*"ay matapat at matuwid siya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan."*

---

Isinulat ni Apostol Juan ang 1 Juan nang siya ay matanda na! Bakit Niya isinulat ang Epistola? Sa 1 Juan 1:4 siya ay nagpapaliwanag, "At ang mga bagay na ito ay isinusulat naming sa inyo, upang ang inyong kagalakan nawa ay malubos." Malinaw na ninanais ng Diyos na maging magalakin tayo tulad ng isinulat ni Apostol Pedro, "...galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian"!

Sa berso 8, isinulat niya, "Kung sinasabi nating na tayo ay walang kasalanan, ay nililinlang natin ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin". Walang sinuman ang makapagsabi na wala siyang kasalanan. "Sapagka't ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Mga Taga-Roma 3:23).

Ngunit ang berso 9 ay nagtitiyak at nagbibigay sa atin ng ginhawaha, na "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay matapat at matuwid siya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan" (1 Juan 1:9).

Ang salita ng Diyos ay puno ng katiyakang tulad ng mga ito! Papanatilihin ang mga ito malapit sa iyong puso at makikita mo ang malaking kaginhawahan para sa iyong kaluluwa. Tumingin sa kordero ng Diyos! Tumuon sa Diyos sa halip na sa iyong sarili. Tandaan si David. Tandaan si Pedro. Nakagawa ka ba ng mga kasalanan ng pangangalunya at pagpatay katulad ni David? Lantad mo bang tinanggihan si Hesus tulad ni Pedro? Pinatawad sila ng Diyos. Ang kanyang masaganang awa ay mas mataas pa kaysa sa langit at mas malalim pa kaysa sa karagatan.

Minamahal na mambabasa, magigiba ng Diyos ang bawat tanikala. Ganiyan kamakapangyarihan ang ating Diyos. Hindi lamang Siya maawain sa pagpatawad ng ating mga kasalanan kapag tayo'y totoong nagkumpisal at nagsisi kundi makapangyarihan din siya sa paggiba ng bawat pagkaalipin sa kasalanan. Lumapit kang kaaba-aba sa Kanya at Siya ay makapangyarihang patawarin, linisin at ibalik ka.

**Pag-iisip:** Ang kanyang pag-ibig ay mas malaki kaysa sa ating mga kasalanan!
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong hindi na magkasala; ngunit kapag nagawa ko, tulungan mo akong magkaroon ng malambot na konsiyensya, upang ako ay magsisi at magbalik sa iyo.

## PAANO KO MAPAGLABANAN ANG MGA KASALANANG UMAALIGID?

Mga Hebreo 12:1-2
Isaulo ang Mga Hebreo 12:1
*"...itabi natin ang bawa't pabigat, at ang kasalanan na napakadaling kumukubkob sa atin, at takbuhin natin na may katiyagaan ang takbuhin na nasa ating harapan."*

---

Sa Hebreo 12:1, tinitingnan ni Pablo ang Kristiyanong paglalakbay sa buhay bilang isang paligsahan. Maraming makadiyos at matapang na mga tao ng pananampalataya ang nauna nang umalis sa atin at sila ang ating maluwalhating mga halimbawa ng tagumpay laban sa kasalanan.

Ano ang gagawin mo upang manalo sa isang paligsahan? Itatapon mo ang lahat ng bagay na hindi mo kailangan (itabi natin ang bawa't pabigat) at lalo na ang mga bagay na nagpapabagal sa iyo (ang kasalanan na napakadaling kumukubkob sa atin), upang makatakbo ka nang malaya at manalo sa kompetisyun!

Mayroon ka bang umaaligid na kasalanan? Tayong lahat ay walang katulad sa ating sariling kahinaan at pagpupunyagi, at sa gayon ay nahaharap tayo sa iba't ibang uri ng umaaligid na kasalanan. Ang sa akin ay maaaring katamaran, ang sa iyo ay maaaring pagkamainipin. Ang panganib ay maaaring may napakalaking bahagi nito sa atin at ginagawa natin itong dahilan sa pagsasabing "Ganito talaga ako, ipinanganak ako na ganito, wala na akong magagawa dito". Ngunit kung sasabihin mo ito, ikaw sa katunayan ay lumalapastangan sa Diyos.

Mahal na kaibigan, paano mo haharapin ang umaaligid na mga kasalanan? Tumingin kay Hesus, "na gumawa (tagapagtatag) at sumakdal ng ating pananampalataya". Basahin ang Kanyang mga salita, unawain ang mga ito, at sundin ang mga ito araw-araw, manalangin upang mas lalong makilala Siya at hilingin sa Kanya na tulungan kang lumakad na kasama ang Diyos, at tumubo. Kapag tunay mo nang nakikilala ang Diyos at nagmamahal ka sa Kanya, ang mga kasalanan ay magiging kasuklam-suklam. Ang kompetisyung ito ay nangangailangan ng pagtitiis at disiplina. Makipagbaka tayo ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya, at pagdaka'y matitikman natin ang tagumpay.

**Pag-iisip:** Habang natutuhan kong mahalin ang Diyos nang higit, ang mga makamundong kasalanan ay umuunti at lumiliit din ang pang-akit nito sa akin.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong hindi magkasala nang maluwalhati Ka sa araw-araw.

## PAANO AKO MAMUHAY NG ISANG BANAL NA BUHAY?

Mga Taga-Roma 6:20-23
Isaulo ang Mga Taga-Galacia 5:22-23
*"...ngayong pinalaya na mula sa kasalanan, at naging mga lingkod ng Diyos..."*

---

Umaasa ako na sa ngayon ay sigurado ka na sa iyong kaligtasan, at mayroon ka nang taos-pusong pagnanais na mamuhay ng isang banal na buhay na kaiga-igaya sa Panginoon. Talagang pinagsikapan mo, ngunit may mga pagkakataong natitisod ka pa rin at gumagawa ka pa ng mga bagay na hindi nakalulugod sa Diyos. Huwag kang mag-alala, hindi ka nag-iisa!

Sinasabi sa atin ng talata ngayon na hindi na tayo mga lingkod ng kasalanan, kundi mga lingkod na ngayon ng Diyos; at sa gayon ay dapat na tayong magbunga! Dapat tayong mamuhay ng banal na buhay. Noong hindi pa tayo naligtas, tayo ay 'malaya mula sa katuwiran'. Nangangahulugan ito na walang anumang paraan na makagagawa tayo ng anumang bagay na maituring na matuwid sa harap ng ating banal na Diyos. Lahat ng buhay natin ay nagresulta sa kahiya-hiyang mga bunga na magtatapos sa kamatayan. Gayunpaman, nang tayo ay naligtas, tayo ay napalaya mula sa pagkaalipin ng kasalanan, at ngayon ay may kakayahan nang mamunga ng kabanalan.

Mahal na kaibigan, pagyamanin ang bunga ng Banal na Espiritu. Ito ang mga katangian ng isang ganap na mananampalataya. Sikaping tumubo sa pag-ibig hindi lamang para sa Diyos kundi para sa Kanyang mga tao at maging sa mas malawak na lipunan ng mga di-mananampalataya na mahahatulan sa impiyerno. Danasin ang kagalakan at kapayapaan na pinadadala ng Diyos para sa mga taong nagtitiwala sa Kanya. Kapag ang mga pagkakataon ay di-mabuti, manatili kang kalmado at manalangin. Pagdaka'y mararanasan mo ang Kanyang presensya at ang kapayapaan na humihigit sa lahat ng pang-unawa. Ang iyong mga kaibigan ay tunay na magugulat. Iyan ang paraan upang kuminang para kay Hesus. Tulad nang si Hesus ay nagsagawa ng mabuti, hangaring makagawa ng kahit isang mabuting gawa sa isang araw.

**Pag-iisip:** Ang mamuhay ng isang banal na buhay ay isang makatwirang bagay na dapat gawin!
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong hanapin ang mga bagay na nasa itaas, kung saan si Kristo ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos (Mga Taga-Colosas 3:1).

## ANO ANG KADALISAYAN?

2 Kay Timoteo 2:22
Isaulo ang Mga Taga-Filipos 4:8
*"...mapapalad ang mga dalisay sa puso."*

---

Sa huling sulat ni Pablo bago siya pinatay ng mga Romano, siya ay sumulat kay Timoteo, "Layuan din ang mga pita ng kabataan: datapuwa't piliin ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig ng Diyos, kapayapaan, sa kanila na tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso."

Sa talatang ito, hinimok ni Pablo si Timoteo na:

1. Layuan mo ang masasamang pita ng kabataan (mga pasyon na karaniwan sa mga nakababatang henerasyon - tulad ng kawalan ng pasensya at mga kasalanang sekswal)
2. Sundin (tugisin) ang mga Kristiyanong birtud tulad ng pagkamakatarungan, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan
3. Gawin ang mga ito kasama "na tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso." Ang hinihingi dito ay isang pinabanal, walang mantsa, matimtimang paglilingkod sa Diyos. Sinasabi ng ating Panginoon, "Mapapalad ang mga dalisay sa puso: sapagka't makikita nila ang Diyos". Ang Diyos mismo ay ang ehemplo ng kadalisayan, at makikita (makikilala) lamang natin Siya kung tayo ay may pusong wagas, at mga matang malinis!

Paano tayo magkakaroon ng dalisay na pag-iisip, dalisay na mga kaisipan, na nagluluwalhati sa Diyos? Makinig kay Pablo, "Sa wakas, mga kapatid, anumang mga bagay na totoo, anumang mga bagay na tapat, anumang mga bagay na makatarungan, anumang mga bagay na dalisay, anumang mga bagay na kaibig-ibig, anumang mga bagay na mula sa mabuting ulat; kung may anumang kagalingan, at kung may anumang kapurihan, ay isipin ang mga bagay na ito" (Mga Taga-Filipos 4:8).

Mahal na kaibigan, bantayan ang iyong buhay pag-iisip. Itinuro ni Pablo sa Filipos 4: 8 na ang buhay pag-iisip ng isang Kristiyano ay dapat na nakatuon sa mga dakilang katotohanan ng Kasulatan. Ang mga dalisay na pag-iisip ay nagmumula sa pag-iisip ng mga bagay na totoo at ang lahat ng salita ng Diyos ay katotohanan. Ang magiging bunga ay isang buhay na dalisay at mabuti.

**Pag-iisip:** Hindi tayo dapat kumumporme sa mundong ito.
**Panalangin:** Panginoon, tulungan mo akong maibabad ang aking sarili nang lubusan sa iyong pagmamahal upang maging lagi akong dalisay, at sa gayon ay maluluwalhati ko ang Iyong pangalan sa araw-araw.

# The RPG Ministry

*The Read Pray and Grow Daily Devotional Booklets*
*A Literature Ministry of Calvary Pandan B-P Church*

---

Translated into Tagalog by
Missions Bible Center - Philippines,
a ministry of
Filipino Bible Fellowship (*Fil*BF) -
True Life Bible-Presbyterian Church

*Fil*BF meets at 3 pm every Sunday in Goldhill Plaza, #03-35
For enquiry, please contact us at +65 8185 3623
or visit our website at:
www.truelifebpc.org.sg/fellowship_groups/filipino_bible_fellowship




When seminaries and Bible colleges everywhere capitulate to the apostasy of the end times, Far Eastern Bible College stands stedfast, unmovable, securely fastened on the Rock, even our Lord Jesus Christ, and His holy, inspired, infallible, inerrant, and perfectly preserved Word.

FEBC stands for the "old-time Gospel," "the faith which was once delivered unto the saints," in opposition to the floods of Satanic doctrines now sweeping over the Church: liberalism, modernism, neo-evangelicalism, charismatism, ecumenism, Romanism, and New Age mysticism, etc.

**Can't come to FEBC? Then let FEBC come to you! Study towards a Certificate of Religious Knowledge wherever you are. Earn your CertRK online! Courses start in January and July every year. Visit the college website for more information.**

*For sound Biblical instruction, Protestant and Reformed scholarship, come to*

## FAR EASTERN BIBLE COLLEGE

9A Gilstead Road, Singapore 309063
E-mail: febc@febc.edu.sg
Website: http://www.febc.edu.sg